**Mga Balangkas ng mga Mensahe**
**para sa International Chinese-speaking Conference**
**Pebrero 13-15, 2026**

**PANGKALAHATANG PAKSA:**
**SINA NOE, DANIEL, AT JOB—MGA TULARAN NG PAMUMUHAY NG ISANG NANANAIG NA BUHAY SA LINYA NG BUHAY UPANG TUPARIN ANG EKONOMIYA NG DIYOS**

Mensahe Isa

# Pamumuhay at Paggawa ayon sa Pangitain ng Kapanahunan upang Baguhin ang Kapanahunan

Babasahin sa Kasulatan: Ezek. 14:14, 20; Gen. 6:8; Mat. 24:37-39; Dan. 2:34-35; Job 42:5-6

**Ezek. 14:14** Bagaman ang tatlong lalaking ito, sina Noe, Daniel at Job ay naroon, ang kanila lamang ililigtas ay ang kanilang sariling mga [kaluluwa] sa pamamagitan ng kanilang katuwiran, sabi ng Panginoong [Jehovah].

**Ezek. 14:20** Bagaman sina Noe, Daniel, at Job ay naroon, habang buháy ako, sabi ng Panginoong [Jehovah], hindi nila maililigtas ang mga anak na lalaki o babae man; ang kanila lamang ililigtas ay ang kanilang sariling [kaluluwa] sa pamamagitan ng kanilang katuwiran.

**Gen. 6:8** Subalit si Noe ay nakatagpo ng biyaya sa paningin [ni Jehovah].

**Mat. 24:37-39** Sapagkat katulad ng mga araw ni Noe, magiging gayon din ang pagdating ng Anak ng Tao.
38Sapagkat gaya nila sa mga araw na iyon bago ang baha, na kumakain at umiinom, nag-aasawa at pinag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa arka, 39At hindi nila nalalaman na paparating ang paghahatol hanggang sa dumating ang baha at tinangay lahat, magiging gayundin ang pagdating ng Anak ng Tao.

**Dan. 2:34-35** Patuloy kang tumitingin hanggang sa may natibag na isang bato, hindi sa pamamagitan ng mga kamay, at ito'y tumama sa [imahen] sa mga paa nitong bakal at luwad, at dinurog ang mga ito. 35Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkadurug-durog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa [imahen] ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa.

**Job 42:5-6** Narinig Kita sa pakikinig ng tainga, ngunit ngayo'y nakikita Ka ng aking mata, 6Kaya't ako'y namumuhi sa sarili ko, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo.

**I. Sina Noe, Daniel, at Job ay mga tularan na naghahayag kung paano tayo makapamumuhay ng nananaig na buhay sa linya ng buhay upang tuparin ang ekonomiya ng Diyos; ito ay ang mamuhay at gumawa ayon sa pangitain ng kapanahunan upang baguhin ang kapanahunan—Ezek. 14:14, 20; Gen. 2:9; Apoc. 2:7; 22:1-2; Mat. 24:37-39, 45-51; Dan. 2:34-35; Gawa 26:19; 2 Tim. 4:8.**

**Gen. 2:9** At pinatubo [ni Jehovah na Diyos] sa lupa ang lahat ng [puno] na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang [puno] ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang [puno] ng [kaalaman] ng mabuti at masama.

**Apoc. 2:7** Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

**Apoc. 22:1-2** At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. 2At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.

**Mat. 24:37-39** Sapagkat katulad ng mga araw ni Noe, magiging gayon din ang pagdating ng Anak ng Tao.
38Sapagkat gaya nila sa mga araw na iyon bago ang baha, na kumakain at umiinom, nag-aasawa at pinag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa arka, 39At hindi nila nalalaman na paparating ang paghahatol hanggang sa dumating ang baha at tinangay lahat, magiging gayundin ang pagdating ng Anak ng Tao.

**Mat. 24:45-51** Sino nga ba ang tapat at may maingat na katalinuhang alipin, na itinalaga ng panginoon sa kanyang sambahayan upang magbigay sa kanila ng pagkain sa tamang panahon? [46]Pinagpala ang aliping iyon na sa pagdating ng kanyang panginoon ay masusumpungan siyang gayon ang ginagawa. [47]Katotohanang sinasabi Ko sa inyo na siya ay pamamahalain niya sa lahat ng kanyang ari-arian. [48]Subalit kung sasabihin ng masamang aliping iyon sa kanyang puso, Maaantala ang aking panginoon, [49]At magsisimulang bugbugin ang kanyang mga kapwa alipin at kakain at iinom kasama ng mga lasing, [50]Ang panginoon ng aliping iyon ay darating sa araw na hindi niya siya inaasahan at sa oras na hindi niya nalalaman, [51]At ihihiwalay siya at itatalaga ang kanyang bahagi kasama ng mga mapagkunwari. Sa lugar na iyon ay magkakaroon ng pagtangis at ng pagngangalit ng mga ngipin.

**Dan. 2:34-35** Patuloy kang tumitingin hanggang sa may natibag na isang bato, hindi sa pamamagitan ng mga kamay, at ito'y tumama sa [imahen] sa mga paa nitong bakal at luwad, at dinurog ang mga ito. [35]Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkadurug-durog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa [imahen] ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa.

**Gawa 26:19** Kaya, Haring Agrippa, hindi ako naging suwail sa makalangit na pangitain,

**2 Tim. 4:8** Kaya't mula ngayon ay nakalaan sa akin ang putong ng katuwiran, na ang Panginoon, ang matuwid na Hukom, iyon ay ibibigay bilang ganti sa akin sa araw na iyon, at hindi lamang sa akin bagkus sa lahat din ng mga umiibig sa Kanyang pagpapakita.

II. **Inihahayag ng mga buhay nina Noe, Daniel, at Job ang Tres-unong Diyos na namamahagi ng Kanyang sarili, nagsasagawa ng Kanyang sarili, tungo sa Kanyang pinili at tinubos na bayan upang tuparin ang Kanyang walang hanggang ekonomiya; ang buong Biblia ay isinulat ayon sa namamahalang prinsipyo ng Tres-unong Diyos na namamahagi ng Kanyang sarili tungo sa atin upang ating maranasan Siya, matamasa Siya, at mahayag Siya para sa katuparan ng Kanyang dibinong ekonomiya—cf. 1 Tim. 1:3-4; Efe. 3:2; 1 Ped. 4:10; Awit 36:8-9; 2 Cor. 13:14; Efe. 3:16-19:**

**cf. 1 Tim. 1:3-4** Kung paanong hinikayat kita, nang ako ay papuntang Macedonia, na manatili sa Efeso upang maatasan mo ang ilan na huwag magturo ng mga naiibang bagay [4]Ni magbigay-pansin sa mga mito at walang katapusang talaangkanan, na nagbubunga ng mga pagtatanong sa halip na sa ekonomiya ng Diyos, na nasa pananampalataya.

**Efe. 3:2** Kung tunay na inyong narinig ang pagkakatiwala ng biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin para sa inyo,

**1 Ped. 4:10** Ang bawat isa, ayon sa tinanggap niyang kaloob, ay maghain nito sa isa't isa bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos.

**Awit 36:8-9** Sila'y nagpapakabusog sa kasaganaan ng Iyong bahay; at binibigyan Mo sila ng inumin mula sa ilog ng Iyong kasiyahan. [9]Sapagkat nasa Iyo ang bukal ng buhay; sa Iyong [liwanag] nakakakita kami ng liwanag.

**2 Cor. 13:14** Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo at ang pag-ibig ng Diyos at ang salamuha ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

**Efe. 3:16-19** Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, [17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, [18]Ay mapalakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang at haba at taas at lalim [19]At makilala ang humihigit sa kaalaman na pag-ibig ni Kristo.

A. Makikita natin kay Noe ang Diyos Ama sa Kanyang katapatan na ingatan ang Kanyang walang hanggang tipan (isinasagisag ng bahaghari), na siyang Kanyang walang hanggang ekonomiya na ipamahagi ang nagpapaloob ng lahat na Kristo tungo sa Kanyang piniling bayan bilang katuwiran, kabanalan, at kaluwalhatian upang gawin silang matalinong pagtatanghal ng lahat ng kung ano si Kristo—Gen. 3:24; 9:8-17; Ezek. 1:26-28; 36:22-38; Mat. 26:28; Heb. 8:8-12; 1 Cor. 1:9, 24-30; 2:9-10; Efe. 2:10; 5:25-27; Apoc. 4:3; 21:18-20.

**Gen. 3:24** At Kanyang itinaboy ang lalaki; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga
kerubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang bantayan ang daang patungo sa [puno]
ng buhay.
**Gen. 9:8-17** At nagsalita ang Diyos kay Noe at sa mga anak na kasama niya, na sinasabi, 9“Narito, Aking
itinatatag ang [Aking] tipan sa inyo, at sa inyong mga anak na susunod sa inyo; 10At sa bawat nilikhang
may buhay na kasama ninyo, ang mga ibon, ang maamong hayop at bawat mailap na hayop sa lupa na
kasama ninyo, sa lahat ng lumabas sa daong, sa bawat hayop sa lupa. 11Aking pinagtitibay ang Aking
tipan sa inyo; hindi Ko na lilipulin ang lahat ng tao sa pamamagitan ng tubig ng baha at hindi na
magkakaroon pa ng bahang magwawasak ng lupa.” 12Sinabi ng Diyos, “Ito ang tanda ng tipang gagawin
Ko sa inyo, at sa bawat nilalang na may buhay na kasama ninyo sa buong panahon. 13Inilagay Ko ang
Aking bahaghari sa ulap, at ito ay magiging tanda ng tipan Ko at ng lupa. 14At kapag tinipon Ko ang mga
ulap sa ibabaw ng lupa, ang bahaghari ay makikita sa ulap. 15Aalalahanin Ko ang Aking tipan sa inyo, at
sa bawat nilalang na may buhay; at ang tubig ay hindi na magiging bahang lilipol ng lahat ng nabubuhay.
16Kapag ang bahaghari ay nasa ulap, ito ay Aking makikita at maaalala ang walang hanggang tipan sa
pagitan ng Diyos at ng bawat nilalang na may buhay na nasa ibabaw ng lupa.” 17Sinabi ng Diyos kay
Noe, “Ito ang tanda ng tipan na Aking itinatag sa lahat ng nabubuhay na nasa ibabaw ng lupa.”
**Ezek. 1:26-28** Sa itaas ng kalawakan na nasa itaas ng kanilang mga ulo ay may kawangis ng isang trono
na parang anyo ng batong zafiro. Sa ibabaw ng kawangis ng trono ay may [Isa na] kawangis ng isang
tao na nakaupo sa itaas niyon. 27At nakita ko sa anyo ng Kanyang balakang at paitaas ang isang bagay
na tulad ng [elektrum] na kung pagmasdan ay gaya ng apoy sa palibot nito, at mula sa anyo ng Kanyang
balakang at paibaba ay nakita ko ang gaya ng apoy na may ningning sa palibot niya. 28Gaya ng anyo ng
bahaghari na nasa ulap sa araw na maulan, gayon ang anyo ng kinang sa palibot. Gayon ang anyo ng
katulad ng kaluwalhatian [ni Jehovah]. Nang iyon ay aking makita, ako'y nasubasob at aking narinig
ang tinig ng isang nagsasalita.
**Ezek. 36:22-38** Kaya't sabihin mo sa sambahayan ni Israel, Ganito ang sabi ng Panginoong [Jehovah]:
Hindi ito alang-alang sa inyo, O sambahayan ni Israel, na malapit na Akong kumilos, kundi alang-alang
sa Aking banal na pangalan na inyong nilapastangan sa mga bansa na inyong pinuntahan. 23Aking
[pababanalin] ang Aking dakilang pangalan na nilapastangan sa mga bansa, na inyong nilapastangan
sa gitna nila. Malalaman ng mga bansa na ako [si Jehovah], sabi ng Panginoong [Jehovah], kapag sa
pamamagitan ninyo ay [pinabanal] ang aking kabanalan sa harap ng kanilang mga mata. 24Sapagkat
Aking kukunin kayo sa mga bansa, at titipunin Ko kayo mula sa lahat ng lupain, at dadalhin Ko kayo sa
inyong sariling lupain. 25Ako'y magwiwisik ng malinis na tubig sa inyo; kayo'y magiging malinis sa lahat
ninyong karumihan, at lilinisin ko kayo sa lahat ninyong mga diyos-diyosan. 26Bibigyan Ko kayo ng
bagong puso, at lalagyan Ko kayo ng bagong espiritu sa loob ninyo. Aking aalisin ang batong puso sa
inyong laman, at Aking bibigyan kayo ng pusong laman. 27Aking ilalagay ang Aking Espiritu sa loob
ninyo, at palalakarin Ko kayo nang ayon sa Aking mga tuntunin, at magiging maingat kayo sa pagsunod
sa Aking mga [ordinansa]. 28Kayo'y maninirahan sa lupaing ibinigay Ko sa inyong mga ninuno. Kayo'y
magiging Aking bayan at Ako'y magiging inyong Diyos. 29Lilinisin Ko kayo sa lahat ninyong karumihan.
Aking patutubuin ang trigo at aking pararamihin, at hindi na Ako magpaparating ng taggutom sa inyo.
30Aking pararamihin ang bunga ng punungkahoy at ang ani sa bukid, upang hindi na kayo muling
magdanas ng kahihiyan ng taggutom sa mga bansa. 31Kung magkagayo'y inyong maaalala ang inyong
masasamang lakad, at ang inyong mga gawa na hindi mabuti. Kayo'y masusuklam sa inyong sarili dahil
sa inyong mga [inikidad] at mga karumaldumal na gawa. 32Hindi alang-alang sa inyo na Ako'y kikilos,
sabi ng Panginoong [Jehovah]; alamin ninyo iyon. Kayo'y mahiya at malito dahil sa inyong mga lakad,
O sambahayan ni Israel. 33“Ganito ang sabi ng Panginoong [Jehovah]: Sa araw na aking linisin kayo sa
lahat ninyong [inikidad], aking patitirahan ang mga bayan, at ang mga gibang dako ay muling matatayo.
34Ang lupain na naging sira ay mabubungkal, sa halip na sira sa paningin ng lahat ng nagdaraan. 35At
kanilang sasabihin, ‘Ang lupaing ito na naging sira ay naging gaya ng halamanan ng Eden; at ang sira,
giba at wasak na mga bayan ay tinatahanan na ngayon at may pader.’ 36Kung magkagayo'y malalaman
ng mga bansa na nalabi sa palibot ninyo na Akong [si Jehovah] ay nagtayo ng mga guhong dako, at

tinamnan Ko ang dakong sira; Akong [si Jehovah] ang nagsalita, at Aking gagawin. [37]Ganito ang sabi ng Panginoong [Jehovah]: Bukod pa dito'y hahayaan ko ang sambahayan ni Israel na humiling sa Akin upang gawin ito sa kanila: paramihin ang kanilang mga tao na parang kawan. [38]Tulad ng kawan para sa [paghahain], tulad ng kawan ng Herusalem sa kanilang mga takdang kapistahan, gayon mapupuno ang mga gibang bayan ng mga kawan ng mga tao. At kanilang malalaman na ako [si Jehovah]."

**Mat. 26:28** Sapagkat ito ang Aking dugo ng tipan, na ibinubuhos para sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan.

**Heb. 8:8-12** Sapagkat sa pagkakita ng kapintasan sa kanila ay sinabi Niya, "Narito, darating ang mga araw, sabi ng Panginoon, at tutuparin Ko ang isang bagong tipan sa sambahayan ng Israel at sa sambahayan ng Judah, [9]Hindi ayon sa tipang Aking ginawa sa kanilang mga magulang nang araw na hinawakan Ko sila sa kanilang kamay upang ilabas sila sa lupain ng Ehipto, sapagkat hindi sila nagpatuloy sa Aking tipan, at ipinagwalang-bahala Ko sila, sabi ng Panginoon. [10]Sapagkat ito ang tipang ipakikipagtipan Ko sa sambahayan ng Israel pagkatapos ng mga araw na iyon, sabi ng Panginoon: Ipamamahagi Ko ang Aking mga kautusan sa kanilang kaisipan, at sa kanilang mga puso ay isusulat Ko ang mga iyon; at Ako ay magiging Diyos sa kanila, at sila ay magiging isang bayan sa Akin. [11]At hinding-hindi tuturuan ng bawat isa ang kanyang kababayan at ng bawat isa ang kanyang kapatid, na nagsasabi, Kilalanin mo ang Panginoon; sapagkat makikilala Ako ng lahat mula sa maliit hanggang sa dakila sa kanila. [12]Sapagkat Ako ay magiging mapagpalubag-loob sa kanilang mga kalikuan, at ang kanilang mga kasalanan ay hinding-hindi Ko na aalalahanin pa."

**1 Cor. 1:9** Ang Diyos ay tapat, na sa pamamagitan Niya ay tinawag kayo tungo sa salamuha ng Kanyang Anak, si Hesu- Kristo na ating Panginoon.

**1 Cor. 1:24-30** Ngunit sa kanila na mga tinawag, kapwa sa mga Hudyo at mga Griyego, si Kristo ang kapangyarihan ng Diyos at ang karunungan ng Diyos. [25]Sapagkat ang kamangmangan ng Diyos ay mas marunong kaysa sa mga tao, at ang kahinaan ng Diyos ay mas malakas kaysa sa mga tao. [26]Sapagkat isaalang-alang ninyo ang inyong pagkatawag, mga kapatid, na hindi marami ang marurunong ayon sa laman, hindi marami ang makapangyarihan, hindi marami ang isinilang na marangal. [27]Kundi pinili ng Diyos ang mga mangmang na bagay ng sanlibutan upang maipahiya Niya yaong marurunong, at pinili ng Diyos ang mahihinang bagay ng sanlibutan upang maipahiya Niya ang mga bagay na malalakas, [28]At ang mabababang bagay ng sanlibutan at ang mga hamak na bagay ay pinili ng Diyos, mga bagay na walang halaga, upang bmapawalang-saysay Niya ang mga bagay na mahalaga, [29]Upang walang laman na makapagmapuri sa harap ng Diyos. [30]Subalit sa Kanya, kayo ay na kay Kristo Hesus, na naging karunungan sa atin mula sa Diyos: kapwa katuwiran at pagpapabanal at katubusan.

**1 Cor. 2:9-10** Subalit gaya ng nasusulat, "Ang mga bagay na hindi nakikita ng mata at hindi naririnig ng tainga at yaong hindi pumapasok sa puso ng tao; mga bagay na inihanda ng Diyos para sa mga umiibig sa Kanya." [10]Ngunit sa atin ay inihayag ng Diyos ang mga ito sa pamamagitan ng Espiritu, sapagkat sinisiyasat ng Espiritu ang lahat ng bagay, maging ang mga kalaliman ng Diyos.

**Efe. 2:10** Sapagkat tayo ang Kanyang obra-maestra, nilikha sa loob ni Kristo Hesus para sa mabubuting gawa, na inihanda ng Diyos noong una pa upang ating lakaran.

**Efe. 5:25-27** Mga asawang lalaki, ibigin ninyo ang inyong asawang babae kung paanong inibig din ni Kristo ang ekklesia at ibinigay ang Kanyang sarili para sa kanya [26]Upang Kanyang mapabanal siya, nililinis siya sa pamamagitan ng paghuhugas ng tubig na nasa salita, [27]Upang maiharap Niya ang ekklesia sa Kanyang sarili na maluwalhati, na walang dungis o kulubot o anumang mga gayong bagay, kundi yaong siya ay maging banal at walang kapintasan.

**Apoc. 4:3** At Siya na nakaupo ay tulad sa anyo ng isang batong jaspe at sardio, at sa palibot ng trono ay may bahagharing tulad sa anyo ng isang esmeralda.

**Apoc. 21:18-20** At ang pader nito ay gawa sa jaspe; at ang lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin. [19]Ang mga pundasyon ng pader ng lunsod ay nagagayakan ng bawat isang mahalagang bato: ang unang pundasyon ay jaspe; ang ikalawa ay zafiro; ang ikatlo ay calcedonia; ang ikaapat ay esmeralda; [20]Ang ikalima ay sardonica; ang ikaanim ay sardio; ang ikapito ay crisolito; ang ikawalo ay

berilo; ang ikasiyam ay topacio; ang ikasampu ay crisopasio; ang ikalabing-isa ay jacinto; ang ikalabindalawa ay amatista.

B. Makikita natin kay Daniel na si Kristo na Anak ay ang sentralidad at unibersalidad ng pagkilos ng Diyos at na ang gol ng walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay ang magkaroon ng sama-samang Kristo, si Kristo kasama ang Kanyang mga mandaraig, bilang dumudurog na bato upang maging Kanyang pampanahunang instrumento upang tapusin ang kapanahunang ito at maging isang malaking bundok na pupunô sa buong lupa, ginagawang kaharian ng Diyos ang buong lupa—Dan. 2:31-45; 7:13-14; 10:4-9; Joel 3:11; Apoc. 12:1-2, 5, 11; 19:7-21.

**Dan. 2:31-45** "Ikaw ay nakamasid, O hari, at nakakita ka ng isang malaking [imahen]. Ang [imaheng]
ito, makapangyarihan at lubhang makinang, ay tumayo sa harapan mo, at ang anyo nito'y kakilakilabot.
32Ang ulo ng [imaheng] ito ay dalisay na ginto; ang dibdib at mga bisig nito ay pilak, ang tiyan at mga
hita nito ay tanso. 33Ang mga binti nito ay bakal, ang mga paa nito ay may bahaging bakal at may
bahaging luwad. 34Patuloy kang tumitingin hanggang sa may natibag na isang bato, hindi sa
pamamagitan ng mga kamay, at ito'y tumama sa [imahen] sa mga paa nitong bakal at luwad, at dinurog
ang mga ito. 35Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay
nagkadurug-durog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng
hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa
[malaking] ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa. 36"Ito ang panaginip; ngayo'y aming
sasabihin sa hari ang kahulugan nito. 37Ikaw, O hari, ay hari ng mga hari, na binigyan ng Diyos sa
[kalangitan] ng [pagkahari], kapangyarihan, kalakasan, at ng kaluwalhatian; 38At saanman naninirahan
ang mga anak ng mga tao, o ang mga hayop sa parang, o ang mga ibon sa himpapawid ay ibinigay Niya
ang mga ito sa iyong kamay, at pinamuno ka sa kanilang lahat. Ikaw ang ulong ginto. 39Pagkatapos mo
ay babangon ang ibang kaharian na mas mababa kaysa iyo; at mayroon pang ikatlong kahariang tanso
na mamumuno sa buong lupa. 40At magkakaroon ng ikaapat na kaharian, kasintibay ng bakal, sapagkat
ang bakal ay nakakadurog at nakakawasak ng lahat ng bagay; at gaya ng bakal na nakakadurog,
kanyang dudurugin at babasagin ang lahat ng ito. 41Kung paanong iyong nakita na ang mga paa at mga
daliri ay may bahaging luwad ng magpapalayok at may bahaging bakal, ito ay magiging kahariang hati;
ngunit ang pagiging matigas ng bakal ay tataglayin nito, yamang iyong nakita na ang bakal ay nakahalo
sa luwad. 42Kung paanong ang mga daliri ng paa ay bakal ang isang bahagi at ang isang bahagi ay luwad,
ang kaharian ay may bahaging matibay at may bahaging marupok. 43Kung paanong iyong nakita na ang
bakal ay nahahaluan ng luwad, pagsasamahin nila ang kanilang mga sarili sa binhi ng mga tao, ngunit
hindi sila magkakahalo, kung paanong ang bakal ay hindi humahalo sa luwad. 44At sa mga araw ng mga
haring iyon ang Diyos sa [kalangitan] ay magtatatag ng isang kaharian na hindi magigiba kailanman, o
ang kapangyarihan man nito'y iiwan sa ibang bayan. Dudurugin nito at wawakasan ang lahat ng mga
kahariang iyon, at ito'y mananatili magpakailanman. 45Kung paanong iyong nakita na ang isang bato ay
natibag mula sa bundok, hindi sa pamamagitan ng kamay at dinurog ang mga bakal, ang tanso, ang
luwad, ang pilak, at ang ginto, ipinaalam ng dakilang Diyos sa hari kung ano ang mangyayari sa
hinaharap. Ang panaginip ay totoo at ang kahulugan nito'y mapagkakatiwalaan."

**Dan. 7:13-14** Patuloy akong nakakita sa pangitain sa gabi, at narito, ang Isang gaya ng Anak ng Tao na
dumarating kasama ng mga ulap. At siya'y lumapit sa Matanda sa mga Araw, at iniharap [Siya] sa Kanya.
14Binigyan Siya ng [kapamahalaan], kaluwalhatian, at kaharian, upang ang lahat ng bayan, bansa, at
wika ay maglingkod sa Kanya. Ang Kanyang [kapamahalaan] ay walang hanggang [kapamahalaan] na
hindi lilipas, at ang Kanyang kaharian ay hindi mawawasak.

**Dan. 10:4-9** Nang ikadalawampu't apat na araw ng unang buwan, habang ako'y nasa pampang ng
malaking ilog na Hiddekel 5Aking itiningin ang aking paningin at tumanaw, at nakita ko ang isang lalaki
na may suot ng telang lino, na ang mga balakang ay binigkisan ng ginto ng Ufaz. 6Ang Kanyang katawan
ay gaya ng berilo, ang Kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang Kanyang mga mata ay gaya ng
nagliliyab na sulo, ang Kanyang mga [bisig] at mga paa ay gaya ng kislap ng pinakintab na tanso, at ang
tunog ng Kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao. 7Akong si Daniel lamang ang
nakakita sa pangitaing iyon; hindi nakita ng mga lalaking kasama ko ang pangitain, gayunma'y

dumating sa kanila ang isang matinding takot, at sila'y tumakas upang magkubli. [8]Kaya't iniwan akong nag-iisa, at nakita ko ang dakilang pangitaing ito. Walang lakas na naiwan sa akin, at ang aking kulay ay namutlang parang patay at walang nanatiling lakas sa akin. [9]Ngunit narinig ko ang tunog ng Kanyang mga salita; at nang aking marinig ang tunog ng Kanyang mga salita, ang mukha ko'y napasubasob sa lupa sa isang mahimbing na pagkakatulog.

**Joel 3:11** Magmadali kayo, at magsiparito kayong lahat ng bansa sa palibot, Magtipon-tipon kayo roon. Ibaba mo ang iyong mga malalakas, O [Jehovah].

**Apoc. 12:1-2** At isang dakilang tanda ang nakita sa langit: isang babae na nadaramtan ng araw, at ang buwan ay nasa ilalim ng kanyang mga paa, at sa kanyang ulo ay may isang koronang labindalawang bituin; [2]At siya ay nagdadalang-tao, at siya ay sumigaw, na nagdaramdam sa panganganak at naghihirap manganak.

**Apoc. 12:5** At siya ay nanganak ng isang anak na lalaki, isang lalaking-anak, na siyang magpapastol sa lahat ng bansa sa pamamagitan ng pamalong bakal; at ang kanyang anak ay inagaw paitaas sa Diyos at sa Kanyang trono.

**Apoc. 12:11** At kanilang dinaig siya dahil sa dugo ng Kordero at dahil sa salita ng kanilang patotoo, at hindi nila inibig ang kanilang pangkaluluwang buhay maging hanggang sa kamatayan.

**Apoc. 19:7-21** Magalak tayo at magsayang mainam, at ibigay natin sa Kanya ang kaluwalhatian, sapagkat dumating na ang kasal ng Kordero, at ang Kanyang asawa ay naghanda na ng kanyang sarili. [8]At ipinagkaloob sa kanya na madamtan siya ng pinong lino, maningning at malinis; sapagkat ang pinong lino ay ang mga katuwiran ng mga banal. [9]At sinabi niya sa akin, Isulat mo, Pinagpala ang mga inanyayahan sa pangkasalang hapunan ng Kordero. At sinabi niya sa akin, Ang mga ito ang tunay na salita ng Diyos. [10]At nagpatirapa ako sa kanyang paanan upang sambahin siya. At sinabi niya sa akin, Huwag mong gawin iyan. Ako ay kapwa mo alipin at kapwa alipin ng iyong mga kapatid na may patotoo ni Hesus. Sumamba ka sa Diyos. Sapagkat ang patotoo ni Hesus ay ang espiritu ng propesiya. [11]At nakita kong nabuksan ang langit, at narito, ang isang puting kabayo, at Siya na nakasakay roon ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran ay humahatol Siya at nakikipagdigma. [12]At ang Kanyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa Kanyang ulo ay maraming diadema, at Siya ay may pangalang nakasulat na walang sinuman ang nakaaalam kundi Siya Mismo. [13]At nadaramtan Siya ng damit na inilubog sa dugo; at ang Kanyang pangalan ay tinatawag na ang Salita ng Diyos. [14]At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa Kanya na mga nakasakay sa mga puting kabayo, nadaramtan ng pinong lino, maputi at malinis. [15]At lumalabas mula sa Kanyang bibig ang isang matalas na tabak, upang sa pamamagitan nito ay masaktan Niya ang mga bansa; at Kanyang papastulin sila ng pamalong bakal; at tinatapakan Niya ang pisaan ng ubas ng matinding galit ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. [16]At Siya ay may pangalang nakasulat sa Kanyang damit at sa Kanyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON. [17]At nakita ko ang isang anghel na nakatayo sa araw, at sumigaw siya nang may malakas na tinig, na nagsasabi sa lahat ng ibong lumilipad sa gitna ng langit, Halikayo; magtipon kayo sa malaking hapunan ng Diyos, [18]Upang makain ninyo ang laman ng mga hari at ang laman ng mga heneral at ang laman ng malalakas na tao at ang laman ng mga kabayo at ng mga nakasakay rito at ang laman ng lahat ng tao, kapwa malaya at alipin at maliliit at malalaki. [19]At nakita ko ang halimaw at ang mga hari sa lupa at ang kanilang mga hukbo na nagtipon upang makipagdigma sa Kanya na nakasakay sa kabayo at sa Kanyang hukbo. [20]At hinuli ang halimaw, at kasama niya ang huwad na propeta, na gumawa ng mga tanda sa harap niya na siyang ipinanlinlang sa mga tumanggap ng marka ng halimaw at sa mga sumamba sa kanyang imahen. Ang dalawang ito ay inihagis nang buháy sa dagat-dagatang apoy, na nagliliyab sa asupre. [21]At ang natitira ay pinatay sa pamamagitan ng tabak na lumalabas sa bibig Niya na nakasakay sa kabayo, at ang lahat ng ibon ay nabusog sa mga laman nila.

C. Makikita natin kay Job ang Diyos Espiritu na nagdadala sa Kanyang mga mangingibig sa proseso ng transpormasyon sa pamamagitan ng pagpapabago ng Espiritu Santo sa kanilang pagkakita sa Diyos upang matamo ang Diyos at matransporma ng Diyos upang maisagawa ang kung ano ang nasa puso ng Diyos sa pamamagitan ng pagiging Diyos sa buhay, sa kalikasan, at sa anyo subalit hindi sa pagka-Diyos

para sa pansama-samang kahayagan ng Diyos, ang kaluwalhatian ng Diyos—Job 10:13; 42:5-6; Efe. 3:9; Mat. 5:8; 2 Cor. 3:16-18; Tito 3:5; 1 Cor. 10:31; Efe. 3:20-21; Apoc. 21:10-11.

**Job 10:13** Gayunma'y ang mga bagay na ito ay Iyong ikinubli sa Iyong puso; alam ko na ito ang layunin Mo.

**Job 42:5-6** Narinig Kita sa pakikinig ng tainga, ngunit ngayo'y nakikita Ka ng aking mata, [6]Kaya't ako'y namumuhi sa sarili ko, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo.

**Efe. 3:9** At maliwanagan ang lahat upang kanilang makita kung ano ang ekonomiya ng hiwaga, na sa buong kapanahunan ay nakukubli sa loob ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay

**Mat. 5:8** Pinagpala ang mga dalisay sa puso, sapagkat makikita nila ang Diyos.

**2 Cor. 3:16-18** Kaya nga hindi kami pinanghihinaan ng loob; bagama't ang aming panlabas na tao ay nabubulok, ang aming panloob na tao naman ay napapababago sa araw-araw. [17]Sapagkat ang aming panandaliang kagaanan ng paghihirap ay gumagawa para sa amin, higit at higit pa, ng isang walang hanggang bigat ng kaluwalhatian, [18]Sapagkat hindi namin isinasaalang-alang ang mga bagay na nakikita kundi ang mga bagay na hindi nakikita; sapagkat ang mga bagay na nakikita ay pansamantala, ngunit ang mga bagay na hindi nakikita ay walang hanggan.

**Tito 3:5** Hindi sa pamamagitan ng mga gawa sa katuwiran na ating nagawa kundi ayon sa Kanyang kaawaan ay iniligtas Niya tayo, sa pamamagitan ng paghuhugas ng pagsisilang na muli at ng pagpapabago ng Espiritu Santo.

**1 Cor. 10:31** Kaya kumakain man kayo o umiinom, o anuman ang inyong ginagawa, gawin ninyo ang lahat sa ikaluluwalhati ng Diyos.

**Efe. 3:20-21** Subalit sa Kanya na may kakayahang gumawa nang lubhang sagana nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa loob natin, [21]Suma-Kanya nawa ang kaluwalhatian sa ekklesia at kay Kristo Hesus sa lahat ng henerasyon magpakailan pa man. Amen.

**Apoc. 21:10-11** At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, [11]Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.

**III. "Subalit si Noe ay nakasumpong ng biyaya sa paningin ni Jehovah"—Gen. 6:8:**

**Gen. 6:8** Subalit si Noe ay nakatagpo ng biyaya sa paningin [ni Jehovah].

A. Inihahayag ng buhay at gawa ni Noe kung gaano kalaki ang magagawa ng biyaya para sa mga natisod na tao; ang biyaya ay ang kahanga-hangang Kristo bilang ating tagapagpasan ng kabigatan, ginagawa ang lahat ng bagay alang-alang sa atin para sa ating katamasahan—bb. 1-14; Mat. 24:37-39; 2 Cor. 12:7-9:

**Gen. 6:1-14** Nagsimulang dumami ang mga tao sa balat ng lupa at nagkaanak sila ng mga babae. [2]Nakita ng mga anak ng Diyos na magaganda ang mga anak na babae ng mga tao. At sila'y kumuha ng kani-kanilang mga asawa mula sa lahat ng kanilang pinili. [3]At sinabi [ni Jehovah], "Ang Aking Espiritu ay hindi laging mananatili sa tao, sapagkat siya'y laman. Subalit ang kanyang mga araw ay magiging isandaan at dalawampung taon." [4]Ang mga [Nefilim] ay nasa lupa nang mga araw na iyon, at kahit pagkatapos noon. Sila ang naging anak nang makipagtalik ang mga anak ng Diyos sa mga anak na babae ng tao. Ang mga ito ang naging makapangyarihan nang unang panahon, mga bantog na mandirigma. [5]Nakita [ni Jehovah] na napakasama na ng tao sa lupa, at ang bawat haka ng mga pag-iisip ng kanyang puso ay palagi na lamang masama. [6][Nagsisi si Jehovah] na Kanyang nilalang ang tao sa lupa at nalumbay ang Kanyang puso. [7]Kaya't sinabi [ni Jehovah], "Lilipulin Ko ang tao na Aking nilalang sa ibabaw ng lupa—ang tao, hayop, ang mga gumagapang, at ang mga ibon sa himpapawid, sapagkat Ako'y [nagsisisi] na nilalang Ko sila." [8]Subalit si Noe ay nakatagpo ng biyaya sa paningin [ni Jehovah]. [9]Ito ang mga lahi ni Noe. Si Noe ay lalaking matuwid at walang kapintasan noong kapanahunan niya. Si Noe ay lumakad na kasama ng Diyos. [10]Nagkaanak si Noe ng tatlong lalaki: sina [Shem], Ham, at Jafet. [11]At naging masama ang daigdig sa harapan ng Diyos at ang lupa ay napuno ng karahasan. [12]Nakita ng Diyos na ang daigdig ay naging masama sapagkat pinasama ng lahat ng tao ang kanilang gawa sa lupa. [13]At

sinabi ng Diyos kay Noe, "Ipinasiya Ko nang wakasan ang lahat ng laman sapagkat ang lupa ay napuno ng karahasan nila. Ngayon, sila ay Aking lilipuling kasama ng lupa. [14]Gumawa ka ng isang [arka] na yari sa kahoy na gofer. Gumawa ka ng mga silid sa [arka] at pahiran mo ito ng alkitran sa loob at labas.

**Mat. 24:37-39** Sapagkat katulad ng mga araw ni Noe, magiging gayon din ang pagdating ng Anak ng Tao. [38]Sapagkat gaya nila sa mga araw na iyon bago ang baha, na kumakain at umiinom, nag-aasawa at pinag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa arka, [39]At hindi nila nalalaman na paparating ang paghahatol hanggang sa dumating ang baha at tinangay lahat, magiging gayundin ang pagdating ng Anak ng Tao.

**2 Cor. 12:7-9** At dahil sa lumalampas na kataasan ng mga pahayag, upang hindi ako labis na magmataas, binigyan ako ng isang tinik sa laman, isang sugo ni Satanas, upang ako ay saktan niya, upang hindi ako labis na magmataas. [8]Tungkol dito ay tatlong ulit akong namanhik sa Panginoon na maalis ito sa akin. [9]At sinabi Niya sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat sa iyo, sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't ako ay magmamapuri nang may malaking kagalakan sa aking mga kahinaan upang ang kapangyarihan ni Kristo ay magtabernakulo sa akin.

1. Ang laman ay ang presensiya ng diyablo, at ang biyaya ay ang presensiya ng Diyos; upang maharap natin ang presensiya ni Satanas, kailangan natin ang presensiya ng Diyos—Gen. 6:3, 8; Roma 7:17-21; Heb. 4:16; 1 Cor. 15:10.

   **Gen. 6:3** At sinabi [ni Jehovah], "Ang Aking Espiritu ay hindi laging mananatili sa tao, sapagkat siya'y laman. Subalit ang kanyang mga araw ay magiging isandaan at dalawampung taon."

   **Gen. 6:8** Subalit si Noe ay nakatagpo ng biyaya sa paningin [ni Jehovah].

   **Roma 7:17-21** Kaya ngayon ay hindi na ako ang gumagawa nito kundi ang kasalanang naninirahan sa akin. [18]Sapagkat alam ko na sa akin, yaon ay, sa aking laman, ay walang naninirahang mabuti; sapagkat ang magnais ay nasa akin, ngunit ang magsagawa ng mabuti ay wala. [19]Sapagkat hindi ko ginagawa ang mabuting aking ninanais; ngunit ang masamang hindi ko ninanais, ito ang aking ginagawa. [20]Subalit kung ang hindi ko ninanais, ito ang aking ginagawa, hindi na ako ang gumagawa nito kundi ang kasalanang naninirahan sa akin. [21]Nasusumpungan ko nga ang kautusan, sa akin na nagnanais gumawa ng mabuti, dahil ang masama ay narito sa akin.

   **Heb. 4:16** Kaya't lumapit tayong may kalakasang-loob sa trono ng biyaya upang makatanggap tayo ng awa at makasumpong ng biyaya para sa napapanahong tulong.

   **1 Cor. 15:10** Subalit sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako; at ang Kanyang biyayang ibinigay sa akin ay hindi nawalan ng kabuluhan, kundi, sa kabaligtaran, ako ay higit na nagpagal kaysa sa kanilang lahat, ngunit hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin.

2. Ang kinalabasan ng biyaya ay katuwiran; sa pamamagitan ng kapangyarihan ng biyaya, ng kalakasan ng biyaya, at ng buhay ng biyaya, maaari tayong maging matuwid sa Diyos, sa isa't isa, at kahit sa ating sarili—Roma 5:17, 21; 2 Ped. 2:5.

   **Roma 5:17** Sapagkat kung sa pagsalangsang ng isa, naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa, higit pa yaong mga tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ng Isa, si Hesu-Kristo.

   **Roma 5:21** Upang kung paanong ang kasalanan ay naghari sa kamatayan, gayundin naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng katuwiran tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Hesu-Kristong ating Panginoon.

   **2 Ped. 2:5** At hindi pinatawad ang sinaunang sanlibutan ngunit binantayan si Noe na isang tagapagbalita ng katuwiran, kasama ang pitong iba pa, nang magdala Siya ng baha sa sanlibutan ng mga di-makadiyos.

B. Lumakad si Noe kasama ng Diyos at itinayo ang arka para sa pagsasagawa ng dibinong ekonomiya—Gen. 6:8-22; Heb. 11:7; 1 Ped. 3:20-21; Mat. 16:18:

   **Gen. 6:8-22** Subalit si Noe ay nakatagpo ng biyaya sa paningin [ni Jehovah]. [9]Ito ang mga lahi ni Noe. Si Noe ay lalaking matuwid at walang kapintasan noong kapanahunan niya. Si Noe ay lumakad na kasama ng Diyos. [10]Nagkaanak si Noe ng tatlong lalaki: sina [Shem], Ham, at Jafet. [11]At naging masama ang daigdig sa harapan ng Diyos at ang lupa ay napuno ng karahasan. [12]Nakita ng Diyos na ang daigdig

ay naging masama sapagkat pinasama ng lahat ng tao ang kanilang gawa sa lupa. [13]At sinabi ng Diyos kay Noe, "Ipinasiya Ko nang wakasan ang lahat ng laman sapagkat ang lupa ay napuno ng karahasan nila. Ngayon, sila ay Aking lilipuling kasama ng lupa. [14]Gumawa ka ng isang [arka] na yari sa kahoy na gofer. Gumawa ka ng mga silid sa [arka] at pahiran mo ito ng alkitran sa loob at labas. [15]Gagawin mo ito sa ganitong paraan: ang haba ng [arka] ay tatlong daang siko, ang luwang ay limampung siko, at ang taas ay tatlumpung siko. [16]Gagawa ka ng isang bintana sa [arka] at tapusin mo ito ng isang siko sa dakong itaas. Ilalagay mo ang pintuan ng [arka] sa kanyang tagiliran. Gagawin mo ito na may una, ikalawa at ikatlong palapag. [17]Ako'y magpapadagsa ng baha ng tubig sa ibabaw ng lupa upang lipulin ang lahat ng laman na may hininga ng buhay sa ilalim ng langit. Ang lahat na nasa lupa ay mamamatay. [18]Ngunit itatatag Ko ang aking tipan sa iyo. Ikaw ay sasakay sa [arka], ikaw, ang iyong mga anak na lalaki, ang iyong asawa, at ang mga asawa ng iyong mga anak na kasama mo. [19]At sa bawat nabubuhay sa lahat ng laman at magsasakay ka sa loob ng [arka] ng dalawa sa bawat uri upang maingatan silang buháy na kasama mo. Dapat ay lalaki at babae ang mga ito. [20]Sa mga ibon ayon sa kanilang uri, sa mga hayop ayon sa kanilang uri, sa bawat gumagapang sa lupa ayon sa kanilang uri, dalawa sa bawat uri ang isasama mo upang ang mga iyon ay manatiling buháy. [21]At magbaon ka ng lahat na pagkain at imbakin mo, at magiging pagkain para sa inyo at para sa kanila." [22]Gayon ang ginawa ni Noe; ginawa niya ang ayon sa lahat ng iniutos sa kanya ng Diyos.

**Heb. 11:7** Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noe, nang dibinong matagubilinan tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita at dala ng banal na takot, ay naghanda ng arka para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan, na sa pamamagitan nito ay kinondena niya ang sanlibutan, at naging tagapagmana ng katuwirang ayon sa pananampalataya.

**1 Ped. 3:20-21** Na noon ay mga sumuway nang ang pagtitiis ng Diyos ay naghintay noong mga araw ni Noe, habang inihahanda ang arka; ang pumasok dito, na iilan, yaon ay, walong kaluluwa, ay nadalang ligtas sa pamamagitan ng tubig. [21]Ang tubig na iyon, bilang sagisag, ay nagliligtas din sa inyo ngayon, yaon ay, ang bautismo, na hindi isang pag-aalis ng karumihan ng laman kundi ang paghiling ng isang mabuting budhi tungo sa Diyos, sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Hesu-Kristo.

**Mat. 16:18** At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

1. Ang unang pagtatayo ng Diyos sa mga Kasulatan ay ang arka ni Noe, sumasagisag kay Kristo bilang pagtatayo ng Diyos at tao; ang pagtatayo ng Diyos ay isang Diyos-tao—Juan 1:14; 2:19; 1 Cor. 3:9, 16-17; Apoc. 21:2, 22; Efe. 2:22; Awit 27:4.

   **Juan 1:14** At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

   **Juan 2:19** Sumagot si Hesus at sinabi sa kanila, Gibain ninyo ang templong ito, at sa loob ng tatlong araw ay itatayo Ko ito.

   **1 Cor. 3:9** Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos.

   **1 Cor. 3:16-17** Hindi ba ninyo alam na kayo ang templo ng Diyos, at na ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa inyo? [17]Kung wawasakin ng sinuman ang templo ng Diyos, siya ay wawasakin ng Diyos; sapagkat ang templo ng Diyos ay banal, at gayon kayo.

   **Apoc. 21:2** At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

   **Apoc. 21:22** At wala akong nakitang templo sa loob nito, sapagkat ang Panginoong Diyos na Makapangyarihan sa lahat at ang Kordero ang templo nito.

   **Efe. 2:22** Na sa Kanya, kayo rin naman ay itinatayo nang sama-sama upang maging isang pinaninirahang lugar ng Diyos sa espiritu.

**Awit 27:4** Isang bagay ang hiningi ko [kay Jehovah], na aking hahanapin; Na ako'y makapanirahan sa bahay [ni Jehovah], sa lahat ng araw ng aking buhay, upang mamasdan ang kagandahan [ni Jehovah], at sumangguni sa Kanyang templo.

2. Ang pagtatayo ng arka ay sumasagisag sa pagtatayo ng sama-samang Kristo, ang ekklesia bilang Katawan ni Kristo, gamit ang elemento ng kayamanan ni Kristo bilang nagtatayong materyales—Mat. 16:18; 1 Cor. 3:9-12a; Efe. 3:8-10; 4:12.

   **Mat. 16:18** At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

   **1 Cor. 3:9-12a** Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos. [10]Ayon sa biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin, tulad ng isang marunong na punong tagapagtayo ay naglagay ako ng pundasyon, at ang iba ay nagtatayo sa ibabaw nito. Ngunit pag-ingatan ng bawat tao kung paano siya nagtatayo sa ibabaw nito. [11]Sapagkat walang sinuman ang makapaglalagay ng iba pang pundasyon maliban sa nakalagay na, ito ay si Hesu-Kristo. [12]Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

   **Efe. 3:8-10** Sa akin, na higit na mababa sa pinakamababa sa lahat ng banal, ay ibinigay ang biyayang ito upang ipahayag sa mga Hentil ang di-malirip na kayamanan ni Kristo bilang ebanghelyo [9]At maliwanagan ang lahat upang kanilang makita kung ano ang ekonomiya ng hiwaga, na sa buong kapanahunan ay nakukubli sa loob ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay [10]Upang ngayon ay maipaalam sa mga pinuno at mga awtoridad sa sangkalangitan ang maraming iba't ibang panig na karunungan ng Diyos sa pamamagitan ng ekklesia.

   **Efe. 4:12** Para sa pagpapasakdal ng mga banal tungo sa gawain ng ministeryo, tungo sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo.

3. Ang tatlong palapag ng arka ay sumasagisag sa Tres-unong Diyos ayon sa karanasan natin sa Kanya; ang Espiritu, isinasagisag ng ibabang palapag, ay nagdadala sa atin sa Anak (1 Ped. 1:2; Juan 16:8, 13-15), at ang Anak ay nagdadala sa atin pataas sa ating karanasan sa Ama (14:6; Efe. 2:18; 1 Juan 1:5; 4:8).

   **1 Ped. 1:2** Pinili ayon sa paunang kaalaman ng Diyos Ama sa pagpapabanal ng Espiritu tungo sa pagsunod at pagwiwisik ng dugo ni Hesu-Kristo: Ang biyaya ay sumainyo at ang kapayapaan nawa ay maparami.

   **Juan 16:8** At pagdating Niya, ipakikita Niya na mali ang sanlibutan hinggil sa kasalanan at hinggil sa katuwiran at hinggil sa kahatulan.

   **Juan 16:13-15** Subalit kapag Siya, ang Espiritu ng realidad, ay dumating, gagabayan Niya kayo sa lahat ng realidad; sapagkat hindi Siya magsasalita nang mula sa Kanyang sarili, kundi anuman ang Kanyang marinig ay Kanyang sasalitain; at Kanyang ipahahayag sa inyo ang mga bagay na darating. [14]Luluwalhatiin Niya Ako, sapagkat tatanggapin Niya ang sa Akin at ipahahayag ito sa inyo. [15]Ang lahat ng taglay ng Ama ay Akin; kaya sinabi Ko na tatanggapin Niya ang sa Akin at ipahahayag ito sa inyo.

   **Juan 14:6** Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang daan at ang realidad at ang buhay; walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko.

   **Efe. 2:18** Sapagkat sa pamamagitan Niya, kapwa tayo may pagpasok sa isang Espiritu tungo sa Ama.

   **1 Juan 1:5** At ito ang mensaheng aming narinig sa Kanya at ipinahahayag sa inyo, na ang Diyos ay liwanag at sa Kanya ay walang anumang kadiliman.

   **1 Juan 4:8** Siya na hindi umiibig ay hindi nakakikilala sa Diyos, sapagkat ang Diyos ay pag-ibig.

4. Sa ikatlong palapag ng arka ay mayroon lamang isang bintana, nakaharap sa kalangitan, sumasagisag na sa ekklesia, ang gusali ng Diyos, ay mayroon lamang isang pahayag at isang pangitain sa pamamagitan ng isang Bagong Tipang ministeryo—Gen. 6:16; Gawa 26:19; Kaw. 29:18a; 1 Tim. 1:3-4; 2 Cor. 3:6-9; 4:1.

**Gen. 6:16** Gagawa ka ng isang bintana sa [arka] at tapusin mo ito ng isang siko sa dakong itaas. Ilalagay mo ang pintuan ng [arka] sa kanyang tagiliran. Gagawin mo ito na may una, ikalawa at ikatlong palapag.

**Gawa 26:19** Kaya, Haring Agrippa, hindi ako naging suwail sa makalangit na pangitain.

**Kaw. 29:18** Kung saan walang pangitain, nagpapabaya ang taong-bayan, Ngunit mapalad ang sumusunod sa kautusan.

**1 Tim. 1:3-4** Kung paanong hinikayat kita, nang ako ay papuntang Macedonia, na manatili sa Efeso upang maatasan mo ang ilan na huwag magturo ng mga naiibang bagay [4]Ni magbigay-pansin sa mga mito at walang katapusang talaangkanan, na nagbubunga ng mga pagtatanong sa halip na sa ekonomiya ng Diyos, na nasa pananampalataya.

**2 Cor. 3:6-9** Na ginawa rin Niya kaming sapat na mga tagapaghain ng bagong tipan, mga tagapaghain hindi ng titik kundi ng Espiritu; sapagkat ang titik ay pumapatay, ngunit ang Espiritu ay nagbibigay ng buhay. [7]Higit pa rito, kung ang ministeryo ng kamatayan, sa mga titik na nakaukit sa mga bato, ay nangyaring may ka- luwalhatian, kaya't ang mga anak ni Israel ay hindi makatitig sa mukha ni Moises dahil sa kaluwalhatian ng kanyang mukha, isang kaluwalhatiang lumilipas, [8]Paanong ang ministeryo ng Espiritu ay hindi magiging lalong nasa kaluwalhatian? [9]Sapagkat kung may kaluwalhatian sa ministeryo ng kondenasyon, ang ministeryo ng katuwiran ay lalo pang sumasagana sa kaluwalhatian.

**2 Cor. 4:1** Kaya nga yamang taglay namin ang ministeryong ito ayon sa tinanggap naming kaawaan, hindi kami pinanghihinaan ng loob.

**IV. Ipinakikita sa atin sa Daniel na dapat nating tubusin ang panahon upang tamasahin si Kristo bilang sukdulang kahalagahan ng Diyos upang tayo ay mabuoan Niya upang maging mga tao ng kahalagahan, kahalagahan pa mismo, bilang Kanyang personal na kayamanan—Dan. 9:23; 10:11, 19; 1 Ped. 2:7; Exo. 19:4-6:**

**Dan. 9:23** Sa pasimula ng iyong mga samo ay lumabas ang salita, at ako'y naparito upang sabihin sa iyo; sapagkat ikaw ay [kahalagahan mismo]. Kaya't isaalang-alang mo ang salita at unawain ang pangitain

**Dan. 10:11** At sinabi niya sa akin, "Daniel, [tao ng kahalagahan], unawain mo ang mga salita na aking sasabihin sa iyo. Tumayo ka nang matuwid sapagkat sa iyo'y sinugo ako ngayon." Nang kanyang masabi ang salitang ito sa akin, ako'y tumayo na nanginginig.

**Dan. 10:19** Kanyang sinabi, "[Tao ng kahalagahan], huwag kang matakot; kapayapaan ang sumaiyo. Magpakalakas ka at magpakatapang." Nang siya'y magsalita sa akin, ako'y lumakas at nagsabi, "Magsalita ang aking panginoon, sapagkat pinalakas mo ako."

**1 Ped. 2:7** Sa inyo nga na mga sumasampalataya ay ang kahalagahan; ngunit sa mga hindi sumasampalataya, "Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo, ito ay naging ulo ng panulok,"

**Exo. 19:4-6** Inyong nakita ang Aking ginawa sa mga Ehipcio, at kung paanong dinala Ko kayo sa mga pakpak ng agila, at kayo'y inilapit Ko sa akin. [5]Kaya't ngayon, kung tunay na inyong susundin ang Aking tinig at tutuparin ang Aking tipan, kayo ay magiging Aking sariling pag-aari na higit sa lahat ng bayan; sapagkat ang buong daigdig ay Akin. [6]Sa Akin kayo ay magiging isang kaharian ng mga pari at isang banal na bansa. Ito ang mga salitang sasabihin mo sa mga anak ni Israel."

A. Ang ekselenteng Kristo ay nagpakita kay Daniel sa Kanyang sukdulang kahalagahan bilang isang tao para sa kanyang pagpapahalaga, pag-aaliw, pagpapalakas-loob, pag-asa, at pagpapatatag—Dan. 10:4-9:

**Dan. 10:4-9** Nang ikadalawampu't apat na araw ng unang buwan, habang ako'y nasa pampang ng malaking ilog na Hiddekel [5]Aking itiningin ang aking paningin at tumanaw, at nakita ko ang isang lalaki na may suot ng telang lino, na ang mga balakang ay binigkisan ng ginto ng Ufaz. [6]Ang Kanyang katawan ay gaya ng berilo, ang Kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang Kanyang mga mata ay gaya ng nagliliyab na sulo, ang Kanyang mga [bisig] at mga paa ay gaya ng kislap ng pinakintab na tanso, at ang tunog ng Kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao. [7]Akong si Daniel lamang ang nakakita sa pangitaing iyon; hindi nakita ng mga lalaking kasama ko ang pangitain, gayunma'y

dumating sa kanila ang isang matinding takot, at sila'y tumakas upang magkubli. [8]Kaya't iniwan akong nag-iisa, at nakita ko ang dakilang pangitaing ito. Walang lakas na naiwan sa akin, at ang aking kulay ay namutlang parang patay at walang nanatiling lakas sa akin. [9]Ngunit narinig ko ang tunog ng Kanyang mga salita; at nang aking marinig ang tunog ng Kanyang mga salita, ang mukha ko'y napasubasob sa lupa sa isang mahimbing na pagkakatulog.

1. Nagpakita si Kristo bilang isang Saserdote sa Kanyang pagkatao, isinasagisag ng balabal na lino, upang pangalagaan ang Kanyang piniling bayan sa kanilang pagkabihag—b. 5a; Exo. 28:31-35.

   **Dan. 10:5** Aking itiningin ang aking paningin at tumanaw, at nakita ko ang isang lalaki na may suot ng telang lino, na ang mga balakang ay binigkisan ng ginto ng Ufaz.

   **Exo. 28:31-35** "Gagawin mo ang balabal ng efod na purong asul. [32]Magkakaroon ng isang suotan ng ulo na may tupi sa palibot ng suotan, gaya ng butas ng isang kasuotan upang hindi mapunit. [33]Ang laylayan niyon ay igagawa mo ng mga bunga ng granadang asul, kulay-ube, at pula, sa palibot ng laylayan niyon, at mga kampanilyang ginto sa pagitan ng mga iyon, [34]Isang kampanilyang ginto at isang bunga ng granada, isang kampanilyang ginto at isang bunga ng granada, sa palibot ng laylayan ng kasuotan. [35]Isusuot ito ni Aaron kapag siya'y nangangasiwa at ang tunog niyon ay maririnig kapag siya'y pumapasok sa dakong banal sa harapan [ni Jehovah], at kapag siya'y lumalabas, upang siya'y huwag mamatay.

2. Nagpakita si Kristo sa Kanyang pagkahari sa Kanyang pagkadibino, isinasagisag ng pamigkis na ginto, para sa pamumuno sa lahat ng bayan—Dan. 10:5b.

   **Dan. 10:5b** Aking itiningin ang aking paningin at tumanaw, at nakita ko ang isang lalaki na may suot ng telang lino, na ang mga balakang ay binigkisan ng ginto ng Ufaz.

3. Para sa pagpapahalaga ng Kanyang bayan, nagpakita si Kristo sa Kanyang kahalagahan at dignidad, na isinasagisag ng Kanyang katawan na gaya ng berilo; ang salitang Hebreo para sa *berilo* ay maaaring tumukoy sa isang malaasul na berde o dilaw na mahalagang bato, sumasagisag na si Kristo sa Kanyang pagsasakatawan ay dibino (dilaw), punô ng buhay (berde), at makalangit (asul)—b. 6a.

   **Dan. 10:6a** Ang Kanyang katawan ay gaya ng berilo, ang Kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang Kanyang mga mata ay gaya ng nagliliyab na sulo, ang Kanyang mga [bisig] at mga paa ay gaya ng kislap ng pinakintab na tanso, at ang tunog ng Kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao.

4. Nagpakita rin si Kristo sa Kanyang kaningningan para sa pagliliwanag sa bayan, na isinasagisag ng Kanyang mukha na gaya ng anyo ng kidlat (b. 6b), at sa Kanyang nagbibigay-liwanag na paningin para sa pagsisiyasat at paghahatol, na isinasagisag ng Kanyang mga mata na gaya ng mga nagliliyab na sulo (b. 6c).

   **Dan. 10:6b** Ang Kanyang katawan ay gaya ng berilo, ang Kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang Kanyang mga mata ay gaya ng nagliliyab na sulo, ang Kanyang mga [bisig] at mga paa ay gaya ng kislap ng pinakintab na tanso, at ang tunog ng Kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao.

   **Dan. 10:6c** Ang Kanyang katawan ay gaya ng berilo, ang Kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang Kanyang mga mata ay gaya ng nagliliyab na sulo, ang Kanyang mga [bisig] at mga paa ay gaya ng kislap ng pinakintab na tanso, at ang tunog ng Kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao.

5. Nagpakita si Kristo sa kislap ng Kanyang gawain at pagkilos, na isinasagisag ng Kanyang mga bisig at Kanyang mga paa na gaya ng kislap ng pinakintab na tanso—b. 6d.

   **Dan. 10:6d** Ang Kanyang katawan ay gaya ng berilo, ang Kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang Kanyang mga mata ay gaya ng nagliliyab na sulo, ang Kanyang mga [bisig] at mga paa ay gaya ng kislap ng pinakintab na tanso, at ang tunog ng Kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao.

6. Nagpakita si Kristo sa Kanyang malakas na pagsasalita para sa paghahatol sa mga tao, na isinasagisag ng tunog ng Kanyang mga salita na gaya ng ingay ng napakaraming tao—b. 6e.

**Dan. 10:6e** Ang Kanyang katawan ay gaya ng berilo, ang Kanyang mukha ay gaya ng anyo ng kidlat, ang Kanyang mga mata ay gaya ng nagliliyab na sulo, ang Kanyang mga [bisig] at mga paa ay gaya ng kislap ng pinakintab na tanso, at ang tunog ng Kanyang mga salita ay gaya ng ingay ng napakaraming tao.

B. Natanggap ni Daniel ang pahayag na ang buong sitwasyon ng mundo ay nasa ilalim ng pamumuno ng kalangitan sa pamamagitan ng Diyos ng kalangitan upang ibigay kay Kristo ang pagiging nakahihigit sa lahat, ang unang puwesto, sa lahat ng bagay—2:34-35, 44-45; 7:9-10; 4:34-35; Col. 1:15, 17-18; Apoc. 2:4-5.

**Dan. 2:34-35** Patuloy kang tumitingin hanggang sa may natibag na isang bato, hindi sa pamamagitan ng mga kamay, at ito'y tumama sa [imahen] sa mga paa nitong bakal at luwad, at dinurog ang mga ito. [35]Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkadurug-durog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa [malaking] ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa.

**Dan. 2:44-45** At sa mga araw ng mga haring iyon ang Diyos sa [kalangitan] ay magtatatag ng isang kaharian na hindi magigiba kailanman, o ang kapangyarihan man nito'y iiwan sa ibang bayan. Dudurugin nito at wawakasan ang lahat ng kahariang iyon, at ito'y mananatili magpakailanman. [45]Kung paanong iyong nakita na ang isang bato ay natibag mula sa bundok, hindi sa pamamagitan ng kamay at dinurog ang mga bakal, ang tanso, ang luwad, ang pilak, at ang ginto, ipinaalam ng dakilang Diyos sa hari kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Ang panaginip ay totoo at ang kahulugan nito'y mapagkakatiwalaan."

**Dan. 7:9-10** Habang ako'y nakatingin, may mga tronong inilagay, at ang Matanda sa mga Araw ay umupo. Ang Kanyang kasuotan ay kasimputi ng niyebe, at ang buhok ng Kanyang ulo ay gaya ng purong lana. Ang Kanyang trono ay naglalagablab sa apoy at ang mga gulong nito ay nagniningas na apoy. [10]May dumaloy na isang ilog ng apoy at lumabas mula sa harapan Niya, libo-libo ang naglilingkod sa Kanya, at laksa-laksa ang nakatayo sa harapan Niya. Ang hukuman ay humanda para sa paghuhukom, at ang mga aklat ay nabuksan.

**Dan. 4:34-35** At sa katapusan ng panahong iyon, akong si Nebukadnezar ay nagtaas ng aking paningin sa langit, at ang aking katinuan ay nanumbalik sa akin. Aking pinuri ang Kataas-taasan, at aking pinuri at pinarangalan Siya na nabubuhay magpakailanman. Sapagkat ang Kanyang [kapamahalaan] ay walang hanggang [kapamahalaan], at ang Kanyang kaharian ay nananatili sa sali't salinlahi. [35]Ang lahat ng naninirahan sa lupa ay ibinibilang na wala; at Kanyang ginagawa ang ayon sa Kanyang kalooban sa hukbo ng langit, at sa mga nananahan sa lupa. Walang makakahadlang sa Kanyang kamay, o makapagsasabi sa Kanya, "Anong ginagawa Mo?"

**Col. 1:15** Na siyang larawan ng di-nakikitang Diyos, ang Panganay sa lahat ng nilikha.

**Col. 1:17-18** At Siya ang nauna sa lahat ng bagay, at ang lahat ng bagay ay nahahawakang sama-sama sa loob Niya; [18]At Siya ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia; Siya ang simula, ang Panganay mula sa mga patay, upang Siya Mismo ay magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay.

**Apoc. 2:4-5** Ngunit mayroon Akong isang bagay na laban sa iyo, na iyong iniwan ang iyong unang pag-ibig. [5]Kaya alalahanin mo kung saan ka nahulog at magsisi ka at gawin mo ang mga unang gawa; subalit kung hindi, paririyan Ako sa iyo at aalisin Ko ang iyong patungan ng ilawan sa kinalalagyan nito, malibang magsisi ka.

**V. "At...sumagot si Jehovah kay Job" (Job 38:1a); "pagkatapos ay sumagot si Job kay Jehovah" (42:1a); "at ibinaling ni Jehovah ang pagkakabihag ni Job" (b. 10a):**

**Job 38:1a** At mula sa ipu-ipo'y sumagot [si Jehovah] kay Job.

**Job 42:1a** Pagkatapos ay sumagot si Job [kay Jehovah], at sinabi.

**Job 42:10a** At ibinalik [ni Jehovah] ang kayamanan ni Job, nang kanyang idalangin ang kanyang mga kaibigan. At dinoble [ni Jehovah] ang dating kayamanan ni Job.

A. Ang lohika ng mga kaibigan ni Job ay ayon sa linya ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama sa

kanilang pag-iisip na ang mga pagdurusa ni Job ay isang bagay ng paghahatol ng Diyos; gayunpaman, ang mga pagdurusa ni Job ay ang pang-uubos ng Diyos upang matamo ng Diyos si Job nang sa gayon ay matamo niya ang Diyos nang higit pa—9:15; 11:12; 13:4; Fil. 3:8, 12-13:

**Job 9:15** Bagaman ako'y walang sala, hindi ako makakasagot sa Kanya; kailangang ako'y magmakaawa sa aking Hukom.

**Job 11:12** Ngunit ang taong hangal ay magkakaroon ng pagkaunawa, kapag ang asno ay ipinanganak na tao.

**Job 13:4** Ngunit kayo'y mapagkatha ng mga kabulaanan, kayong lahat ay mga manggagamot na walang kabuluhan.

**Fil. 3:8** Ngunit higit pa roon, inari ko ring kalugihan ang lahat ng bagay alang-alang sa kaekselentehan ng pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon, na alang-alang sa Kanya ay tiniis ko ang kalugihan ng lahat ng bagay at inari kong sukal ang mga ito upang matamo ko si Kristo.

**Fil. 3:12-13** Hindi sa ako ay nakapagkamit na o ngayon ay napasakdal na, kundi naghahabol ako, baka matanganan ko nga yaong ikinatatangan naman sa akin ni Kristo Hesus. [13]Mga kapatid, hindi ko inaaring ako ay nakatangan na; ngunit isang bagay ang ginagawa ko: Nililimot ang mga bagay na nasa likuran at tinutungo ang mga bagay na nasa unahan.

1. Ang intensiyon ng Diyos kay Job ay ang sirain ang natural na Job sa kanyang kasakdalan at pagkamatuwid upang maitayo Niya ang isang napapabagong Job sa kalikasan at mga katangian ng Diyos—Job 1:1; Tito 3:5.

   **Job 1:1** May isang lalaki sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job. Ang lalaking iyon ay walang kapintasan, matuwid, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan.

   **Tito 3:5** Hindi sa pamamagitan ng mga gawa sa katuwiran na ating nagawa kundi ayon sa Kanyang kaawaan ay iniligtas Niya tayo, sa pamamagitan ng paghuhugas ng pagsisilang na muli at ng pagpapapabago ng Espiritu Santo.

2. Ang intensiyon ng Diyos ay ang dalhin si Job tungo sa mas malalim na paghahanap sa Diyos upang matanto ni Job na ang kulang niya sa kanyang pantaong buhay ay ang Diyos Mismo at upang kanyang mahabol ang Diyos, matamo ang Diyos, at maihayag ang Diyos—Col. 2:19.

   **Col. 2:19** At hindi tinatanganan ang Ulo, na mula sa Kanya ang buong Katawan, na masaganang tinutustusan at magkakasamang pinaglalakip sa pamamagitan ng mga kasukasuan at mga litid, ay lumalago sa paglago ng Diyos.

3. Ang intensiyon ng Diyos ay ang magkaroon ng isang Job sa linya ng puno ng buhay at ang gawing isang tao ng Diyos si Job—Gen. 2:9; 1 Tim. 6:11; 2 Tim. 3:17; Efe. 3:14-21.

   **Gen. 2:9** At pinatubo [ni Jehovah na Diyos] sa lupa ang lahat ng [puno] na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang [puno] ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang [puno] ng [kaalaman] ng mabuti at masama.

   **1 Tim. 6:11** Ngunit ikaw, O tao ng Diyos, tumakas ka sa mga bagay na ito, at habulin mo ang katuwiran, ang pagkamakadiyos, ang pananampalataya, ang pag-ibig, ang pagtitiis, ang kaamuan.

   **2 Tim. 3:17** Upang ang tao ng Diyos ay maging kumpleto, nasangkapang lubos para sa bawat mabuting gawa.

   **Efe. 3:14-21** Dahil dito ay iniluluhod ko ang aking mga tuhod sa Ama, [15]Na mula sa Kanya ang bawat pamilya sa kalangitan at sa lupa ay pinangalanan, [16]Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, [17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, [18]Ay mapalakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang at haba at taas at lalim [19]At makilala ang humihigit sa kaalaman na pag-ibig ni Kristo, [20]Subalit sa Kanya na may kakayahang gumawa nang lubhang sagana nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa loob natin, [21]Suma-Kanya nawa ang kaluwalhatian sa ekklesia at kay Kristo Hesus sa lahat ng henerasyon magpakailan pa man. Amen.

B. Inihahayag ng Job na ang Biblia na binubuo ng animnapu’t anim na aklat ay para lamang sa iisang bagay: ang ipamahagi ng Diyos sa loob ni Kristo sa pamamagitan ng Espiritu ang Kanyang sarili tungo sa atin upang maging ating buhay, ating kalikasan, at ating lahat-lahat upang maipamuhay natin si Kristo at maihayag si Kristo; ito dapat ang prinsipyong namamahala sa ating buhay—Job 10:13; Efe. 3:9; Fil. 3:8-9; Efe. 1:22-23; 2:15; Apoc. 21:2.

**Job 10:13** Gayunma'y ang mga bagay na ito ay Iyong ikinubli sa Iyong puso; alam ko na Ito ang layunin Mo.

**Efe. 3:9** At maliwanagan ang lahat upang kanilang makita kung ano ang ekonomiya ng hiwaga, na sa buong kapanahunan ay nakukubli sa loob ng Diyos, na lumikha ng lahat ng bagay.

**Fil. 3:8-9** Ngunit higit pa roon, inari ko ring kalugihan ang lahat ng bagay alang-alang sa kaekselentehan ng pagkakilala kay Kristo Hesus na aking Panginoon, na alang-alang sa Kanya ay tiniis ko ang kalugihan ng lahat ng bagay at inari kong sukal ang mga ito upang matamo ko si Kristo [9]At masumpungan sa loob Niya, na hindi tinataglay ang sarili kong katuwiran na mula sa kautusan, kundi yaong sa pamamagitan ng pananampalataya kay Kristo, ang katuwiran na mula sa Diyos at batay sa pananampalataya.

**Efe. 1:22-23** At ipinasakop Niya ang lahat ng bagay sa ilalim ng Kanyang mga paa at pinagkalooban Siya na maging Ulo sa ibabaw ng lahat ng bagay tungo sa ekklesia, [23]Na siyang Katawan Niya, ang kapuspusan ng Isa na pumupuspos ng lahat sa lahat.

**Efe. 2:15** Pinawawalang-bisa sa Kanyang laman ang kautusan ng mga utos sa mga ordinansa, upang malikha Niya ang dalawa sa Kanyang sarili tungo sa isang bagong tao, sa ganito ay gumagawa ng kapayapaan,

**Apoc. 21:2** At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

C. Ang paraan upang mamuhay at gumawa sa prinsipyong ito ay ang maging at gawin ang lahat ng bagay ayon sa Espiritu, kasama ang Espiritu, sa loob ng Espiritu, at sa pamamagitan ng Espiritu sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu—Gal. 5:25; Roma 8:4; Fil. 3:3; Apoc. 2:7; 22:17a.

**Gal. 5:25** Kung tayo ay nabubuhay sa pamamagitan ng Espiritu, lumakad din tayo sa pamamagitan ng Espiritu.

**Roma 8:4** Upang ang matuwid na kahingian ng kautusan ay matupad sa atin, na hindi lumalakad ayon sa laman kundi ayon sa espiritu.

**Fil. 3:3** Sapagkat tayo ang pagtutuli, ang mga naglilingkod sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos at nagmamapuri sa loob ng Kristo Hesus at walang pagtitiwala sa laman.

**Apoc. 2:7** Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

**Apoc. 22:17a** At ang Espiritu at ang kasintahang babae ay nagsasabi, Halika! At ang nakikinig ay magsabi, Halika! At ang nauuhaw ay pumarito; ang may ibig ay kumuha ng tubig ng buhay nang walang bayad.

*© 2026 Living Stream Ministry*

Mensahe 2

## Ang Linya ng Buhay kay Noe—
## ang Buhay at Gawain na Nagbabago ng Kapanahunan

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 6:5-14; Heb. 11:7

**Gen. 6:5-14** Nakita [ni Jehovah] na napakasama na ng tao sa lupa, at ang bawat haka ng mga pag-iisip ng kanyang puso ay palagi na lamang masama. [6]Nalungkot [si Jehovah] na kanyang nilalang ang tao sa lupa at nalumbay ang kanyang puso. [7]Kaya't sinabi [ni Jehovah], "Lilipulin ko ang tao na aking nilalang sa ibabaw ng lupa—ang tao, hayop, ang mga gumagapang, at ang mga ibon sa himpapawid, sapagkat ako'y nalulungkot na nilalang ko sila." [8]Subalit si Noe ay [nakasumpong] ng biyaya sa paningin [ni Jehovah]. [9]Ito ang mga lahi ni Noe. Si Noe ay lalaking matuwid at walang kapintasan noong kapanahunan niya. Si Noe ay lumakad na kasama ng Diyos. [10]Nagkaanak si Noe ng tatlong lalaki: sina Sem, Ham, at Jafet. [11]At naging masama ang daigdig sa harapan ng Diyos at ang lupa ay napuno ng karahasan. [12]Nakita ng Diyos na ang daigdig ay naging masama sapagkat pinasama ng lahat ng tao ang kanilang gawa sa lupa. [13]At sinabi ng Diyos kay Noe, "Ipinasiya ko nang wakasan ang lahat ng laman sapagkat ang lupa ay napuno ng karahasan nila. Ngayon, sila ay aking lilipuling kasama ng lupa. [14]Gumawa ka ng isang daong na yari sa kahoy na gofer. Gumawa ka ng mga silid sa daong at pahiran mo ito ng alkitran sa loob at labas.

**Heb. 11:7** Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noe, nang dibinong matagubilinan tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita at dala ng banal na takot, ay naghanda ng arka para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan, na sa pamamagitan nito ay kinondena niya ang sanlibutan, at naging tagapagmana ng katuwirang ayon sa pananampalataya.

**I. Nanampalataya si Noe sa Diyos, lumakad kasama ng Diyos, nagbigay-lugod sa Diyos, at nagtamasa sa lahat ng kung ano ang Diyos:**

A. Pinasamâ ni Satanas ang tao sa sukdulan, at nagpasya ang Diyos na lipulin ang taong Kanyang nilikha para sa Kanyang layunin.

B. Kaya, tila ba natalo ang Diyos; *ngunit* ipinakikita *ni Noe* ang soberanong salik na nagbigay sa Diyos ng daan upang patuloy na maisagawa ang Kanyang orihinal na layunin sa tao.

C. Sa pamamagitan ng buhay at gawain ni Noe, natamo ng Diyos ang tagumpay laban sa Kanyang kaaway at binago ang kapanahunan.

**II. Ang buhay ni Noe ay isang buhay na nagbago ng kapanahunan—cf. Fil. 1:19-21a:**

**cf. Fil. 1:19-21a** Sapagkat alam ko na magreresulta ito sa aking kaligtasan sa pamamagitan ng inyong pananaing at ng masaganang panustos ng Espiritu ni Hesu-Kristo, [20]Ayon sa aking labis na inaasahan at pag-asa na sa anuman ay hindi ako mapapahiya, kundi sa buong katapangan, na gaya ng dati, gayundin naman ngayon ay dadakilain si Kristo sa aking katawan, maging sa pamamagitan ng buhay o sa pamamagitan ng kamatayan. [21]Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo.

A. Ang buhay na nagbabago ng kapanahunan ay isang buhay na nagmamana ng mga makadiyos na paraan ng mga ninuno:

1. Minana ni Noe ang paraan ng kaligtasan ni Adam, tinatanggap ang pangako ni Kristo bilang binhi ng babae at ang pagtatakip ni Kristo bilang ang katuwirang nagbibigay-kasiyahan sa Diyos—Gen. 3:15, 20-21; cf. Isa. 12:2.

   **Gen. 3:15** Maglalagay ako sa iyo at sa babae ng pagkapoot sa isa't isa, at sa iyong

binhi at sa kanyang binhi. Ito ang dudurog ng iyong ulo, at ikaw ang dudurog ng kanyang sakong."

**Gen. 3:20-21** Tinawag ng lalaki ang kanyang asawa na Eva sapagkat siya ang naging ina ng lahat ng mga nabubuhay. [21]At iginawa ng Panginoong Diyos si Adan at ang kanyang asawa ng mga kasuotang balat at sila'y dinamitan.

**cf. Isa. 12:2** "Ang Diyos ay aking kaligtasan; ako'y magtitiwala, at hindi ako matatakot sapagkat [si Jehovah] Diyos ay aking kalakasan at awit; at siya'y naging aking kaligtasan."

2. Minana ni Noe ang paraan ng paghahandog ni Abel, iyon ay ang paghahandog ng Kristo sa Diyos, hindi lamang bilang ang hain para sa ating mga kasalanan bagkus bilang isang kaloob din para sa pagbibigay-lugod sa Diyos—Gen. 4:4.

   **Gen. 4:4** Nagdala rin si Abel ng mga panganay ng kanyang kawan, ang taba ng mga iyon. At pinahalagahan [ni Jehovah] si Abel at ang kanyang handog.

3. Minana ni Noe ang paraan ng pagtawag ni Enosh sa pangalan ni Jehovah upang matamasa ang lahat ng kung ano Siya—b. 26; Jer. 33:3; Roma 10:12; 2 Tim. 2:22.

   **Gen. 4:26** Nagkaanak din si Set ng isang lalaki, at tinawag ang kanyang pangalan na Enos. Nang panahong iyon ang mga tao ay nagsimulang tumawag sa pangalan [ni Jehovah].

   **Jer. 33:3** Tumawag ka sa akin, at ako'y sasagot sa iyo, at magsasabi sa iyo ng mga dakila at makapangyarihang bagay na hindi mo nalalaman.

   **Roma 10:12** Sapagkat walang pagkakaiba ang Hudyo at Griyego, sapagkat ang Panginoon din ay Panginoon ng lahat at mayaman sa lahat ng tumatawag sa Kanya.

   **2 Tim. 2:22** Subalit takasan mo ang mga pita ng kabataan, at habulin mo ang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, kapayapaan, kasama ng yaong mga tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso.

4. Minana ni Noe ang paraan ng paglakad ni Enoc kasama ng Diyos, iyon ay ang kunin ang Diyos bilang ating sentro at lahat-lahat, pamumuhay at paggawa ng lahat ng bagay ayon sa Diyos at kasama ang Diyos—Gen. 5:22-24; Heb. 11:5-6; 2 Cor. 5:4, 9, 14-16; 6:1.

   **Gen. 5:22-24** Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos, pagkatapos na maipanganak si Matusalem ng tatlong daang taon, at nagkaanak pa siya ng mga lalaki at mga babae. [23]At ang lahat na naging araw ni Enoc ay tatlong daan at animnapu't limang taon. [24]Lumakad si Enoc na kasama ng Diyos; at hindi na siya natagpuan sapagkat siya'y kinuha ng Diyos.

   **Heb. 11:5-6** Sa pamamagitan ng pananampalataya ay inilipat si Enoc upang hindi niya makita ang kamatayan; at hindi siya natagpuan, sapagkat inilipat siya ng Diyos. Sapagkat bago ang paglilipat sa kanya ay nagkamit siya ng patotoo na siya ay kalugod-lugod sa Diyos. [6]Ngunit kung walang pananampalataya ay imposibleng maging kalugod-lugod sa Kanya, sapagkat ang lumalapit sa Diyos ay kailangang sumampalataya na Siya nga at Siya ay tagapaggantimpala sa mga masigasig na naghahanap sa Kanya.

   **2 Cor. 5:4** Sapagkat gayundin, kaming nasa tabernakulong ito ay humihibik, na nabibigatan, sa dahilang hindi namin ninanais maging hubad, kundi mabihisan, upang ang may kamatayan ay malulon ng buhay.

   **2 Cor. 5:9** Kaya't determinado rin kami, nasa tahanan man o nasa malayo, na matamo ang karangalan na maging kalugod-lugod sa Kanya.

**2 Cor. 5:14-16** Sapagkat ang pag-ibig ni Kristo ang pumipilit sa amin dahil ipinasya namin ang ganito, na namatay ang Isa para sa lahat, kaya ang lahat ay namatay; [15]At Siya ay namatay para sa lahat upang ang mga nabubuhay ay hindi na mabuhay pa sa kanilang sarili kundi sa Kanya na namatay para sa kanila at ibinangon. [16]Kaya nga, mula ngayon, ay hindi namin nakikilala ang sinuman ayon sa laman; bagama't nakilala namin si Kristo ayon sa laman, ngunit ngayon ay hindi na namin Siya nakikilala nang gayon.

**2 Cor. 6:1** At yamang gumagawang kasama Niya, ipinamamanhik din namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Diyos nang walang kabuluhan.

B. Ipinakita ng Diyos kay Noe ang totoong sitwasyon ng masamang kapanahunan kung saan siya nabuhay—Gen. 6:3, 5, 11, 13; Mat. 24:37-39; 2 Tim. 3:1-5.

**Gen. 6:3** At sinabi [ni Jehovah], "Ang aking Espiritu ay hindi laging mananatili sa tao, sapagkat siya'y laman. Subalit ang kanyang mga araw ay magiging isandaan at dalawampung taon."

**Gen. 6:5** Nakita [ni Jehovah] na napakasama na ng tao sa lupa, at ang bawat haka ng mga pag-iisip ng kanyang puso ay palagi na lamang masama.

**Gen. 6:11** At naging masama ang daigdig sa harapan ng Diyos at ang lupa ay napuno ng karahasan.

**Gen. 6:13** At sinabi ng Diyos kay Noe, "Ipinasiya ko nang wakasan ang lahat ng laman sapagkat ang lupa ay napuno ng karahasan nila. Ngayon, sila ay aking lilipuling kasama ng lupa.

**Mat. 24:37-39** Sapagkat katulad ng mga araw ni Noe, magiging gayon din ang pagdating ng Anak ng Tao. [38]Sapagkat gaya nila sa mga araw na iyon bago ang baha, na kumakain at umiinom, nag-aasawa at pinag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa arka, [39]At hindi nila nalalaman na paparating ang paghahatol hanggang sa dumating ang baha at tinangay lahat, magiging gayundin ang pagdating ng Anak ng Tao.

**2 Tim. 3:1-5** Ngunit alamin mo ito, na sa mga huling araw ay darating ang mahirap na mga panahon. [2]Sapagkat ang mga tao ay magiging mga mangingibig ng sarili, mga mangingibig ng salapi, mayayabang, mga mapagmalaki, mga mapanlait, mga masuwayin sa magulang, mga di-mapagpasalamat, mga walang kabanalan, [3]Mga walang likas na pagmamahal, mga hindi mapalubag-loob, mga mapanirang-puri, mga walang pag-pipigil sa sarili, mababangis, mga di-mangingibig ng mabuti, [4]Mga traydor, mga padalos-dalos, mga binulag ng kapalaluan, mga mangingibig ng kasiyahan sa halip na mga mangingibig ng Diyos, [5]May panlabas na anyo ng pagkamakadiyos, ngunit tinatanggihan ang kapangyarihan nito; lumayo ka rin sa mga ito.

C. "*Subalit si Noe* ay nakasumpong ng kagandahang-loob [biyaya] sa paningin ni Jehovah"—Gen. 6:8:

**Gen. 6:8** Subalit si Noe ay [nakasumpong] ng biyaya sa paningin [ni Jehovah].

1. Kapag ginawa ni Satanas ang kanyang pinakamakakaya upang pinsalain ang sitwasyon, palaging may ilan na nakasusumpong ng biyaya sa mga mata ng Diyos upang maging mga yaong nagbabaling ng kapanahunan—cf. Dan. 1:8; 9:23; 10:11, 19.

   **cf. Dan. 1:8** Ngunit ipinasiya ni Daniel na hindi niya durungisan ang sarili sa pamamagitan ng bahagi ng pagkaing mula sa hari o ng alak man na kanyang iniinom. Kaya't kanyang hiniling sa pinuno ng mga eunuko na pahintulutan siyang huwag dungisan ang kanyang sarili.

**cf. Dan. 9:23** Sa pasimula ng iyong mga samo ay lumabas ang salita, at ako'y naparito upang sabihin sa iyo; sapagkat ikaw ay lubhang minamahal. Kaya't isaalang-alang mo ang salita at unawain ang pangitain.

**cf. Dan. 10:11** At sinabi niya sa akin, "O Daniel, ikaw na lalaking pinakamamahal, unawain mo ang mga salita na aking sasabihin sa iyo. Tumayo ka nang matuwid sapagkat sa iyo'y sinugo ako ngayon." Nang kanyang masabi ang salitang ito sa akin, ako'y tumayo na nanginginig.

**cf. Dan. 10:19** Kanyang sinabi, "O taong pinakamamahal, huwag kang matakot; kapayapaan ang sumaiyo. Magpakalakas ka at magpakatapang." Nang siya'y magsalita sa akin, ako'y lumakas at nagsabi, "Magsalita ang aking panginoon, sapagkat pinalakas mo ako."

2. Ang pangunahing layunin ng talâ ng Genesis ay hindi ang ipakita ang pagkatisod kundi ipakita kung gaano kalaki ang magagawa ng biyaya ng Diyos para sa mga natisod na tao:
    a. Ang biyaya ay ang Diyos Mismo, ang presensiya ng Diyos, na tinatamasa natin upang maging lahat-lahat sa atin at gawin ang lahat sa loob natin, sa pamamagitan natin, at para sa atin—Juan 1:14, 16-17; Apoc. 22:21.

       **Juan 1:14** At ang Salita ay naging laman at nagtabernakulo sa gitna natin (at nakita namin ang Kanyang kaluwalhatian, kaluwalhatiang gaya ng sa bugtong na Anak mula sa Ama), puspos ng biyaya at realidad.

       **Juan 1:16-17** Sapagkat sa Kanyang kapuspusan ay tumanggap tayong lahat, at biyaya sa biyaya. [17]Sapagkat ang kautusan ay ibinigay sa pamamagitan ni Moises; ang biyaya at ang realidad ay dumating sa pamamagitan ni Hesu-Kristo.

       **Apoc. 22:21** Ang biyaya ng Panginoong Hesus ay mapasalahat ng mga banal. Amen.
    b. Ang pagtatamasa sa Panginoon bilang biyaya ay sa mga umiibig sa Kanya—Efe. 6:24; Juan 21:15-17.

       **Efe. 6:24** Nawa ang biyaya ay mapasalahat ng mga umiibig sa ating Panginoong Hesu-Kristo sa kawalang-kabulukan.

       **Juan 21:15-17** Nang makapag-agahan na nga sila, sinabi ni Hesus kay Simon Pedro, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako nang higit kaysa sa mga ito? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pakainin mo ang Aking mga kordero. [16]Muli ay sinabi Niya sa kanya sa ikalawang pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Sinabi niya sa Kanya, Oo, Panginoon, alam Mo na iniibig Kita. Sinabi Niya sa kanya, Pastulin mo ang Aking mga tupa. [17]Sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Simon, anak ni Juan, iniibig mo ba Ako? Nalungkot si Pedro na sinabi Niya sa kanya sa ikatlong pagkakataon, Iniibig mo ba Ako? At sinabi niya sa Kanya, Panginoon, alam Mo ang lahat ng bagay; alam Mo na iniibig Kita. Sinabi sa kanya ni Hesus, Pakainin mo ang Aking mga tupa.
    c. Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo bilang masaganang panustos ng Tres-unong Diyos ay natatamasa natin sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating pantaong espiritu—Heb. 10:29b; Gal. 6:18; Fil. 4:23; Filem. 25; 2 Tim. 4:22.

       **Heb. 10:29b** Gaano kayang katinding parusa sa palagay ninyo ang maituturing na nararapat sa kanya na yumurak sa Anak ng Diyos at nagturing sa dugo ng tipan na nagpabanal sa kanya na isang karaniwang bagay at umalipusta sa Espiritu ng biyaya?

**Gal. 6:18** Ang biyaya ng ating Panginoong Hesu-Kristo ay sumainyong espiritu, mga kapatid. Amen.

**Fil. 4:23** Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo ay sumainyong espiritu.

**Filem. 25** Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo ay sumainyong espiritu.

**2 Tim. 4:22** Sumaiyong espiritu ang Panginoon. Sumainyo ang biyaya.

d. Ang salita ng Diyos ay ang salita ng biyaya—Gawa 20:32; Col. 3:16; cf. Jer. 15:16.

**Gawa 20:32** At ngayon ay ipinagkakatiwala ko kayo sa Diyos at sa salita ng Kanyang biyaya, na makapagtatayo sa inyo at makapagbibigay sa inyo ng mana kasama ang lahat ng pinabanal.

**Col. 3:16** Hayaan ang salita ni Kristo na manirahan sa inyo nang sagana sa buong karunungan, tinuturuan at pinapaalalahanan ang isa't isa sa pamamagitan ng mga salmo at mga himno at mga espiritwal na awitin, umaawit nang may biyaya sa inyong mga puso sa Diyos.

**cf. Jer. 15:16** Ang iyong mga salita ay natagpuan, at aking kinain; at sa ganang akin ang iyong mga salita ay katuwaan at kagalakan ng aking puso, sapagkat ako'y tinatawag sa iyong pangalan, O [Jehovah], Diyos ng mga hukbo.

e. Nararanasan natin ang naprosesong Tres-unong Diyos bilang biyaya ng buhay sa pagpupulong kasama ng mga banal sa batayan ng kaisahan—Awit 133:3; 1 Ped. 3:7; Gawa 4:33; 11:23.

**Awit 133:3** Ito ay gaya ng hamog sa Hermon, na pumapatak sa mga bundok ng Zion! Sapagkat doon iniutos ng Panginoon ang pagpapala, ang buhay magpakailanman.

**1 Ped. 3:7** Mga asawang lalaki, sa gayunding paraan ay manirahan kayong kasama nila ayon sa kaalaman, gaya ng sa mas mahina, babaeng sisidlan, nagtatalaga ng karangalan sa kanila bilang mga kapwa tagapagmana rin naman ng biyaya ng buhay, upang hindi mahadlangan ang inyong mga panalangin.

**Gawa 4:33** At taglay ang dakilang kapangyarihan ay nagpatotoo ang mga apostol ukol sa pagkabuhay na muli ng Panginoong Hesus, at dakilang biyaya ang sumakanilang lahat.

**Gawa 11:23** Siya, nang dumating at makita ang biyaya ng Diyos, ay nagalak at hinikayat silang lahat na manatili sa Panginoon nang may kapasyahan ng puso.

f. Maaari nating maranasan ang Panginoon bilang ating dumarami at sumasapat sa lahat na biyaya sa gitna ng mga pagdurusa at mga pagsubok—2 Cor. 12:9.

**2 Cor. 12:9** At sinabi Niya sa akin, Ang Aking biyaya ay sapat sa iyo, sapagkat ang Aking kapangyarihan ay nagiging sakdal sa kahinaan. Kaya't ako ay magmamapuri nang may malaking kagalakan sa aking mga kahinaan upang ang kapangyarihan ni Kristo ay magtabernakulo sa akin.

g. Kailangan nating magpagal para sa Panginoon sa kapangyarihan ng Kanyang biyaya—1 Cor. 15:10, 58; 3:12.

**1 Cor. 15:10** Subalit sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ako ay ako; at ang Kanyang biyayang ibinigay sa akin ay hindi nawalan ng kabuluhan, kundi, sa kabaligtaran, ako ay higit na nagpagal kaysa sa kanilang lahat, ngunit hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos na nasa akin.

**1 Cor. 15:58** Kaya nga, mga kapatid kong minamahal, maging matatag kayo, di-natitinag, laging sumasagana sa gawain ng Panginoon, nalalamang ang inyong pagpapagal ay hindi walang kabuluhan sa Panginoon.

**1 Cor. 3:12** Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

h. Kailangan nating maging mabubuting katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos—1 Ped. 4:10; Efe. 3:2; 2 Cor. 1:15; Efe. 4:29.

**1 Ped. 4:10** Ang bawat isa, ayon sa tinanggap niyang kaloob, ay maghain nito sa isa't isa bilang mabubuting katiwala ng iba't ibang biyaya ng Diyos.

**Efe. 3:2** Kung tunay na inyong narinig ang pagkakatiwala ng biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin para sa inyo.

**2 Cor. 1:15** At sa pagtitiwalang ito ay binalak kong pumunta sa inyo noon upang kayo ay magkaroon ng dobleng biyaya.

**Efe. 4:29** Anumang masamang salita ay huwag lumabas sa inyong bibig, kundi yaong mabuti lamang para sa pagtatayo, ayon sa pangangailangan, upang ito ay makapagbigay ng biyaya sa mga nakikinig.

i. Sa pamamagitan ng kapangyarihan ng biyaya, ng kalakasan ng biyaya, at ng buhay ng biyaya, maaari tayong maging matuwid sa Diyos at sa isa't isa; ang biyaya ay nagbubunga ng katuwiran—Heb. 11:7; Roma 5:17, 21.

**Heb. 11:7** Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noe, nang dibinong matagubilinan tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita at dala ng banal na takot, ay naghanda ng arka para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan, na sa pamamagitan nito ay kinondena niya ang sanlibutan, at naging tagapagmana ng katuwirang ayon sa pananampalataya.

**Roma 5:17** Sapagkat kung sa pagsalangsang ng isa, naghari ang kamatayan sa pamamagitan ng isa, higit pa yaong mga tumatanggap ng kasaganaan ng biyaya at ng kaloob ng katuwiran ay maghahari sa buhay sa pamamagitan ng Isa, si Hesu-Kristo.

**Roma 5:21** Upang kung paanong ang kasalanan ay naghari sa kamatayan, gayundin naman ang biyaya ay makapaghahari sa pamamagitan ng katuwiran tungo sa buhay na walang hanggan sa pamamagitan ni Hesu-Kristong ating Panginoon.

**III. Ang gawain ni Noe ay isang gawain na nagbago ng kapanahunan—1 Cor. 3:9; 2 Cor. 6:1; Mat. 16:18; 1 Cor. 3:12:**

**1 Cor. 3:9** Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos.

**2 Cor. 6:1** At yamang gumagawang kasama Niya, ipinamamanhik din namin sa inyo na huwag ninyong tanggapin ang biyaya ng Diyos nang walang kabuluhan.

**Mat. 16:18** At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

**1 Cor. 3:12** Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

A. Binigyan ng Diyos si Noe ng isang nagpapaloob ng lahat na pahayag, isang higit pang pahayag, ang pahayag na itayo ang arka, na siyang paraan upang wakasan ng Diyos ang napasamang henerasyon at ipasok ang isang bagong kapanahunan:

1. Ang arka ay isang sagisag ni Kristo (1 Ped. 3:20-21)—hindi lamang ang indibidwal na Kristo bagkus gayundin ang sama-samang Kristo, ang ekklesia, na siyang Katawan ni Kristo at ang bagong tao upang pasukdulin sa Bagong Herusalem (Mat. 16:18; 1 Cor. 12:12; Efe. 2:15-16; Col. 3:10-11; Apoc. 21:2).

**1 Ped. 3:20-21** Na noon ay mga sumuway nang ang pagtitiis ng Diyos ay naghintay noong mga araw ni Noe, habang inihahanda ang arka; ang pumasok dito, na iilan, yaon ay, walong kaluluwa, ay nadalang ligtas sa pamamagitan ng tubig. [21]Ang tubig na iyon, bilang sagisag, ay nagliligtas din sa inyo ngayon, yaon ay, ang bautismo, na hindi isang pag-aalis ng karumihan ng laman kundi ang paghiling ng isang mabuting budhi tungo sa Diyos, sa pamamagitan ng pagkabuhay na muli ni Hesu-Kristo.

**Mat. 16:18** At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

**1 Cor. 12:12** Sapagkat kung paanong ang katawan ay iisa at may maraming sangkap, gayunman ang lahat ng sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan, gayundin naman ang Kristo.

**Efe. 2:15-16** Pinawawalang-bisa sa Kanyang laman ang kautusan ng mga utos sa mga ordinansa, upang malikha Niya ang dalawa sa Kanyang sarili tungo sa isang bagong tao, sa ganito ay gumagawa ng kapayapaan, [16]At maipagkasundo ang dalawa sa isang Katawan sa Diyos sa pamamagitan ng krus, yamang pinatay na ang pagkakaalit sa pamamagitan nito.

**Col. 3:10-11** At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya, [11]Doon ay hindi maaaring magkaroon ng Griyego at Hudyo, pagtutuli at di-pagtutuli, barbaro, Scita, alipin, malaya, kundi si Kristo ang lahat at nasa loob ng lahat.

**Apoc. 21:2** At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

2. Ang pagtatayo ng arka ay sumasagisag sa pagtatayo ng sama-samang Kristo, gamit ang elemento ng mga kayamanan ni Kristo bilang materyales sa pagtatayo, ng mga gumagawang kasama ng Diyos—1 Cor. 3:9-12a; Efe. 4:12; 2:22.

   **1 Cor. 3:9-12a** Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos. [10]Ayon sa biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin, tulad ng isang marunong na punong tagapagtayo ay naglagay ako ng pundasyon, at ang iba ay nagtatayo sa ibabaw nito. Ngunit pag-ingatan ng bawat tao kung paano siya nagtatayo sa ibabaw nito. [11]Sapagkat walang sinuman ang makapaglalagay ng iba pang pundasyon maliban sa nakalagay na, ito ay si Hesu-Kristo. [12]Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

   **Efe. 4:12** Para sa pagpapasakdal ng mga banal tungo sa gawain ng ministeryo, tungo sa pagtatayo ng Katawan ni Kristo.

   **Efe. 2:22** Na sa Kanya, kayo rin naman ay itinatayo nang samasama upang maging isang pinaninirahang lugar ng Diyos sa espiritu.

3. Ang pagtatayong ito ay ang paggawa ni Kristo tungo sa mga tao upang sama-sama silang itayo sa pamamagitan ni Kristo upang sila ay maging kahayagan ng Diyos sa laman—1 Tim. 3:15-16:

   **1 Tim. 3:15-16** Ngunit kung ako ay maantala, sumusulat ako upang malaman mo kung paano dapat gumawi ang isang tao sa bahay ng Diyos, na siyang ekklesia ng Diyos na buháy, ang haligi at saligan ng katotohanan. [16]At walang alinlangan,

dakila ang hiwaga ng pagkamakadiyos: Siya na nahayag sa laman, Inaring-matuwid sa Espiritu, Nakita ng mga anghel, Ipinangaral sa mga bansa, Sinampalatayanan sa sanlibutan, Iniakyat sa kaluwalhatian.

a. Ang pinakamahalagang bagay sa ating gawain ay ang ihain ang nagtatayo at naitayong Diyos tungo sa iba nang sa gayon ay maitayo ng Tres-unong Diyos ang Kanyang sarili tungo sa kanilang katauhan—Mat. 16:18; Efe. 2:21-22; 3:17a; 1 Cor. 14:4b.

   **Mat. 16:18** At sinasabi Ko rin sa iyo na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking ekklesia, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makapananagumpay laban dito.

   **Efe. 2:21-22** Na sa Kanya, ang buong gusali, na inilalapat nang sama-sama, ay lumalago upang maging isang templong banal sa loob ng Panginoon; [22]Na sa Kanya, kayo rin naman ay itinatayo nang samasama upang maging isang pinaninirahang lugar ng Diyos sa espiritu.

   **Efe. 3:17a** Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig.

   **1 Cor. 14:4b** Itinatayo ng nagsasalita sa wika ang kanyang sarili, ngunit itinatayo ng nagpopropesiya ang ekklesia.

b. Kailangan nating isagawa ang isang bagay—ihain ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos tungo sa iba nang sa gayon ay maitayo Niya ang Kanyang sarili tungo sa kanilang panloob na tao; kailangan nating manalangin na turuan tayo ng Panginoon na gumawa sa ganitong paraan—2 Cor. 13:14; 1 Cor. 3:9a, 10, 12; Roma 11:36.

   **2 Cor. 13:14** Ang biyaya ng Panginoong Hesu-Kristo at ang pag-ibig ng Diyos at ang salamuha ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat.

   **1 Cor. 3:9a** Sapagkat kami ay mga kamanggagawa ng Diyos; kayo ang nilinang na lupain ng Diyos, ang gusali ng Diyos.

   **1 Cor. 3:10** Ayon sa biyaya ng Diyos na ibinigay sa akin, tulad ng isang marunong na punong tagapagtayo ay naglagay ako ng pundasyon, at ang iba ay nagtatayo sa ibabaw nito. Ngunit pag-ingatan ng bawat tao kung paano siya nagtatayo sa ibabaw nito.

   **1 Cor. 3:12** Subalit kung ang sinuman ay magtatayo sa ibabaw ng pundasyon ng ginto, pilak, mahahalagang bato, kahoy, damo, pinaggapasan.

   **Roma 11:36** Sapagkat mula sa Kanya at sa pamamagitan Niya at tungo sa Kanya ang lahat ng bagay. Suma-Kanya ang kaluwalhatian magpakailanman. Amen.

B. Sa pamamagitan ng pagtatayo ng ekklesia at pagpasok sa buhay-ekklesia, maliligtas tayo mula sa paghahatol ng Diyos sa masamang henerasyon ngayon sa pamamagitan ng matinding kapighatian at maihihiwalay mula sa henerasyong iyon upang ipasok sa isang bagong kapanahunan, ang kapanahunan ng milenyum—Heb. 11:7; Mat. 24:37-39; Luc. 17:26-27.

   **Heb. 11:7** Sa pamamagitan ng pananampalataya, si Noe, nang dibinong matagubilinan tungkol sa mga bagay na hindi pa nakikita at dala ng banal na takot, ay naghanda ng arka para sa kaligtasan ng kanyang sambahayan, na sa pamamagitan nito ay kinondena niya ang sanlibutan, at naging tagapagmana ng katuwirang ayon sa pananampalataya.

**Mat. 24:37-39** Sapagkat katulad ng mga araw ni Noe, magiging gayon din ang pagdating ng Anak ng Tao. [38]Sapagkat gaya nila sa mga araw na iyon bago ang baha, na kumakain at umiinom, nag-aasawa at pinag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa arka, [39]At hindi nila nalalaman na paparating ang paghahatol hanggang sa dumating ang baha at tinangay lahat, magiging gayundin ang pagdating ng Anak ng Tao.
**Luc. 17:26-27** At kung paano ang nangyari sa mga araw ni Noe, magiging gayundin sa mga araw ng Anak ng Tao: [27]Sila ay kumakain, sila ay umiinom, sila ay nag-aasawa, sila ay pinag-aasawa, hanggang sa araw na pumasok si Noe sa arka at dumating ang baha at pinuksa silang lahat.

*© 2026 Living Stream Ministry*

Mensahe Tatlo

## Ang Tagumpay ng mga Mandaraig na Makikita Kay Daniel at sa Kanyang mga Kasama

Babasahin sa Kasulatan: Dan. 1—6

**Dan. 1:1-21** Nang ikatlong taon ng paghahari ni Jehoiakim na hari ng Juda, dumating sa Jerusalem si
Nebukadnezar na hari ng Babilonia at kinubkob iyon. 2At ibinigay ng Panginoon si Jehoiakim na hari
ng Juda sa kanyang kamay, kabilang ang ilan sa mga kagamitan sa bahay ng Diyos. Ang mga ito ay
dinala niya sa lupain ng Shinar sa bahay ng kanyang diyos, at inilagay niya ang mga kagamitan sa
kabang-yaman ng kanyang diyos. 3At inutusan ng hari si Aspenaz, na pinuno ng kanyang mga eunuko,
na dalhin ang ilan sa mga Israelita na mula sa lahi ng hari at sa mga maharlika, 4mga kabataang walang
kapintasan, makikisig at bihasa sa lahat ng sangay ng karunungan, may taglay na kaalaman at pang-
unawa, at may kakayahang maglingkod sa palasyo ng hari. Ituturo sa kanila ang panitikan at wika ng
mga Caldeo. 5Ang hari ay nagtakda sa kanila sa araw-araw ng bahagi mula sa pagkain na kinakain at
alak na iniinom ng hari. Sila'y tuturuan sa loob ng tatlong taon upang sa katapusan ng panahong iyon
ay mailagay sila sa bulwagan ng hari. 6Kabilang sa mga ito ay sina Daniel, Hananias, Mishael, at Azarias
mula sa lipi ni Juda. 7Binigyan sila ng pinuno ng mga eunuko ng ibang pangalan: si Daniel ay tinawag
na Belteshasar, si Hananias ay tinawag na Shadrac, si Mishael ay tinawag na Meshac, at si Azarias ay
tinawag na Abednego. 8Ngunit ipinasiya ni Daniel na hindi niya durungisan ang sarili sa pamamagitan
ng bahagi ng pagkaing mula sa hari o ng alak man na kanyang iniinom. Kaya't kanyang hiniling sa
pinuno ng mga eunuko na pahintulutan siyang huwag dungisan ang kanyang sarili. 9At pinahintulutan
ng Diyos na si Daniel ay tumanggap ng lingap at habag mula sa pinuno ng mga eunuko. 10Sinabi ng
pinuno ng mga eunuko kay Daniel, "Ako'y natatakot na baka makita ng aking panginoong hari na
nagtakda ng inyong pagkain at inumin, na kayo ay nasa mas masamang kalagayan kaysa mga kabataan
na inyong kasinggulang. Kaya't ilalagay ninyo sa panganib ang aking ulo sa hari." 11Nang magkagayo'y
sinabi ni Daniel sa katiwala na hinirang ng pinuno ng mga eunuko upang mamuno kina Daniel,
Hananias, Mishael, at Azarias: 12"Subukin mo po sana ang iyong mga lingkod sa loob ng sampung araw.
Bigyan mo kami ng mga gulay na makakain at tubig na maiinom. 13Pagkatapos ay ihambing mo ang
aming anyo sa anyo ng mga kabataang nagsisikain ng pagkain ng hari; at ayon sa iyong makikita ay
gawin mo sa iyong mga lingkod." 14Kaya't sumang-ayon siya sa mungkahing ito, at sinubok sila sa loob
ng sampung araw. 15Sa katapusan ng sampung araw ay nakitang higit na mabuti ang kanilang anyo at
higit na mataba kaysa lahat ng mga kabataang nagsikain ng pagkain ng hari. 16Kaya't inalis ng katiwala
ang kanilang bahaging pagkain at alak na mula sa hari, at binigyan sila ng mga gulay. 17Tungkol sa
apat na mga binatang ito, pinagkalooban sila ng Diyos ng kaalaman at katalinuhan sa lahat ng turo at
karunungan. Si Daniel ay mayroong pagkaunawa sa lahat ng pangitain at mga panaginip. 18Sa
katapusan ng mga araw na itinakda ng hari sa paghaharap sa kanila, ipinasok sila ng pinuno ng mga
eunuko sa harap ni Nebukadnezar. 19At ang hari ay nakipag-usap sa kanila, at sa kanilang lahat ay
walang natagpuang gaya nina Daniel, Hananias, Mishael, at Azarias. Kaya't sila'y inilagay sa bulwagan
ng hari. 20At sa bawat bagay tungkol sa karunungan at pang-unawa na inusisa ng hari sa kanila,
kanyang natuklasan na sila'y sampung ulit na mas mahusay kaysa sa lahat ng salamangkero at mga
engkantador na nasa kanyang buong kaharian. 21At si Daniel ay namalagi roon hanggang sa unang
taon ng haring si Ciro.
**Dan. 2:1-49** Sa ikalawang taon ng paghahari ni Nebukadnezar, si Nabukadnezar ay nagkaroon ng mga
panaginip. Ang kanyang espiritu ay nabagabag, at hindi na siya makatulog. 2Nang magkagayo'y ipinag-
utos ng hari na tawagin ang mga salamangkero, mga engkantador, mga manghuhula, at ang mga
Caldeo, upang sabihin sa hari ang kanyang mga panaginip. Kaya sila'y dumating at humarap sa hari.

3At sinabi ng hari sa kanila, “Ako'y nanaginip at ang aking espiritu ay nabagabag sa pagnanais na
maunawaan ang panaginip.” 4Nang magkagayo'y sinabi ng mga Caldeo sa hari sa wikang Aramaico, “O
hari, mabuhay ka magpakailanman. Sabihin mo sa iyong mga lingkod ang panaginip, at aming
ipapaliwanag ang kahulugan.” 5Sinagot ng hari ang mga Caldeo, “Tiyak ang salita mula sa akin: kapag
hindi ninyo naipaalam sa akin ang panaginip at ang kahulugan nito, kayo'y pagpuputul-putulin, at ang
inyong mga bahay ay gagawing bunton ng dumi. 6Ngunit kung inyong ipapaalam ang panaginip at ang
kahulugan nito, kayo'y tatanggap sa akin ng mga kaloob, mga gantimpala at dakilang karangalan.
Kaya't ipaalam ninyo sa akin ang panaginip at ang kahulugan nito.” 7Sila’y sumagot sa ikalawang
pagkakataon, at nagsabi, “Sabihin ng hari sa kanyang mga lingkod ang panaginip, at aming
ipapaliwanag ang kahulugan.” 8Ang hari ay sumagot, “Nakakatiyak ako na sinisikap ninyong
magkaroon pa ng dagdag na panahon, sapagkat inyong nalalaman na ang aking salita ay tiyak, 9na
kung hindi ninyo ipaalam sa akin ang panaginip, may iisang kautusan lamang para sa inyo. Sapagkat
kayo'y nagkasundong magsalita ng kasinungalingan at masasamang salita sa harapan ko hanggang sa
ang panahon ay magbago. Kaya't sabihin ninyo sa akin ang panaginip, at malalaman ko kung inyong
maipapaliwanag sa akin ang kahulugan nito.” 10Ang mga Caldeo ay sumagot sa hari, at nagsabi,
“Walang tao sa lupa na makapagbibigay ng hinihingi ng hari; sapagkat walang gayong kadakilang hari
at makapangyarihang hari ang nagtanong ng ganyang bagay sa kaninumang salamangkero,
engkantador, o Caldeo. 11At ang bagay na hinihingi ng hari ay napakahirap at walang
makakapagpakita nito sa hari, maliban sa mga diyos, na ang tahanan ay hindi kasama ng mga tao.”
12Dahil sa bagay na ito ang hari ay nagalit at naging mabagsik at iniutos na patayin ang lahat ng pantas
ng Babilonia. 13Kaya’t ang utos ay kumalat na ang mga pantas ay papatayin; at hinanap nila si Daniel
at ang kanyang mga kasama upang patayin sila. 14Nang magkagayo'y maingat at mahinahong sumagot
si Daniel kay Arioc na punong-kawal ng bantay ng hari, na lumabas upang patayin ang mga pantas ng
Babilonia. 15Sinabi niya kay Arioc na punong-kawal ng hari, “Bakit madalian ang utos ng hari?”
Ipinaliwanag ni Arioc ang pangyayari kay Daniel. 16Kaya’t si Daniel ay pumasok at humiling sa hari na
bigyan siya ng panahon, upang kanyang maipaalam sa hari ang kahulugan. 17Pumasok si Daniel sa
kanyang bahay at ipinaalam ang pangyayari kina Hananias, Mishael, at Azarias na kanyang mga
kaibigan. 18Kanyang sinabihan sila na humingi ng awa sa Diyos ng kalangitan tungkol sa hiwagang ito,
upang si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay huwag mamatay na kasama ng ibang mga pantas ng
Babilonia. 19At sinabihan sila na humingi ng awa sa Diyos ng kalangitan tungkol sa hiwagang ito,
upang si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay huwag mamatay na kasama ng ibang mga pantas ng
Babilonia. 20Sinabi ni Daniel: “Purihin ang pangalan ng Diyos magpakailanman, sapagkat sa kanya ang
karungungan at kapangyarihan. 21Siya ang nagbabago ng mga panahon at mga kapanahunan; siya'y
nag-aalis ng mga hari, at naglalagay ng mga hari; siya'y nagbibigay ng karunungan sa marunong at ng
kaalaman sa may pang-unawa; 22siya ang naghahayag ng malalalim at mahihiwagang bagay; kanyang
nalalaman kung ano ang nasa kadiliman, at ang liwanag ay naninirahan sa kanya. 23Sa iyo, O Diyos ng
aking mga ninuno, ako'y nagpapasalamat at nagpupuri, sapagkat binigyan mo ako ng karunungan at
kapangyarihan, at ipinaalam mo sa akin ang aming hinihiling sa iyo; sapagkat iyong ipinaalam sa amin
ang nangyari sa hari.” 24Kaya’t pinuntahan ni Daniel si Arioc na siyang hinirang ng hari upang patayin
ang mga pantas ng Babilonia at sinabi sa kanya ang ganito, “Huwag mong patayin ang mga pantas ng
Babilonia; dalhin mo ako sa harapan ng hari, at aking ipapaalam sa hari ang kahulugan.” 25Nang
magkagayo'y nagmamadaling dinala ni Arioc si Daniel sa harapan ng hari, at sinabi ang ganito sa
kanya, “Ako'y nakatagpo sa mga bihag mula sa Juda ng isang lalaking makapagsasabi ng kahulugan sa
hari.” 26Sinabi ng hari kay Daniel na ang pangalan ay Belteshasar, “Kaya mo bang ipaalam sa akin ang
panaginip na aking nakita, at ang kahulugan nito?” 27Si Daniel ay sumagot sa hari, “Walang pantas,
mga engkantador, o mga salamangkero man ang makapagpapakita sa hari ng hiwaga na hiningi ng

hari. 28Ngunit may isang Diyos sa langit na naghahayag ng mga hiwaga, at kanyang ipinaalam sa
Haring Nebukadnezar kung ano ang mangyayari sa mga huling araw. Ang iyong panaginip at pangitain
habang ikaw ay nakahiga sa higaan ay ang mga ito: 29Tungkol sa iyo, O hari, habang ikaw ay nasa iyong
higaan ay bumaling ang iyong mga pag-iisip kung ano ang mangyayari sa hinaharap; at siya na
naghahayag ng mga hiwaga ay ipinaalam sa iyo kung ano ang mangyayari. 30Ngunit tungkol sa akin,
ang hiwagang ito ay hindi ipinahayag sa akin dahil sa anumang higit na karunungan mayroon ako
kaysa sinumang may buhay, kundi upang ang kahulugan ay maipaalam sa hari, at upang iyong
maunawaan ang mga nilalaman ng iyong isipan. 31“Ikaw ay nakamasid, O hari, at nakakita ka ng isang
malaking rebulto. Ang rebultong ito, makapangyarihan at lubhang makinang, ay tumayo sa harapan
mo, at ang anyo nito'y kakilakilabot. 32Ang ulo ng rebultong ito ay dalisay na ginto; ang dibdib at mga
bisig nito ay pilak, ang tiyan at mga hita nito ay tanso. 33Ang mga binti nito ay bakal, ang mga paa nito
ay may bahaging bakal at may bahaging luwad. 34Patuloy kang tumitingin hanggang sa may natibag
na isang bato, hindi sa pamamagitan ng mga kamay, at ito'y tumama sa rebulto sa mga paa nitong
bakal at luwad, at dinurog ang mga ito. 35Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak,
at ang ginto ay nagkadurug-durog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito
ay tinangay ng hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na
tumama sa rebulto ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa. 36“Ito ang panaginip;
ngayo'y aming sasabihin sa hari ang kahulugan nito. 37Ikaw, O hari, ay hari ng mga hari, na binigyan
ng Diyos sa langit ng kaharian, kapangyarihan, kalakasan, at ng kaluwalhatian; 38at saanman
naninirahan ang mga anak ng mga tao, o ang mga hayop sa parang, o ang mga ibon sa himpapawid ay
ibinigay niya ang mga ito sa iyong kamay, at pinamuno ka sa kanilang lahat. Ikaw ang ulong ginto.
39Pagkatapos mo ay babangon ang ibang kaharian na mas mababa kaysa iyo; at mayroon pang
ikatlong kahariang tanso na mamumuno sa buong lupa. 40At magkakaroon ng ikaapat na kaharian,
kasintibay ng bakal, sapagkat ang bakal ay nakakadurog at nakakawasak ng lahat ng bagay; at gaya
ng bakal na nakakadurog, kanyang dudurugin at babasagin ang lahat ng ito. 41Kung paanong iyong
nakita na ang mga paa at mga daliri ay may bahaging luwad ng magpapalayok at may bahaging bakal,
ito ay magiging kahariang hati; ngunit ang pagiging matigas ng bakal ay tataglayin nito, yamang iyong
nakita na ang bakal ay nakahalo sa luwad. 42Kung paanong ang mga daliri ng paa ay bakal ang isang
bahagi at ang isang bahagi ay luwad, ang kaharian ay may bahaging matibay at may bahaging
marupok. 43Kung paanong iyong nakita na ang bakal ay nahahaluan ng luwad, pagsasamahin nila ang
kanilang mga sarili sa binhi ng mga tao, ngunit hindi sila magkakahalo, kung paanong ang bakal ay
hindi humahalo sa luwad. 44At sa mga araw ng mga haring iyon ang Diyos sa langit ay magtatatag ng
isang kaharian na hindi magigiba kailanman, o ang kapangyarihan man nito'y iiwan sa ibang bayan.
Dudurugin nito at wawakasan ang lahat ng mga kahariang iyon, at ito'y mananatili magpakailanman.
45Kung paanong iyong nakita na ang isang bato ay natibag mula sa bundok, hindi sa pamamagitan ng
kamay at dinurog ang mga bakal, ang tanso, ang luwad, ang pilak, at ang ginto, ipinaalam ng dakilang
Diyos sa hari kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Ang panaginip ay totoo at ang kahulugan nito'y
mapagkakatiwalaan.” 46Nang magkagayo'y nagpatirapa si Haring Nebukadnezar at nagbigay-galang
kay Daniel, at nag-utos na sila'y maghandog ng alay at ng insenso sa kanya. 47Sumagot ang hari kay
Daniel at nagsabi, “Tunay na ang inyong Diyos ay Diyos ng mga diyos, at Panginoon ng mga hari, at
tagapaghayag ng mga hiwaga, yamang naipahayag mo ang hiwagang ito.” 48Nang magkagayo'y
binigyan ng hari si Daniel ng mataas na karangalan at ng maraming malalaking kaloob, at kanyang
ginawa siyang tagapamahala sa buong lalawigan ng Babilonia at punong-tagapamahala ng lahat ng
pantas sa Babilonia. 49At si Daniel ay humiling sa hari, at kanyang hinirang sina Shadrac, Meshac, at
Abednego, upang mamahala sa mga gawain sa lalawigan ng Babilonia; ngunit si Daniel ay namalagi
sa bulwagan ng hari.

**Dan. 3:1-30** Ang haring si Nebukadnezar ay gumawa ng isang rebultong ginto na ang taas ay
siyamnapung talampakan, at ang lapad ay siyam na talampakan. Itinayo niya ito sa kapatagan ng Dura,
sa lalawigan ng Babilonia. 2At nagsugo si Haring Nebukadnezar upang tipunin ang mga
tagapangasiwa ng lalawigan, mga kinatawan, mga gobernador, mga ingat-yaman, mga tagapayo, mga
hukom, at ang lahat ng mga pinuno ng mga lalawigan upang pumunta sa pagtatalaga ng rebultong
itinayo ng haring si Nebukadnezar. 3At nagtipon ang mga tagapangasiwa ng lalawigan, mga
kinatawan, mga gobernador, mga hukom, ang mga ingat-yaman, mga tagapayo, mga pinuno at lahat
ng pinuno ng mga lalawigan sa pagtatalaga ng rebultong itinayo ng haring si Nebukadnezar. Sila'y
tumayo sa harapan ng rebultong itinayo ni Nebukadnezar. 4At malakas na ipinahayag ng
tagapagbalita, “Sa inyo'y ipinag-uutos, O mga bayan, mga bansa, at mga wika, 5na kapag inyong narinig
ang tunog ng tambuli, plauta, alpa, sambuko, salterio, tambol at ng iba pang mga panugtog, kayo'y
magpapatirapa at sasamba sa rebultong ginto na ipinatayo ng haring si Nebukadnezar. 6Sinumang
hindi magpatirapa at sumamba ay kaagad na ihahagis sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy.”
7Kaya’t sa oras na iyon, nang marinig ng lahat ng mga bayan ang tunog ng tambuli, plauta, alpa,
sambuko, salterio, at ng iba pang mga panugtog, ang lahat ng bayan, mga bansa, at mga wika, ay
nagpatirapa at nagsisamba sa rebultong ginto na itinayo ng haring si Nebukadnezar. 8Kaya’t nang
panahong iyon ay nagsilapit ang ilang Caldeo, at nagbigay ng mga paratang laban sa mga Judio. 9Sila’y
sumagot at sinabi sa haring si Nebukadnezar, “O hari, mabuhay ka magpakailanman! 10Ikaw, O hari,
ay gumawa ng utos na bawat taong makarinig sa tunog ng tambuli, plauta, alpa, sambuko, salterio,
tambol, at ng iba pang mga panugtog, ay magpapatirapa at sasamba sa rebultong ginto. 11At sinumang
hindi magpatirapa at sumamba ay ihahagis sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy. 12May sinumang
hindi magpatirapa at sumamba ay ihahagis sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy. 13Kaya’t sa poot
at galit ay ipinag-utos ni Nebukadnezar na dalhin sa kanya sina Shadrac, Meshac, at Abednego. Dinala
nga nila ang mga lalaking ito sa harapan ng hari. 14Sumagot si Nebukadnezar at sinabi sa kanila, “O
Shadrac, Meshac, at Abednego, totoo ba na kayo'y hindi naglilingkod sa aking diyos, ni nagsisisamba
man sa rebultong ginto na aking itinayo? 15Mabuti kung kayo'y handa ngayon na magpatirapa at
sumamba sa rebultong ginawa ko sa sandaling inyong marinig ang tunog ng tambuli, plauta, alpa,
sambuko, salterio, tambol, at ng iba pang mga panugtog. Ngunit kapag kayo'y hindi sasamba, kayo'y
kaagad na ihahagis sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy; at sinong diyos ang magliligtas sa inyo
sa aking mga kamay?” 16Sina Shadrac, Meshac, at Abednego ay sumagot sa hari, “O Nebukadnezar,
hindi namin kailangang sagutin ka sa bagay na ito. 17Kung mangyayari na ang aming Diyos na
pinaglilingkuran namin ay makapagliligtas sa amin sa hurno ng nagniningas na apoy; ay hayaang
iligtas niya kami sa iyong kamay, O hari. 18Ngunit kung sakali mang hindi, dapat mong malaman, O
hari, na hindi kami maglilingkod sa iyong mga diyos, ni sasamba man sa rebultong ginto na iyong
ipinatayo.” 19Kaya’t napuno ng galit si Nebukadnezar, at ang anyo ng kanyang mukha ay nagbago laban
kina Shadrac, Meshac, at Abednego. Siya'y nagsalita at iniutos na painitin ang hurno ng pitong ulit na
higit kaysa dating init nito. 20Kanyang inutusan ang ilang magigiting na mandirigma mula sa kanyang
hukbo na gapusin sina Shadrac, Meshac, at Abednego, at sila'y ihagis sa hurno ng nagniningas na apoy.
21Ang mga lalaking ito'y tinalian na may mga suot, may tunika, at may balabal, at may ibang mga
kasuotan, at sila'y inihagis sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy. 22Sapagkat ang utos ng hari ay
pang-madalian at ang hurno ay lubhang pinainit, pinatay ng liyab ng apoy ang mga lalaking bumuhat
kina Shadrac, Meshac, at Abednego. 23Ngunit ang tatlong lalaking ito, sina Shadrac, Meshac, at
Abednego, ay bumagsak na nakagapos sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy. 24Kaya’t ang haring
si Nebukadnezar ay nagtaka at nagmamadaling tumindig. Sinabi niya sa kanyang mga tagapayo, “Di
ba tatlong nakagapos na lalaki ang ating inihagis sa apoy?” Sila'y sumagot sa hari, “Totoo, O hari.”
25Siya’y sumagot, “Tingnan ninyo, ang nakikita ko'y apat na lalaki na hindi nakagapos na naglalakad

sa gitna ng apoy at sila'y walang paso at ang anyo ng ikaapat ay gaya ng isang anak ng mga diyos.”
[26]Nang magkagayo'y lumapit si Nebukadnezar sa pintuan ng hurno ng nagniningas na apoy at sinabi,
“Shadrac, Meshac, at Abednego, mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos, lumabas kayo at pumarito
kayo!” Kaya't sina Shadrac, Meshac, at Abednego ay lumabas mula sa kalagitnaan ng apoy. [27]At ang
mga tagapangasiwa ng lalawigan, mga kinatawan, mga gobernador, at ang mga tagapayo ng hari ay
nagtipun-tipon at nakita na ang apoy ay hindi nagkaroon ng anumang kapangyarihan sa katawan ng
mga lalaking ito. Ang mga buhok ng kanilang mga ulo ay hindi nadarang, ni nasunog man ang kanila
mga suot, ni nag-amoy apoy man sila. [28]Nagsalita si Nebukadnezar at sinabi, “Purihin ang Diyos nina
Shadrac, Meshac, at Abednego, na nagsugo ng kanyang anghel at nagligtas sa kanyang mga lingkod na
nagtiwala sa kanya. Kanilang sinuway ang utos ng hari, at isinuko ang kanilang mga katawan kaysa
maglingkod o sumamba sa sinumang diyos maliban sa kanilang sariling Diyos. [29]Kaya’t ako'y nag-
uutos na ang bawat bayan, bansa, at wika, na magsalita ng anumang masama laban sa Diyos nina
Shadrac, Meshac, at Abednego, ay pagpuputul-putulin, at ang kanilang mga bahay ay gagawing bunton
ng basura, sapagkat walang ibang diyos na makapagliligtas sa ganitong paraan.” [30]Nang magkagayo'y,
itinaas ng hari sa katungkulan sina Shadrac, Meshac, at Abednego sa lalawigan ng Babilonia.
**Dan. 4:1-37** Si Nebukadnezar na hari, sa lahat ng bayan, mga bansa, at wika na naninirahan sa buong
lupa: Nawa'y sumagana sa inyo ang kapayapaan! [2]Inaakala kong mabuting ipahayag ang mga tanda at
mga kababalaghang ginawa para sa akin ng Kataas-taasang Diyos. [3]Napakadakila ng kanyang mga
tanda! at makapangyarihan ang kanyang mga kababalaghan! Ang kanyang kaharian ay walang
hanggang kaharian, at ang kanyang kapangyarihan ay mula sa salinlahi hanggang sa salinlahi. [4]Akong
si Nebukadnezar ay nagpapahinga sa aking bahay, at namumuhay nang sagana sa aking palasyo.
[5]Ako’y nakakita ng isang panaginip na tumakot sa akin; habang ako'y nakahiga sa aking higaan, ang
mga guni-guni at mga pangitain ay bumagabag sa akin. [6]Kaya’t ipinag-utos ko na iharap sa akin ang
lahat ng pantas sa Babilonia, upang kanilang ipaalam sa akin ang kahulugan ng panaginip. [7]Nang
magkagayo'y dumating ang mga salamangkero, mga engkantador, mga Caldeo, at ang mga
manghuhula, at isinalaysay ko sa kanila ang panaginip, ngunit hindi nila maipaalam sa akin ang
kahulugan nito. [8]Ngunit sa wakas dumating sa harap ko si Daniel, na ang pangala'y Belteshasar, ayon
sa pangalan ng aking diyos, at siyang kinaroroonan ng espiritu ng mga banal na diyos; at isinalaysay
ko sa kanya ang panaginip: [9]O Belteshasar, na puno ng mga salamangkero, sapagkat nalalaman ko na
ang espiritu ng mga banal na diyos ay nasa iyo, at walang hiwagang napakahirap para sa iyo, narito
ang panaginip na aking nakita, sabihin mo sa akin ang kahulugan nito. [10]Ngayon ay ganito ang mga
pangitain sa aking pag-iisip habang ako'y nasa higaan: Ako'y nakatingin, at narito, may isang
punungkahoy sa gitna ng lupa, at ito'y napakataas. [11]Ang punungkahoy ay lumaki, at naging matibay,
at ang tuktok nito'y umabot hanggang sa langit, at ito'y natatanaw hanggang sa dulo ng buong lupa.
[12]Ang mga dahon nito'y magaganda, at ang bunga nito'y marami, at doo'y may pagkain para sa lahat.
Ang mga hayop sa parang ay may lilim sa ilalim nito, at ang mga ibon sa himpapawid ay nagpupugad
sa mga sanga nito, at ang lahat na tao ay pinakakain mula roon. [13]“Aking nakita sa mga pangitain sa
aking pag-iisip habang ako'y nakahiga sa aking higaan, at nakita ko ang isang bantay, isang banal ang
bumaba mula sa langit. [14]Siya’y sumigaw nang malakas at nagsabi ng ganito, ‘Ibuwal ang
punungkahoy at putulin ang kanyang mga sanga, lagasin ang mga dahon at ikalat ang kanyang mga
bunga; paalisin ang mga hayop sa ilalim nito at ang mga ibon sa kanyang mga sanga. [15]Gayunma’y
inyong iwan ang tuod ng kanyang mga ugat sa lupa, na gapos ng bakal at tanso sa gitna ng murang
damo sa parang. Hayaan siyang mabasa ng hamog ng langit, hayaan siyang makasama ng mga hayop
sa damo ng lupa. [16]Hayaang ang kanyang isipan na pusong tao ay mapalitan at puso ng hayop ang
ibigay sa kanya; at hayaang ang pitong mga panahon ay lumipas sa kanya. [17]Ang hatol na ito ay sa
pamamagitan ng utos ng mga bantay, ang pasiya ay sa pamamagitan ng salita ng mga banal; upang

malaman ng mga may buhay na ang Kataas-taasan ay namumuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay
niya ito sa kaninumang kanyang naisin, at pinamumuno niya rito ang pinakamababa sa mga tao.'
[18]Akong si Haring Nebukadnezar ay nakakita ng panaginip na ito. At ngayon ikaw, O Belteshasar,
ipahayag mo ang kahulugan, sapagkat lahat ng pantas sa aking kaharian ay hindi makapagpahayag sa
akin ng kahulugan, ngunit magagawa mo sapagkat ang espiritu ng mga banal na diyos ay nasa iyo."
[19]Nang magkagayon, si Daniel na tinatawag na Belteshasar ay sandaling nabagabag at ikinatakot niya
ang nasa kanyang isipan. Sinabi ng hari, "Belteshasar, huwag kang mabagabag dahil sa panaginip, o
sa kahulugan." Si Belteshasar ay sumagot, "Aking panginoon, ang panaginip nawa ay para sa napopoot
sa iyo, at ang kahulugan nito'y mangyari nawa sa iyong mga kaaway! [20]Ang punungkahoy na iyong
nakita na tumubo at naging matibay, na ang taas ay umabot sa langit, at ito'y natatanaw sa buong
lupa; [21]na ang mga daho'y magaganda, at ang bunga nito'y marami, at naging pagkain para sa lahat;
na sa lilim nito ay tumitira ang mga hayop sa parang, at sa kanyang mga sanga'y dumadapo ang mga
ibon sa himpapawid— [22]ikaw iyon, O hari, na naging napakalaki at matibay. Ang iyong kadakilaan ay
lumaki at umaabot hanggang sa langit, at ang iyong kapangyarihan ay hanggang sa dulo ng lupa. [23]At
yamang nakita ng hari ang isang bantay at isang banal na bumababa mula sa langit, at nagsasabi,
'Ibuwal ninyo ang punungkahoy at inyong wasakin, ngunit itira ninyo ang tuod ng mga ugat nito sa
lupa na gapos ng bakal at tanso, sa sariwang damo sa parang. Bayaang mabasa siya ng hamog ng
langit, at makasama siya ng mga hayop sa parang, hanggang sa ang pitong panahon ay lumipas sa
kanya'— [24]ito ang kahulugan, O hari, at ito ay utos ng Kataas-taasan na sumapit sa aking panginoong
hari: [25]Ikaw ay palalayasin mula sa mga tao, at ang iyong tahanan ay kasama ng mga hayop sa parang.
Ikaw ay pakakainin ng damo na gaya ng mga baka, at mababasa ka ng hamog ng langit. Pitong
panahon ang lilipas sa iyo hanggang sa iyong malaman na ang Kataas-taasan ay namumuno sa
kaharian ng mga tao, at ibinibigay ito sa sinumang maibigan niya. [26]Kung paanong iniutos na iwan
ang tuod ng mga ugat ng kahoy; ang iyong kaharian ay magiging tiyak para sa iyo, mula sa panahon
na iyong malaman na ang Langit ang namumuno. [27]Kaya't, O hari, tanggapin mo nawa ang aking payo:
putulin mo na ang iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng paggawa ng katuwiran, at ang iyong mga
kasamaan sa pamamagitan ng pagpapakita ng kaawaan sa naaapi, upang humaba pa ang iyong
kasaganaan." [28]Lahat ng ito'y nangyari sa haring si Nebukadnezar. [29]Sa katapusan ng labindalawang
buwan, siya ay lumalakad sa bubungan ng palasyo ng hari ng Babilonia. [30]Nagsalita ang hari at sinabi,
"Hindi ba ito ang dakilang Babilonia na aking itinayo sa pamamagitan ng lakas ng aking
kapangyarihan bilang tahanan ng hari at para sa kaluwalhatian ng aking kadakilaan?" [31]Samantalang
ang mga salita ay nasa bibig pa ng hari, may isang tinig na nanggaling sa langit, "O Haring
Nebukadnezar, sa iyo'y ipinahahayag: Ang kaharian ay umalis na sa iyo! **[32]**Ikaw ay palalayasin sa mga
tao, at ang iyong tirahan ay kasama ng mga hayop sa parang. Ikaw ay pakakainin ng damo na gaya ng
mga baka at pitong panahon ang daraan sa iyo, hanggang sa iyong kilalanin na ang Kataas-taasan ay
namumuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay niya ito sa sinumang kanyang naisin." [33]Kaagad
natupad ang salita tungkol kay Nebukadnezar. Siya'y pinalayas mula sa mga tao at kumain ng damo
na gaya ng mga baka. Ang kanyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit, hanggang sa ang kanyang
buhok ay lumago na kasinghaba ng balahibo ng mga agila, at ang kanyang mga kuko ay gaya ng sa
mga ibon. [34]At sa katapusan ng panahong iyon, akong si Nebukadnezar ay nagtaas ng aking paningin
sa langit, at ang aking katinuan ay nanumbalik sa akin. Aking pinuri ang Kataas-taasan, at aking pinuri
at pinarangalan siya na nabubuhay magpakailanman. Sapagkat ang kanyang kapangyarihan ay
walang hanggang kapangyarihan, at ang kanyang kaharian ay nananatili sa sali't salinlahi. [35]Ang lahat
ng naninirahan sa lupa ay ibinibilang na wala; at kanyang ginagawa ang ayon sa kanyang kalooban sa
hukbo ng langit, at sa mga nananahan sa lupa. Walang makakahadlang sa kanyang kamay, o
makapagsasabi sa kanya, "Anong ginagawa mo?" [36]Sa oras na iyon ay nanumbalik sa akin ang aking

katinuan, at ang aking kadakilaan at kamahalan ay ibinalik sa akin para sa kaluwalhatian ng aking
kaharian. Hinanap ako ng aking mga tagapayo at mga maharlikang tao; at ako'y muling inilagay sa
aking kaharian, at higit pang kadakilaan ang naparagdag sa akin. 37Ngayon akong si Nebukadnezar ay
nagpupuri, at nagbubunyi, at nagpaparangal sa Hari ng langit; sapagkat ang lahat niyang gawa ay
katotohanan, at ang kanyang mga pamamaraan ay makatarungan; at kaya niyang ibaba ang mga
lumalakad na may kapalaluan.
**Dan. 5:1-31** Ang haring si Belshasar ay nagdaos ng malaking handaan sa isang libo niyang mga
maharlika, at uminom siya ng alak sa harapan ng isang libo. 2Nang matikman ni Haring Belshasar ang
alak, ipinag-utos niya na dalhin doon ang mga sisidlang ginto at pilak na kinuha ni Nebukadnezar na
kanyang ama sa templo na nasa Jerusalem, upang mainuman ng hari, ng kanyang mga maharlika, ng
kanyang mga asawa, at ng kanyang mga asawang-lingkod. 3Kaya't dinala nila ang mga sisidlang ginto
at pilak na inilabas sa templo, na bahay ng Diyos na nasa Jerusalem. Ang mga ito ay ininuman ng hari,
ng kanyang mga maharlika, ng kanyang mga asawa, at ng kanyang mga asawang-lingkod. 4Sila'y nag-
inuman ng alak, at nagpuri sa mga diyos na ginto, pilak, tanso, bakal, kahoy, at bato. 5Nang oras ding
iyon ay may lumitaw na mga daliri ng kamay ng tao at sumulat sa palitada ng pader ng palasyo ng
hari, sa tapat ng ilawan at nakita ng hari ang bahagi ng kamay nang ito ay sumusulat. 6Nang
magkagayo'y namutla ang mukha ng hari, at binagabag siya ng kanyang mga pag-iisip. Ang
pagkakasugpong ng kanyang mga balakang ay halos nakalag, at ang kanyang mga tuhod ay nagka-
umpugan. 7Ang hari ay sumigaw nang malakas upang papasukin ang mga engkantador, mga Caldeo,
at mga manghuhula. Ang hari ay nagsalita sa mga pantas ng Babilonia, "Sinumang makakabasa ng
sulat na ito, at makapagpaliwanag sa akin ng kahulugan nito ay susuotan ng kulay ube, magkakaroon
ng kuwintas na ginto sa palibot ng kanyang leeg, at magiging ikatlong pinuno sa kaharian." 8Nang
magkagayo'y pumasok ang lahat ng pantas ng hari, ngunit hindi nila mabasa ang sulat, o
maipaliwanag man sa hari ang kahulugan nito. 9Kaya't lubhang nabagabag si Haring Belshasar, at ang
kanyang kulay ay nabago, at ang kanyang mga maharlika ay nalito. 10Ang reyna, dahil sa mga salita ng
hari at ng kanyang mga maharlika, ay pumasok sa bulwagang pinagdarausan ng kasayahan. Nagsalita
ang reyna at sinabi, "O hari, mabuhay ka magpakailanman! Huwag kang bagabagin ng iyong mga pag-
iisip, o mamutla man ang iyong mukha. 11May isang lalaki sa iyong kaharian na may espiritu ng mga
banal na diyos. Sa mga araw ng iyong ama, natagpuan sa kanya ang liwanag, pagkaunawa, at
karunungan, na gaya ng karunungan ng mga diyos. Ginawa siya ni Haring Nebukadnezar, na iyong
ama, bilang puno ng mga salamangkero, mga engkantador, mga Caldeo, at ng mga manghuhula,
12palibhasa'y isang di-pangkaraniwang espiritu, kaalaman, at pagkaunawa na makapagpaliwanag ng
mga panaginip at mga bugtong, at paglutas ng mga suliranin ang natagpuan sa Daniel na iyon, na
pinangalanan ng hari na Belteshasar. Ipatawag si Daniel, at kanyang ihahayag ang kahulugan." 13Nang
magkagayo'y dinala si Daniel sa harapan ng hari. Sinabi ng hari kay Daniel, "Ikaw ba si Daniel na isa
sa mga bihag mula sa Juda, na kinuha sa Juda ng aking amang hari? 14Nabalitaan ko na ang espiritu
ng mga banal na diyos ay nasa iyo, at ang liwanag at pagkaunawa at di-pangkaraniwang karunungan
ay natagpuan sa iyo. 15Ang mga pantas at mga engkantador ay dinala sa harapan ko upang kanilang
basahin ang sulat na ito, at ipaalam sa akin ang kahulugan nito, ngunit hindi nila maipaliwanag ang
kahulugan nito. 16Ngunit nabalitaan ko na ikaw ay nakapagbibigay ng mga kahulugan at nakakalutas
ng mga suliranin. Kung iyo ngang mababasa ang nakasulat, at maipaalam sa akin ang kahulugan, ikaw
ay daramtan ng kulay ube. Magkakaroon ka ng kuwintas na ginto sa palibot ng iyong leeg, at ikaw ay
magiging ikatlong puno sa kaharian." 17Nang magkagayo'y sumagot si Daniel sa harapan ng hari, "Iyo
na ang iyong mga kaloob, o ibigay mo ang iyong mga gantimpala sa iba! Gayunma'y aking babasahin
sa hari ang nakasulat at ipapaalam ko sa kanya ang kahulugan. 18O hari, ang Kataas-taasang Diyos ay
nagbigay kay Nebukadnezar na iyong ama ng kaharian, kadakilaan, kaluwalhatian, at kamahalan.

19Dahil sa kadakilaang ibinigay niya sa kanya, nanginig at natakot sa harapan niya ang lahat ng mga
bayan, mga bansa, at wika. Ang ibig niyang patayin ay kanyang pinapatay, at ang ibig niyang buhayin
ay kanyang hinahayaang mabuhay. Ang ibig niyang itaas ay kanyang itinataas, at ang ibig niyang ibaba
ay kanyang ibinababa. 20Ngunit nang ang kanyang puso ay magpakataas, at ang kanyang espiritu ay
magmatigas at siya'y nag-asal na may kapalaluan, siya'y pinatalsik sa kanyang trono ng pagkahari, at
ang kanyang kaluwalhatian ay inalis sa kanya. 21Siya'y pinalayas mula sa mga anak ng mga tao, at ang
kanyang puso ay naging gaya ng sa hayop, at ang kanyang tahanan ay kasama ng maiilap na mga asno.
Siya'y pinakain ng damo na gaya ng mga baka, at ang kanyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit;
hanggang sa kanyang kilalanin na ang Kataas-taasang Diyos ay naghahari sa kaharian ng mga tao, at
iniluluklok niya roon ang sinumang kanyang maibigan. 22Ngunit ikaw na kanyang anak, O Belshasar,
ay hindi mo pinapagkumbaba ang iyong puso, bagaman iyong nalalaman ang lahat ng ito! 23Itinaas
mo ang iyong sarili laban sa Panginoon ng langit! Kanilang dinala ang mga sisidlan ng kanyang bahay
sa harapan mo, at ikaw, at ang iyong mga maharlika, ang iyong mga asawa at ang iyong mga asawang-
lingkod, ay uminom ng alak mula sa mga iyon. Pinuri mo ang mga diyos na pilak, ginto, tanso, bakal,
kahoy at bato, na hindi nakakakita, nakakarinig, o nakakaalam man. Ngunit ang Diyos na may hawak
sa iyong paghinga, at sa kanya ang lahat mong mga lakad, ay hindi mo niluwalhati. 24Kaya't mula sa
kanyang harapan ay sinugo niya ang kamay, at ang sulat na ito'y iniukit. 25At ito ang sulat na iniukit:
MENE, MENE, TEKEL, UPHARSIN. 26Ito ang kahulugan ng bagay: MENE; binilang na ng Diyos ang mga
araw ng iyong kaharian, at ito ay winakasan. 27TEKEL; ikaw ay tinimbang sa timbangan at natuklasang
kulang. 28PERES, ang iyong kaharian ay hinati at ibinigay sa mga taga-Media at taga-Persia." 29Nang
magkagayo'y nag-utos si Belshasar, at dinamitan nila si Daniel ng kulay ube, at kuwintas na ginto ang
inilagay sa palibot ng leeg niya. Gumawa siya ng pahayag tungkol sa kanya, na siya'y dapat maging
ikatlong pinuno sa kaharian. 30Nang gabing iyon ay napatay si Belshasar na hari ng mga Caldeo. 31At
tinanggap ni Dario na taga-Media ang kaharian, siya noo'y halos animnapu't dalawang taong gulang.
**Dan. 6:1-28** Minabuti ni Dario na magtalaga sa kaharian ng isandaan at dalawampung satrap, na
mamamahala sa buong kaharian. 2Ang namumuno sa kanila'y tatlong pangulo, na isa sa kanila ay si
Daniel. Ang mga tagapamahalang ito ay magbibigay-sulit sa kanila upang ang hari ay huwag malagay
sa panganib. 3Hindi nagtagal, si Daniel ay nangibabaw sa lahat ng ibang mga pangulo at sa mga satrap,
sapagkat taglay niya ang isang di-pangkaraniwang espiritu; at pinanukala ng hari na italaga siya
upang mamuno sa buong kaharian. 4Nang magkagayo'y sinikap ng mga pangulo at ng mga
tagapamahala na makakita ng batayan upang makapagsumbong laban kay Daniel tungkol sa
kaharian. Ngunit hindi sila makakita ng anumang batayan upang makapagsumbong o anumang
pagkukulang sapagkat tapat siya, at walang kamalian ni pagkukulang na natagpuan sa kanya. 5Nang
magkagayo'y sinabi ng mga lalaking ito, "Hindi tayo makakatagpo ng anumang batayan na
maisusumbong laban sa Daniel na ito, malibang ito'y ating matagpuan na may kinalaman sa kautusan
ng kanyang Diyos." 6Kaya't ang mga pangulo at mga tagapamahalang ito ay dumating na magkakasama
sa hari, at sinabi sa kanya, "O Haring Dario, mabuhay ka magpakailanman! 7Lahat ng mga pangulo ng
kaharian, mga kinatawan, mga tagapamahala, mga tagapayo, at ang mga gobernador, ay nagkasundo
na ang hari ay dapat gumawa ng isang batas at magpatupad ng isang pagbabawal, na sinumang
manalangin sa sinumang diyos o tao sa loob ng tatlumpung araw, liban sa iyo, O hari ay ihahagis sa
yungib ng mga leon. 8Ngayon, O hari, pagtibayin mo ang pagbabawal, at lagdaan mo ang kasulatan
upang huwag mabago ayon sa batas ng mga taga-Media at mga taga-Persia na hindi maaaring
pawalang-bisa." 9Kaya't nilagdaan ni Haring Dario ang kasulatan at ang pagbabawal. 10Nang malaman
ni Daniel na ang kasulatan ay nalagdaan na, siya'y pumasok sa kanyang bahay na ang mga bintana ay
bukas paharap sa Jerusalem. At siya'y nagpatuloy na lumuhod ng tatlong ulit sa loob ng isang araw,
na nananalangin, at nagpapasalamat sa harap ng kanyang Diyos, gaya nang kanyang dating ginagawa.

11Nang magkagayo'y nagkakaisang dumating ang mga lalaking ito at natagpuan si Daniel na
nananalangin at sumasamo sa kanyang Diyos. 12Kaya’t lumapit sila at nagsalita sa harapan ng hari
tungkol sa ipinagbabawal ng hari, “O hari! Hindi ba lumagda ka ng isang pagbabawal, na sinumang
tao na humingi sa kanino mang diyos o tao sa loob ng tatlumpung araw, liban sa iyo, O hari, ay ihahagis
sa yungib ng mga leon?” Ang hari ay sumagot, “Ang pagbabawal ay matatag, ayon sa batas ng mga
taga-Media at mga taga-Persia, na hindi maaaring pawalang-bisa.” 13Nang magkagayo'y sumagot sila
sa hari, “Ang Daniel na iyon na isa sa mga bihag mula sa Juda ay hindi nakikinig sa iyo, O hari, maging
ang pagbabawal man na iyong nilagdaan, kundi nananalangin ng tatlong ulit sa loob ng isang araw.”
14Nang marinig ng hari ang mga salitang ito, siya ay lubhang nabahala. Ipinasiya niyang iligtas si
Daniel, at hanggang sa paglubog ng araw ay kanyang pinagsikapang iligtas siya. 15At nagkakaisang
dumating ang mga lalaking ito sa hari at sinabi sa kanya, “Alalahanin mo, O hari, na isang batas ng
mga taga-Media at ng mga taga-Persia na walang pagbabawal o utos man na pinagtibay ng hari ang
maaaring baguhin.” 16Nang magkagayo'y nag-utos ang hari, at dinala si Daniel at inihagis sa yungib ng
mga leon. Nagsalita ang hari at sinabi kay Daniel, “Ang iyo nawang Diyos na patuloy mong
pinaglilingkuran ang siyang magligtas sa iyo!” 17Dinala ang isang bato at inilagay sa bunganga ng
yungib, at tinatakan ng hari ng kanyang sariling pantatak at ng pantatak ng kanyang mga maharlika
upang walang anumang bagay na mabago tungkol kay Daniel. 18Umuwi ang hari sa kanyang palasyo,
at pinalipas ang buong magdamag na nag-aayuno. Walang libangang dinala sa kanya at ayaw siyang
dalawin ng antok. 19Nang mag-uumaga na, ang hari ay bumangon at nagmamadaling pumunta sa
yungib ng mga leon. 20Nang siya'y mapalapit sa yungib na kinaroroonan ni Daniel, siya'y sumigaw na
may pagdadalamhati at sinabi kay Daniel, “O Daniel, lingkod ng buháy na Diyos, ang iyo bang Diyos
na patuloy mong pinaglilingkuran ay nakapagligtas sa iyo sa mga leon?” 21Sinabi naman ni Daniel sa
hari, “O hari, mabuhay ka magpakailanman! 22Isinugo ng aking Diyos ang kanyang anghel, at itinikom
ang mga bibig ng mga leon. Hindi nila ako sinaktan sapagkat ako'y natagpuang walang sala sa harap
niya at gayundin sa harapan mo. O hari, wala akong ginawang kasalanan.” 23Nang magkagayo'y
tuwang-tuwa ang hari, at ipinag-utos na kanilang iahon si Daniel mula sa yungib. Kaya't iniahon si
Daniel mula sa yungib, at walang anumang sugat na natagpuan sa kanya sapagkat siya'y nagtiwala sa
kanyang Diyos. 24Ang hari ay nag-utos, at ang mga lalaking nagparatang kay Daniel ay kanilang hinuli
at sila'y inihagis sa yungib ng mga leon—sila, ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa.
Hindi pa man sila umaabot sa ibaba ng yungib, ang mga leon ay nanaig sa kanila, at pinagputul-putol
ang lahat nilang mga buto. 25Nang magkagayo'y sumulat ang haring si Dario sa lahat ng mga bayan,
bansa, at wika na naninirahan sa buong lupa: “Kapayapaa'y sumagana sa inyo. 26Ako’y nag-uutos na
sa lahat ng sakop ng aking kaharian, ang mga tao ay dapat manginig at matakot sa Diyos ni Daniel:
Sapagkat siya ang buháy na Diyos, at nananatili magpakailanman. Ang kanyang kaharian ay hindi
mawawasak, at ang kanyang kapangyarihan ay walang katapusan. 27Siya'y nagliligtas at nagpapalaya,
siya'y gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan sa langit at sa lupa, sapagkat iniligtas niya si
Daniel mula sa kapangyarihan ng mga leon.” 28Kaya’t ang Daniel na ito ay umunlad sa panahon ng
paghahari ni Dario, at sa paghahari ni Ciro na taga-Persia.

I. **Ang prinsipyo ng pagbabawi ng Panginoon ay makikita kay “Daniel at sa kanyang mga kasama” (Hananias, Mishael, at Azarias), bilang mga mandaraig na lubusang kaisa ng Diyos sa kanilang tagumpay laban sa mga balak ni Satanas—Dan. 2:13, 17; cf. Apoc. 17:14; Mat. 22:14:**

    **Dan. 2:13** Kaya’t ang utos ay kumalat na ang mga pantas ay papatayin; at hinanap nila si Daniel at ang kanyang mga kasama upang patayin sila.
    **Dan. 2:17** Pumasok si Daniel sa kanyang bahay at ipinaalam ang pangyayari kina Hananias, Mishael, at Azarias na kanyang mga kaibigan.

**cf. Apoc. 17:14** Makikipagdigma ang mga ito laban sa Kordero, at dadaigin sila ng Kordero, sapagkat Siya ay Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari; at dadaigin din sila ng mga kasama Niya, ang mga tinawag at pinili at tapat.

**Mat. 22:14** Sapagkat marami ang tinawag subalit kakaunti ang mga pinili.

A. Sa kanyang makadiyablong panunukso kay Daniel at sa kanyang mga kasama, pinalitan ni Nebukadnezar ang kanilang mga pangalan, na nagpapahiwatig na sila ay nabibilang sa Diyos, tungo sa mga pangalang ginawa silang kaisa ng mga diyos-diyosan—Dan. 1:6-7.

   **Dan. 1:6-7** Kabilang sa mga ito sina Daniel, Hananias, Mishael, at Azarias mula sa lipi ni Juda. Binigyan sila ng pinuno ng mga eunuko ng ibang pangalan: si Daniel ay tinawag na Belteshasar, si Hananias ay tinawag na Shadrac, si Mishael ay tinawag na Meshac, at si Azarias ay tinawag na Abednego.

B. Ang pangalang Daniel, nangangahulugang “Ang Diyos ang aking Hukom,” ay pinalitan ng Belteshasar, nangangahulugang “ang prinsipe ni Bel,” o “ang paborito ni Bel”—Isa. 46:1.

   **Isa. 46:1** Si Bel ay nagpapatirapa, si Nebo ay yumuyukod; ang kanilang mga diyos-diyosan ay pasan ng mga baka at mga hayop; ang mga bagay na ito na inyong dala-dala ay mabigat na pasan sa pagod.

C. Ang pangalang Hananias, nangangahulugang “Si Jah ay mapagbiyayang nagbigay,” o, “pinaboran ni Jah,” ay pinalitan ng Shadrac, nangangahulugang “niliwanagan ng diyos ng araw.”

D. Ang pangalang Mishael, nangangahulugang “Sino ang kung ano ang Diyos?” ay pinalitan ng Meshac, nangangahulugang “Sino ang maaaring maging katulad ng diyosang si Shac?”

E. Ang pangalang Azarias, nangangahulugang “Si Jah ay tumulong,” ay pinalitan ng Abed-nego, nangangahulugang “ang tapat na lingkod ng diyos ng apoy na si Nego.”

**II. Si Daniel at ang kanyang mga kasama ay matagumpay laban sa mga makademonyong diyeta—Dan. 1:**

**Dan. 1:1-21** Nang ikatlong taon ng paghahari ni Jehoiakim na hari ng Juda, dumating sa Jerusalem si Nebukadnezar na hari ng Babilonia at kinubkob iyon. 2At ibinigay ng Panginoon si Jehoiakim na hari ng Juda sa kanyang kamay, kabilang ang ilan sa mga kagamitan sa bahay ng Diyos. Ang mga ito ay dinala niya sa lupain ng Shinar sa bahay ng kanyang diyos, at inilagay niya ang mga kagamitan sa kabang-yaman ng kanyang diyos. 3At inutusan ng hari si Aspenaz, na pinuno ng kanyang mga eunuko, na dalhin ang ilan sa mga Israelita na mula sa lahi ng hari at sa mga maharlika, 4mga kabataang walang kapintasan, makikisig at bihasa sa lahat ng sangay ng karunungan, may taglay na kaalaman at pang-unawa, at may kakayahang maglingkod sa palasyo ng hari. Ituturo sa kanila ang panitikan at wika ng mga Caldeo. 5Ang hari ay nagtakda sa kanila sa araw-araw ng bahagi mula sa pagkain na kinakain at alak na iniinom ng hari. Sila'y tuturuan sa loob ng tatlong taon upang sa katapusan ng panahong iyon ay mailagay sila sa bulwagan ng hari. 6Kabilang sa mga ito ay sina Daniel, Hananias, Mishael, at Azarias mula sa lipi ni Juda. 7Binigyan sila ng pinuno ng mga eunuko ng ibang pangalan: si Daniel ay tinawag na Belteshasar, si Hananias ay tinawag na Shadrac, si Mishael ay tinawag na Meshac, at si Azarias ay tinawag na Abednego. 8Ngunit ipinasiya ni Daniel na hindi niya durungisan ang sarili sa pamamagitan ng bahagi ng pagkaing mula sa hari o ng alak man na kanyang iniinom. Kaya't kanyang hiniling sa pinuno ng mga eunuko na pahintulutan siyang huwag dungisan ang kanyang sarili. 9At pinahintulutan ng Diyos na si

Daniel ay tumanggap ng lingap at habag mula sa pinuno ng mga eunuko. [10]Sinabi ng pinuno ng mga eunuko kay Daniel, "Ako'y natatakot na baka makita ng aking panginoong hari na nagtakda ng inyong pagkain at inumin, na kayo ay nasa mas masamang kalagayan kaysa mga kabataan na inyong kasinggulang. Kaya't ilalagay ninyo sa panganib ang aking ulo sa hari." [11]Nang magkagayo'y sinabi ni Daniel sa katiwala na hinirang ng pinuno ng mga eunuko upang mamuno kina Daniel, Hananias, Mishael, at Azarias: [12]"Subukin mo po sana ang iyong mga lingkod sa loob ng sampung araw. Bigyan mo kami ng mga gulay na makakain at tubig na maiinom. [13]Pagkatapos ay ihambing mo ang aming anyo sa anyo ng mga kabataang nagsisikain ng pagkain ng hari; at ayon sa iyong makikita ay gawin mo sa iyong mga lingkod." [14]Kaya't sumang-ayon siya sa mungkahing ito, at sinubok sila sa loob ng sampung araw. [15]Sa katapusan ng sampung araw ay nakitang higit na mabuti ang kanilang anyo at higit na mataba kaysa lahat ng mga kabataang nagsikain ng pagkain ng hari. [16]Kaya't inalis ng katiwala ang kanilang bahaging pagkain at alak na mula sa hari, at binigyan sila ng mga gulay. [17]Tungkol sa apat na mga binatang ito, pinagkalooban sila ng Diyos ng kaalaman at katalinuhan sa lahat ng turo at karunungan. Si Daniel ay mayroong pagkaunawa sa lahat ng pangitain at mga panaginip. [18]Sa katapusan ng mga araw na itinakda ng hari sa paghaharap sa kanila, ipinasok sila ng pinuno ng mga eunuko sa harap ni Nebukadnezar. [19]At ang hari ay nakipag-usap sa kanila, at sa kanilang lahat ay walang natagpuang gaya nina Daniel, Hananias, Mishael, at Azarias. Kaya't sila'y inilagay sa bulwagan ng hari. [20]At sa bawat bagay tungkol sa karunungan at pang-unawa na inusisa ng hari sa kanila, kanyang natuklasan na sila'y sampung ulit na mas mahusay kaysa sa lahat ng salamangkero at mga engkantador na nasa kanyang buong kaharian. [21]At si Daniel ay namalagi roon hanggang sa unang taon ng haring si Ciro.

A. Ang makadiyablong panunukso ni Nebukadnezar ay ang rahuyuin muna ang apat na matatalinong kabataang inapo ng nagaping hirang ng Diyos, si Daniel at ang kanyang tatlong kasama, na marumihan sa pamamagitan ng pakikibahagi sa kanyang maruming pagkain, pagkaing inihandog sa mga diyos-diyosan.

B. Ang kainin ni Daniel at ng kanyang mga kasama ang pagkaing iyon ay ang tanggapin ang karumihan, ang tanggapin ang mga diyos-diyosan, at sa gayon ay maging kaisa ni Satanas—cf. 1 Cor. 10:19-21.

   **cf. 1 Cor. 10:19-21** Ano kung gayon ang aking sinasabi? Na ang inihain sa diyos-diyosan ay may kabuluhan? O yaong ang diyos-diyosan ay may kabuluhan? [20]Hindi, kundi ang mga bagay na inihahain ng mga Hentil, kanilang inihahain sa mga demonyo at hindi sa Diyos, at hindi ko ibig na kayo ang maging mga yaong may salamuha sa mga demonyo. [21]Hindi ninyo maaaring inumin ang saro ng Panginoon at ang saro ng mga demonyo; hindi kayo maaaring makabahagi sa hapag ng Panginoon at sa hapag ng mga demonyo.

C. Nang tumanggi si Daniel at ang kanyang mga kasama na kainin ang maruming pagkain ni Nebukadnezar at sa halip ay piniling kainin ang mga gulay (Dan. 1:8-16), sa prinsipyo ay tinanggihan nila ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama (cf. Gen. 3:1-6) at kinuha ang puno ng buhay, na nagsanhi sa kanilang maging kaisa ng Diyos (cf. 2:9, 16-17).

   **Dan. 1:8-16** Ngunit ipinasiya ni Daniel na hindi niya durungisan ang sarili sa pamamagitan ng bahagi ng pagkaing mula sa hari o ng alak man na kanyang iniino. Kaya't kanyang hiniling sa pinuno ng mga eunuko na pahintulutan siyang huwag dungisan ang kanyang sarili. [9]At pinahintulutan ng Diyos na si Daniel ay tumanggap

ng lingap at habag mula sa pinuno ng mga eunuko. [10]Sinabi ng pinuno ng mga eunuko kay Daniel, "Ako'y natatakot na baka makita ng aking panginoong hari na nagtakda ng inyong pagkain at inumin, na kayo ay nasa mas masamang kalagayan kaysa mga kabataan na inyong kasinggulang. Kaya't ilalagay ninyo sa panganib ang aking ulo sa hari." [11]Nang magkagayo'y sinabi ni Daniel sa katiwala na hinirang ng pinuno ng mga eunuko upang mamuno kina Daniel, Hananias, Mishael, at Azarias: [12]"Subukin mo pa sana ang iyong mga lingkod sa loob ng sampung araw. Bigyan mo kami ng mga gulay na makakain at tubig na maiinom. [13]Pagkatapos ay ihambing mo ang aming anyo sa anyo ng mga kabataang nagsisikain ng pagkain ng hari; at ayon sa iyong makikita ay gawin mo sa iyong mga lingkod." [14]Kaya't sumang-ayon siya sa mungkahing ito, at sinubok sila sa loob ng sampung araw. [15]Sa katapusan ng sampung araw ay nakitang higit na mabuti ang kanilang anyo at higit na mataba kaysa lahat ng mga kabataang nagsikain ng pagkain ng hari. [16]Kaya't inalis ng katiwala ang kanilang bahaging pagkain at alak na mula sa hari, at binigyan sila ng mga gulay.

**cf. Gen. 3:1-6** Ang ahas nga ay higit na tuso kaysa alinman sa mga mailap na hayop sa parang na nilikha ni Jehovah na Diyos. Sinabi niya sa babae, "Sinabi ba ng Diyos, 'Huwag ninyong kakainin ang mula sa alinmang punungkahoy sa halamanan?'" [2]At sinabi ng babae sa ahas, "Makakain namin ang bunga ng mga punungkahoy sa halamanan; [3]Subalit sinabi ng Diyos, 'Huwag ninyong kakainin ang bunga ng punungkahoy na nasa gitna ng halamanan; huwag din ninyo itong hihipuin, kundi kayo'y mamamatay.'" [4]Subalit sinabi ng ahas sa babae, "Tiyak na hindi kayo mamamatay. [5]Sapagkat nalalalman ng Diyos na kapag kayo'y kumain noon ay mabubuksan ang inyong mga mata, at kayo'y magiging kagaya ng Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama." [6]Kaya't nang makita ng babae na ang bunga ng punungkahoy ay mabuting kainin, nakakalugod sa paningin, na dapat nasain upang maging matalino, siya ay pumitas ng bunga nito at kinain ito; at binigyan din niya ang kanyang asawa na kasama niya, at siya't kumain.

**cf. Gen. 2:9** At pinatubo ni Jehovah na Diyos sa lupa ang lahat ng punungkahoy na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama.

**cf. Gen. 2:16-17** At iniutos ni Jehovah na Diyos sa lalaki, na sinabi, "Malaya kang makakakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan, [17]subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka."

D. Ang pagbabawi ng Panginoon ay ang pagbabawi ng pagkain kay Hesus para sa pagtatayo ng ekklesia—bb. 9, 16-17; Apoc. 2:7, 17; 3:20.

**Gen. 2:9** At pinatubo ni Jehovah na Diyos sa lupa ang lahat ng punungkahoy na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang punungkahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punungkahoy ng pagkaalam ng mabuti at masama.

**Gen. 2:16-17** At iniutos ni Jehovah na Diyos sa lalaki, na sinabi, "Malaya kang makakakain mula sa lahat ng punungkahoy sa halamanan, [17]subalit mula sa punungkahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka."

**Apoc. 2:7** Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Ang nananaig ay siya Kong pakakainin ng puno ng buhay, na nasa Paraiso ng Diyos.

**Apoc. 2:17** Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga ekklesia. Sa kanya na nananaig, sa kanya ay magbibigay Ako ng natatagong manna, at sa kanya ay magbibigay Ako ng isang puting bato, at sa ibabaw ng bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakaaalam kundi yaong tumatanggap nito.

**Apoc. 3:20** Narito, Ako ay nakatayo sa pintuan at kumakatok; kung maririnig ng sinuman ang Aking tinig at magbubukas ng pinto, Ako ay papasok sa kanya at kakain na kasalo niya at siya na kasalo Ko.

E. Maaari nating kainin si Hesus sa pamamagitan ng pagkain ng Kanyang mga salita at sa pamamagitan ng pagiging maingat sa pakikipag-ugnay at maging kasama ng mga tumatawag sa Kanya mula sa isang dalisay na puso—Jer. 15:16; 2 Tim. 2:22; 1 Cor. 15:33; Kaw. 13:20.

**Jer. 15:16** Ang iyong mga salita ay natagpuan, at aking kinain; at sa ganang akin ang iyong mga salita ay katuwaan at kagalakan ng aking puso, sapagkat ako'y tinatawag sa iyong pangalan, O Jehovah, Diyos ng mga hukbo.

**2 Tim. 2:22** Subalit takasan mo ang mga pita ng kabataan, at habulin mo ang katuwiran, pananampalataya, pag-ibig, kapayapaan, kasama ng yaong mga tumatawag sa Panginoon mula sa isang dalisay na puso.

**1 Cor. 15:33** Huwag kayong padaya: Ang masasamang pagsasamahan ay sumisira ng magagandang moral.

**Kaw. 13:20** Ang lumalakad na kasama ng matatalino ay magiging matalino rin, ngunit ang kasama ng mga hangal, kapahamakan ang daranasin.

**III. Si Daniel at ang kanyang mga kasama ay matagumpay laban sa makadiyablong pambubulag na humahadlang sa mga tao na makita ang malaking imahen ng tao at ang dumudurog na bato bilang dibinong kasaysayan sa loob ng pantaong kasaysayan—Dan. 2:**

**Dan. 2:1-49** Sa ikalawang taon ng paghahari ni Nebukadnezar, si Nabukadnezar ay nagkaroon ng mga panaginip. Ang kanyang espiritu ay nabagabag, at hindi na siya makatulog. 2Nang magkagayo'y ipinag-utos ng hari na tawagin ang mga salamangkero, mga engkantador, mga manghuhula, at ang mga Caldeo, upang sabihin sa hari ang kanyang mga panaginip. Kaya sila'y dumating at humarap sa hari. 3At sinabi ng hari sa kanila, "Ako'y nanaginip at ang aking espiritu ay nabagabag sa pagnanais na maunawaan ang panaginip." 4Nang magkagayo'y sinabi ng mga Caldeo sa hari sa wikang Aramaico, "O hari, mabuhay ka magpakailanman. Sabihin mo sa iyong mga lingkod ang panaginip, at aming ipapaliwanag ang kahulugan." 5Sinagot ng hari ang mga Caldeo, "Tiyak ang salita mula sa akin: kapag hindi ninyo naipaalam sa akin ang panaginip at ang kahulugan nito, kayo'y pagpuputul-putulin, at ang inyong mga bahay ay gagawing bunton ng dumi. 6Ngunit kung inyong ipapaalam ang panaginip at ang kahulugan nito, kayo'y tatanggap sa akin ng mga kaloob, mga gantimpala at dakilang karangalan. Kaya't ipaalam ninyo sa akin ang panaginip at ang kahulugan nito." 7Sila'y sumagot sa ikalawang pagkakataon, at nagsabi, "Sabihin ng hari sa kanyang mga lingkod ang panaginip, at aming ipapaliwanag ang kahulugan." 8Ang hari ay sumagot, "Nakakatiyak ako na sinisikap ninyong magkaroon pa ng dagdag na panahon, sapagkat inyong nalalaman na ang aking salita ay tiyak, 9na kung hindi ninyo ipaalam sa akin ang panaginip, may iisang kautusan lamang para sa inyo. Sapagkat kayo'y nagkasundong magsalita ng kasinungalingan at masasamang salita sa harapan ko hanggang sa ang panahon ay magbago. Kaya't sabihin ninyo sa akin ang

panaginip, at malalaman ko kung inyong maipapaliwanag sa akin ang kahulugan nito.”
[10]Ang mga Caldeo ay sumagot sa hari, at nagsabi, “Walang tao sa lupa na makapagbibigay
ng hinihingi ng hari; sapagkat walang gayong kadakilang hari at makapangyarihang hari
ang nagtanong ng ganyang bagay sa kaninumang salamangkero, engkantador, o Caldeo.
[11]At ang bagay na hinihingi ng hari ay napakahirap at walang makakapagpakita nito sa
hari, maliban sa mga diyos, na ang tahanan ay hindi kasama ng mga tao.” [12]Dahil sa bagay
na ito ang hari ay nagalit at naging mabagsik at iniutos na patayin ang lahat ng pantas ng
Babilonia. [13]Kaya’t ang utos ay kumalat na ang mga pantas ay papatayin; at hinanap nila
si Daniel at ang kanyang mga kasama upang patayin sila. [14]Nang magkagayo'y maingat at
mahinahong sumagot si Daniel kay Arioc na punong-kawal ng bantay ng hari, na lumabas
upang patayin ang mga pantas ng Babilonia. [15]Sinabi niya kay Arioc na punong-kawal ng
hari, “Bakit madalian ang utos ng hari?” Ipinaliwanag ni Arioc ang pangyayari kay Daniel.
[16]Kaya’t si Daniel ay pumasok at humiling sa hari na bigyan siya ng panahon, upang
kanyang maipaalam sa hari ang kahulugan. [17]Pumasok si Daniel sa kanyang bahay at
ipinaalam ang pangyayari kina Hananias, Mishael, at Azarias na kanyang mga kaibigan.
[18]Kanyang sinabihan sila na humingi ng awa sa Diyos ng kalangitan tungkol sa hiwagang
ito, upang si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay huwag mamatay na kasama ng ibang
mga pantas ng Babilonia. [19]At sinabihan sila na humingi ng awa sa Diyos ng kalangitan
tungkol sa hiwagang ito, upang si Daniel at ang kanyang mga kaibigan ay huwag mamatay
na kasama ng ibang mga pantas ng Babilonia. [20]Sinabi ni Daniel: “Purihin ang pangalan ng
Diyos magpakailanman, sapagkat sa kanya ang karungungan at kapangyarihan. [21]Siya ang
nagbabago ng mga panahon at mga kapanahunan; siya'y nag-aalis ng mga hari, at
naglalagay ng mga hari; siya'y nagbibigay ng karunungan sa marunong at ng kaalaman sa
may pang-unawa; [22]siya ang naghahayag ng malalalim at mahihiwagang bagay; kanyang
nalalaman kung ano ang nasa kadiliman, at ang liwanag ay naninirahan sa kanya. [23]Sa iyo,
O Diyos ng aking mga ninuno, ako'y nagpapasalamat at nagpupuri, sapagkat binigyan mo
ako ng karunungan at kapangyarihan, at ipinaalam mo sa akin ang aming hinihiling sa iyo;
sapagkat iyong ipinaalam sa amin ang nangyari sa hari.” [24]Kaya’t pinuntahan ni Daniel si
Arioc na siyang hinirang ng hari upang patayin ang mga pantas ng Babilonia at sinabi sa
kanya ang ganito, “Huwag mong patayin ang mga pantas ng Babilonia; dalhin mo ako sa
harapan ng hari, at aking ipapaalam sa hari ang kahulugan.” [25]Nang magkagayo'y
nagmamadaling dinala ni Arioc si Daniel sa harapan ng hari, at sinabi ang ganito sa kanya,
“Ako'y nakatagpo sa mga bihag mula sa Juda ng isang lalaking makapagsasabi ng
kahulugan sa hari.” [26]Sinabi ng hari kay Daniel na ang pangalan ay Belteshasar, “Kaya mo
bang ipaalam sa akin ang panaginip na aking nakita, at ang kahulugan nito?” [27]Si Daniel
ay sumagot sa hari, “Walang pantas, mga engkantador, o mga salamangkero man ang
makapagpapakita sa hari ng hiwaga na hiningi ng hari. [28]Ngunit may isang Diyos sa langit
na naghahayag ng mga hiwaga, at kanyang ipinaalam sa Haring Nebukadnezar kung ano
ang mangyayari sa mga huling araw. Ang iyong panaginip at pangitain habang ikaw ay
nakahiga sa higaan ay ang mga ito: [29]Tungkol sa iyo, O hari, habang ikaw ay nasa iyong
higaan ay bumaling ang iyong mga pag-iisip kung ano ang mangyayari sa hinaharap; at
siya na naghahayag ng mga hiwaga ay ipinaalam sa iyo kung ano ang mangyayari. [30]Ngunit
tungkol sa akin, ang hiwagang ito ay hindi ipinahayag sa akin dahil sa anumang higit na
karunungan mayroon ako kaysa sinumang may buhay, kundi upang ang kahulugan ay
maipaalam sa hari, at upang iyong maunawaan ang mga nilalaman ng iyong isipan.
[31]“Ikaw ay nakamasid, O hari, at nakakita ka ng isang malaking rebulto. Ang rebultong ito,

makapangyarihan at lubhang makinang, ay tumayo sa harapan mo, at ang anyo nito'y
kakilakilabot. 32Ang ulo ng rebultong ito ay dalisay na ginto; ang dibdib at mga bisig nito
ay pilak, ang tiyan at mga hita nito ay tanso. 33Ang mga binti nito ay bakal, ang mga paa
nito ay may bahaging bakal at may bahaging luwad. 34Patuloy kang tumitingin hanggang
sa may natibag na isang bato, hindi sa pamamagitan ng mga kamay, at ito'y tumama sa
rebulto sa mga paa nitong bakal at luwad, at dinurog ang mga ito. 35Nang magkagayon,
ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkadurug-durog, at naging
parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng hangin anupa't
hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa rebulto
ay naging malaking bundok at pinuno ang buong lupa. 36“Ito ang panaginip; ngayo'y aming
sasabihin sa hari ang kahulugan nito. 37Ikaw, O hari, ay hari ng mga hari, na binigyan ng
Diyos sa langit ng kaharian, kapangyarihan, kalakasan, at ng kaluwalhatian; 38at saanman
naninirahan ang mga anak ng mga tao, o ang mga hayop sa parang, o ang mga ibon sa
himpapawid ay ibinigay niya ang mga ito sa iyong kamay, at pinamuno ka sa kanilang
lahat. Ikaw ang ulong ginto. 39Pagkatapos mo ay babangon ang ibang kaharian na mas
mababa kaysa iyo; at mayroon pang ikatlong kahariang tanso na mamumuno sa buong
lupa. 40At magkakaroon ng ikaapat na kaharian, kasintibay ng bakal, sapagkat ang bakal
ay nakakadurog at nakakawasak ng lahat ng bagay; at gaya ng bakal na nakakadurog,
kanyang dudurugin at babasagin ang lahat ng ito. 41Kung paanong iyong nakita na ang
mga paa at mga daliri ay may bahaging luwad ng magpapalayok at may bahaging bakal,
ito ay magiging kahariang hati; ngunit ang pagiging matigas ng bakal ay tataglayin nito,
yamang iyong nakita na ang bakal ay nakahalo sa luwad. 42Kung paanong ang mga daliri
ng paa ay bakal ang isang bahagi at ang isang bahagi ay luwad, ang kaharian ay may
bahaging matibay at may bahaging marupok. 43Kung paanong iyong nakita na ang bakal
ay nahahaluan ng luwad, pagsasamahin nila ang kanilang mga sarili sa binhi ng mga tao,
ngunit hindi sila magkakahalo, kung paanong ang bakal ay hindi humahalo sa luwad. 44At
sa mga araw ng mga haring iyon ang Diyos sa langit ay magtatatag ng isang kaharian na
hindi magigiba kailanman, o ang kapangyarihan man nito'y iiwan sa ibang bayan.
Dudurugin nito at wawakasan ang lahat ng mga kahariang iyon, at ito'y mananatili
magpakailanman. 45Kung paanong iyong nakita na ang isang bato ay natibag mula sa
bundok, hindi sa pamamagitan ng kamay at dinurog ang mga bakal, ang tanso, ang luwad,
ang pilak, at ang ginto, ipinaalam ng dakilang Diyos sa hari kung ano ang mangyayari sa
hinaharap. Ang panaginip ay totoo at ang kahulugan nito'y mapagkakatiwalaan.” 46Nang
magkagayo'y nagpatirapa si Haring Nebukadnezar at nagbigay-galang kay Daniel, at nag-
utos na sila'y maghandog ng alay at ng insenso sa kanya. 47Sumagot ang hari kay Daniel at
nagsabi, “Tunay na ang inyong Diyos ay Diyos ng mga diyos, at Panginoon ng mga hari, at
tagapaghayag ng mga hiwaga, yamang naipahayag mo ang hiwagang ito.” 48Nang
magkagayo'y binigyan ng hari si Daniel ng mataas na karangalan at ng maraming
malalaking kaloob, at kanyang ginawa siyang tagapamahala sa buong lalawigan ng
Babilonia at punong-tagapamahala ng lahat ng pantas sa Babilonia. 49At si Daniel ay
humiling sa hari, at kanyang hinirang sina Shadrac, Meshac, at Abednego, upang
mamahala sa mga gawain sa lalawigan ng Babilonia; ngunit si Daniel ay namalagi sa
bulwagan ng hari.

A. Dudurugin at papatayin ng sama-samang Kristo bilang ang bato at ang bundok, ang Kasintahang lalaki kasama ang Kanyang kasintahang babae, ang sama-samang tao ng Diyos na may hininga ng Diyos, si Antikristo at ang kanyang hukbo sa pamamagitan

ng hininga, ng tabak, ng Kanyang bibig—bb. 34-35, 44-45; 2 Tes. 2:8; Apoc. 19:11-21; Gen. 11:4-9; cf. Isa. 33:22.

**Dan. 2:34-35** Patuloy kang tumitingin hanggang sa may natibag na isang bato, hindi sa pamamagitan ng mga kamay, at ito'y tumama sa rebulto sa mga paan nitong bakal at luwad, at dinurog ang mga ito. [35]Nang magkagayon, ang bakal, ang luwad, ang tanso, ang pilak, at ang ginto ay nagkadurog-durog, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag-araw. At ang mga ito ay tinangay ng hangin anupa't hindi matagpuan ang anumang bakas ng mga iyon. Ngunit ang bato na tumama sa rebulto ay naging malaking bundok at pinuno ng buong lupa.

**Dan, 2:44-45** At sa mga araw ng mga haring iyon ang Diyos sa langit ay magtatatag ng isang kaharian na hindi magigiba kailanman, o ang kapangyarihan man nito'y iiwan sa ibang bayan. Dudurugin nito at wawakaan ang lahat ng mga kahariang iyon, at ito'y mananatili magpakailanman. [45]Kung paanong iyong nakita na ang isang bato ay natibag mula sa bundok, hindi sa pamamagitan ng kamay at dinurog ang mga bakal, ang tanso, ang luwad, ang pilak, at ang ginto, ipinaalam ng dakilang Diyos sa hari kung ano ang mangyayari sa hinaharap. Ang panaginip ay totoo at ang kahulugan nito'y mapagkakatiwalaan.

**2 Tes. 2:8** At pagkatapos ay mahahayag ang tiwali (na papatayin ng Panginoong Hesus sa pamamagitan ng hininga ng Kanyang bibig at tatapusin sa pamamagitan ng pagkahayag ng Kanyang pagdating).

**Apoc. 19:11-21** At nakita kong nabuksan ang langit, at narito, ang isang puting kabayo, at Siya na nakasakay roon ay tinatawag na Tapat at Totoo, at sa katuwiran ay humahatol Siya at nakikipagdigma. [12]At ang Kanyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa Kanyang ulo ay maraming diadema, at Siya ay may pangalang nakasulat na walang sinuman ang nakaaalam kundi Siya Mismo. [13]At nadaramtan Siya ng damit na inilubog sa dugo; at ang Kanyang pangalan ay tinatawag na ang Salita ng Diyos. [14]At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa Kanya na mga nakasakay sa mga puting kabayo, nadaramtan ng pinong lino, maputi at malinis. [15]At lumalabas mula sa Kanyang abibig ang isang matalas na tabak, upang sa pamamagitan nito ay masaktan Niya ang mga bansa; at Kanyang papastulin sila ng pamalong bakal; at tinatapakan Niya ang pisaan ng ubas ng matinding galit ng poot ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. [16]At Siya ay may pangalang nakasulat sa Kanyang damit at sa Kanyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA PANGINOON. [17]At nakita ko ang isang anghel na nakatayo sa araw, at sumigaw siya nang may malakas na tinig, na nagsasabi sa lahat ng ibong lumilipad sa gitna ng langit, Halikayo; magtipon kayo sa malaking hapunan ng Diyos, [18]Upang makain ninyo ang laman ng mga hari at ang laman ng mga heneral at ang laman ng malalakas na tao at ang laman ng mga kabayo at ng mga nakasakay rito at ang laman ng lahat ng tao, kapwa malaya at alipin at maliliit at malalaki. [19]At nakita ko ang halimaw at ang mga hari sa lupa at ang kanilang mga hukbo na nagtipon upang makipagdigma sa Kanya na nakasakay sa kabayo at sa Kanyang hukbo. [20]At hinuli ang halimaw, at kasama niya ang huwad na propeta, na gumawa ng mga tanda sa harap niya na siyang ipinanlinlang sa mga tumanggap ng marka ng halimaw at sa mga sumamba sa kanyang imahen. Ang dalawang ito ay inihagis nang buháy sa dagat-dagatang apoy, na nagliliyab sa asupre. [21]At ang natitira ay pinatay sa pamamagitan ng tabak na lumalabas sa bibig Niya na nakasakay sa kabayo, at ang lahat ng ibon ay nabusog sa mga laman nila.

**Gen. 11:4-9** Sinabi nila, "Halikayo! Magtayo tayo ng isang lunsod at isang tore na ang taluktok nito ay hanggang sa langit, at gumawa tayo ng pangalan para sa ating mga sarili, baka tayo magkawatak-watak sa ibabaw ng buong lupa." [5]Bumaba ang Panginoon upang tingnan ang lunsod at ang tore na itinayo ng mga anak ng mga tao. [6]At sinabi ng Panginoon, "Tingnan ninyo, sila'y iisang bayan at may isang wika; at ito ay pasimula pa lamang ng kanilang gagawin, at ngayon, walang makakapigil sa anumang kanilang binabalak gawin. [7]Halikayo! Tayo'y bumaba at ating guluhin ang kanilang wika, upang hindi nila maunawaan ang pananalita ng bawat isa." [8]Kaya't ikinalat sila ng Panginoon mula roon sa ibabaw ng buong lupa, at huminto sila sa pagtatayo ng lunsod. [9]Kaya't ang ipinangalan dito ay Babel, sapagkat doon ay ginulo ni Jehovah ang wika ng buong lupa, at mula roon ay ikinalat sila ni Jehovah sa ibabaw ng buong lupa.

**cf. Isa. 33:22** Sapagkat si Jehovah ang ating hukom, si Jehovah ang ating tagapagbigay ng kautusan, si Jehovah ay ating hari; tayo'y kanyang ililigtas.

B. Nilalalinan tayo ni Kristo, bilang buháy at mahalagang bato, pundasyong bato, panulok na bato, at pangulong bato ng gusali ng Diyos, ng Kanyang sarili bilang kahalagahan upang transpormahin tayo tungo sa pagiging mga buháy at mahahalagang bato para sa Kanyang pagtatayo—1 Ped. 2:4-8; Isa. 28:16; Zac. 3:9; 4:7, 9-10.

**1 Ped. 2:4-8** Sa paglapit sa Kanya, na isang abatong buháy, na itinakwil ng mga tao ngunit pinili at mahalaga sa Diyos, [5]Kayo rin naman, na gaya ng mga batong buháy, ay itinatayong isang espiritwal na bahay tungo sa isang banal na kasaserdotehan upang maghandog ng mga espiritwal na haing katanggap-tanggap sa Diyos sa pamamagitan ni Hesu Kristo. [6]Sapagkat nakalagay sa Kasulatan: "Narito, Aking inilalagay sa Zion ang isang batong panulok na pinili at mahalaga; at ang sumasampalataya sa Kanya ay hinding hindi mapapahiya." [7]Sa inyo nga na mga sumasampalataya ay ang kahalagahan; ngunit sa mga hindi sumasampalataya, "Ang batong itinakwil ng mga tagapagtayo, ito ay naging ulo ng panulok," [8]At, "Isang batong katitisuran at isang batong nagpapabagsak"; sila ay natitisod sa salita, palibhasa'y mga suwail, na dito rin naman sila itinalaga.

**Isa. 28:16** Kaya't ganito ang sabi ni Jehovah na Diyos, "Aking inilalagay sa Zion bilang pundasyon ang isang bato, isang batong subok, isang mahalagang batong panulok,na isang tiyak na pundasyon: 'Siyang naniniwala ay hindi magmamadali.'

**Zac. 3:9** Sapagkat, narito, ang bato na aking inilagay sa harapan ni Josue, sa ibabaw ng isang bato na maypitong mata,narito,ako'y mag-uukit ng titik nito," sabi ni Jehovah ng mga hukbo, "at aking aalisin ang kasamaan ng lupaing iyon sa loob ng isang araw.

**Zac. 4:7** Ano ka, O malaking bundok? Sa harapan ni Zerubabel ay magiging kapatagan ka; at kanyang ilalagay ang pangunahing bato na may pagsisi gawan ng, 'Biyaya, biyaya sa kanya.' "

**Zac. 4:9-10** "Ang mga kamay ni Zerubabel ay siyang naglagay ng pundasyon ng bahay na ito; ang kanyang mga kamay ay siya ring tatapos nito. At malalaman mo na si Jehovah ng mga hukbo ay siyang nagsugo sa akin as inyo. [10]Sapagkat sinong humamak sa araw ng maliliit na bagay? Sapagkat sila'y magagalak, at makikita nila ang batong pabigat sa kamay ni Zerubabel. "Ang pitong ito'y mga mata ni Jehovah na nagpaparoo't parito sa buong lupa."

**IV. Si Daniel at ang kanyang mga kasama ay matagumpay laban sa panrarahuyo ng pagsamba sa diyos-diyosan—Dan. 3; cf. Mat. 4:9-10:**

**Dan. 3:1-30** Ang haring si Nebukadnezar ay gumawa ng isang rebultong ginto na ang taas
ay siyamnapung talampakan, at ang lapad ay siyam na talampakan. Itinayo niya ito sa
kapatagan ng Dura, sa lalawigan ng Babilonia. [2]At nagsugo si Haring Nebukadnezar upang
tipunin ang mga tagapangasiwa ng lalawigan, mga kinatawan, mga gobernador, mga
ingat-yaman, mga tagapayo, mga hukom, at ang lahat ng mga pinuno ng mga lalawigan
upang pumunta sa pagtatalaga ng rebultong itinayo ng haring si Nebukadnezar. [3]At
nagtipon ang mga tagapangasiwa ng lalawigan, mga kinatawan, mga gobernador, mga
hukom, ang mga ingat-yaman, mga tagapayo, mga pinuno at lahat ng pinuno ng mga
lalawigan sa pagtatalaga ng rebultong itinayo ng haring si Nebukadnezar. Sila'y tumayo sa
harapan ng rebultong itinayo ni Nebukadnezar. [4]At malakas na ipinahayag ng
tagapagbalita, "Sa inyo'y ipinag-uutos, O mga bayan, mga bansa, at mga wika, [5]na kapag
inyong narinig ang tunog ng tambuli, plauta, alpa, sambuko, salterio, tambol at ng iba pang
mga panugtog, kayo'y magpapatirapa at sasamba sa rebultong ginto na ipinatayo ng
haring si Nebukadnezar. [6]Sinumang hindi magpatirapa at sumamba ay kaagad na ihahagis
sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy." [7]Kaya't sa oras na iyon, nang marinig ng lahat
ng mga bayan ang tunog ng tambuli, plauta, alpa, sambuko, salterio, at ng iba pang mga
panugtog, ang lahat ng bayan, mga bansa, at mga wika, ay nagpatirapa at nagsisamba sa
rebultong ginto na itinayo ng haring si Nebukadnezar. [8]Kaya't nang panahong iyon ay
nagsilapit ang ilang Caldeo, at nagbigay ng mga paratang laban sa mga Judio. [9]Sila'y
sumagot at sinabi sa haring si Nebukadnezar, "O hari, mabuhay ka magpakailanman!
[10]Ikaw, O hari, ay gumawa ng utos na bawat taong makarinig sa tunog ng tambuli, plauta,
alpa, sambuko, salterio, tambol, at ng iba pang mga panugtog, ay magpapatirapa at
sasamba sa rebultong ginto. [11]At sinumang hindi magpatirapa at sumamba ay ihahagis sa
gitna ng hurno ng nagniningas na apoy. [12]May sinumang hindi magpatirapa at sumamba
ay ihahagis sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy. [13]Kaya't sa poot at galit ay ipinag-
utos ni Nebukadnezar na dalhin sa kanya sina Shadrac, Meshac, at Abednego. Dinala nga
nila ang mga lalaking ito sa harapan ng hari. [14]Sumagot si Nebukadnezar at sinabi sa
kanila, "O Shadrac, Meshac, at Abednego, totoo ba na kayo'y hindi naglilingkod sa aking
diyos, ni nagsisisamba man sa rebultong ginto na aking itinayo? [15]Mabuti kung kayo'y
handa ngayon na magpatirapa at sumamba sa rebultong ginawa ko sa sandaling inyong
marinig ang tunog ng tambuli, plauta, alpa, sambuko, salterio, tambol, at ng iba pang mga
panugtog. Ngunit kapag kayo'y hindi sasamba, kayo'y kaagad na ihahagis sa gitna ng
hurno ng nagniningas na apoy; at sinong diyos ang magliligtas sa inyo sa aking mga
kamay?" [16]Sina Shadrac, Meshac, at Abednego ay sumagot sa hari, "O Nebukadnezar, hindi
namin kailangang sagutin ka sa bagay na ito. [17]Kung mangyayari na ang aming Diyos na
pinaglilingkuran namin ay makapagliligtas sa amin sa hurno ng nagniningas na apoy; ay
hayaang iligtas niya kami sa iyong kamay, O hari. [18]Ngunit kung sakali mang hindi, dapat
mong malaman, O hari, na hindi kami maglilingkod sa iyong mga diyos, ni sasamba man
sa rebultong ginto na iyong ipinatayo." [19]Kaya't napuno ng galit si Nebukadnezar, at ang
anyo ng kanyang mukha ay nagbago laban kina Shadrac, Meshac, at Abednego. Siya'y
nagsalita at iniutos na painitin ang hurno ng pitong ulit na higit kaysa dating init nito.
[20]Kanyang inutusan ang ilang magigiting na mandirigma mula sa kanyang hukbo na
gapusin sina Shadrac, Meshac, at Abednego, at sila'y ihagis sa hurno ng nagniningas na
apoy. [21]Ang mga lalaking ito'y tinalian na may mga suot, may tunika, at may balabal, at

may ibang mga kasuotan, at sila'y inihagis sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy.
[22]Sapagkat ang utos ng hari ay pang-madalian at ang hurno ay lubhang pinainit, pinatay ng liyab ng apoy ang mga lalaking bumuhat kina Shadrac, Meshac, at Abednego. [23]Ngunit ang tatlong lalaking ito, sina Shadrac, Meshac, at Abednego, ay bumagsak na nakagapos sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy. [24]Kaya't ang haring si Nebukadnezar ay nagtaka at nagmamadaling tumindig. Sinabi niya sa kanyang mga tagapayo, "Di ba tatlong nakagapos na lalaki ang ating inihagis sa apoy?" Sila'y sumagot sa hari, "Totoo, O hari."
[25]Siya'y sumagot, "Tingnan ninyo, ang nakikita ko'y apat na lalaki na hindi nakagapos na naglalakad sa gitna ng apoy at sila'y walang paso at ang anyo ng ikaapat ay gaya ng isang anak ng mga diyos." [26]Nang magkagayo'y lumapit si Nebukadnezar sa pintuan ng hurno ng nagniningas na apoy at sinabi, "Shadrac, Meshac, at Abednego, mga lingkod ng Kataas-taasang Diyos, lumabas kayo at pumarito kayo!" Kaya't sina Shadrac, Meshac, at Abednego ay lumabas mula sa kalagitnaan ng apoy. [27]At ang mga tagapangasiwa ng lalawigan, mga kinatawan, mga gobernador, at ang mga tagapayo ng hari ay nagtipun-tipon at nakita na ang apoy ay hindi nagkaroon ng anumang kapangyarihan sa katawan ng mga lalaking ito. Ang mga buhok ng kanilang mga ulo ay hindi nadarang, ni nasunog man ang kanila mga suot, ni nag-amoy apoy man sila. [28]Nagsalita si Nebukadnezar at sinabi, "Purihin ang Diyos nina Shadrac, Meshac, at Abednego, na nagsugo ng kanyang anghel at nagligtas sa kanyang mga lingkod na nagtiwala sa kanya. Kanilang sinuway ang utos ng hari, at isinuko ang kanilang mga katawan kaysa maglingkod o sumamba sa sinumang diyos maliban sa kanilang sariling Diyos. [29]Kaya't ako'y nag-uutos na ang bawat bayan, bansa, at wika, na magsalita ng anumang masama laban sa Diyos nina Shadrac, Meshac, at Abednego, ay pagpuputul-putulin, at ang kanilang mga bahay ay gagawing bunton ng basura, sapagkat walang ibang diyos na makapagliligtas sa ganitong paraan." [30]Nang magkagayo'y, itinaas ng hari sa katungkulan sina Shadrac, Meshac, at Abednego sa lalawigan ng Babilonia.

A. Anumang hindi totoong Diyos sa ating isinilang na muling espiritu ay isang diyos-diyosan na humahalili sa Diyos; anumang hindi sa espiritu o mula sa espiritu ay isang diyos-diyosan—1 Juan 5:21.

   **1 Juan 5:21** Mga munting anak, bantayan ninyo ang inyong sarili mula sa mga diyos-diyosan.

B. Ang kaaway ng Katawan ay ang sarili na humahalili sa Diyos kasama ang sariling interes nito, pagtataas sa sarili, pagluluwalhati sa sarili, sariling kagandahan, at sariling kalakasan; sa loob at para sa Katawan ay itinatatwa natin ang ating sarili at hindi ipinangangaral ang ating sarili kundi si Kristo Hesus bilang Panginoon—Mat. 16:24; 2 Cor. 4:5.

   **Mat. 16:24** Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.

   **2 Cor. 4:5** Sapagkat hindi namin ipinangangaral ang aming sarili kundi si Kristo Hesus bilang Panginoon, at ang aming sarili bilang inyong mga alipin alang-alang kay Hesus.

C. Ang mga kasama ni Daniel ay may totoong espiritu ng pagkamartir; nanindigan sila para sa Panginoon bilang ang namumukod-tanging Diyos at laban sa pagsamba sa diyos-diyosan sa halaga ng kanilang buhay, inihagis sa utos ni Nebukadnezar sa isang hurno ng nagniningas na apoy—Dan. 3:19-23.

   **Dan. 3: 19-23** Kaya't napuno ng galit si Nebukadnezar, at ang anyo ng kanyang mukha ay nagbago la ban kina Shadrac, Meshac, at Abednego. Siya'y nagsalita at iniutos na

painitin ang hurno ng pitong ulit na higit kaysa dating init nito. [20]Kanyang inutusan ang ilang magigiting na mandirigma mula sa kanyang hukbo na gapusin sina Shadrac, Meshac, at Abednego, at sila'y ihagis sa hurno ng nagniningas na apoy. [21]Ang mga lalaking ito'y tinalian na may mga suot, may tunika, at may balabal, at may ibang mga kasuotan, at sila'y inihagis sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy. [22]Sapagkat ang utos ng hari aypang-madalian at ang hurno ay lubhang pinainit, pinatay ng liyab ng apoy ang mga lalaking bumuhat kina Shadrac, Meshac, at Abednego. [23]Ngunit ang tatlong ito, sina Shadrac, Meshac, at Abednego, ay bumagsak na nakagapos sa gitna ng hurno ng nagniningas na apoy.

D. Nang tumingin si Nebukadnezar sa hurno, nakita niya ang apat na lalaking lumalakad sa gitna ng apoy (bb. 24-25); ang ikaapat ay ang ekselenteng Kristo bilang Anak ng Tao, na dumating upang samahan ang Kanyang tatlong nagdurusa, inusig na mga mandaraig at upang gawing isang kaaya-ayang lugar ang apoy na kanilang lalakaran.

**Dan. 3:24-25** Kaya't ang haring si Nebukadnezar ay nagtaka at nagmamadaling tumindig. Sinabi niya sa kanyang mga tagapayo, "Di ba tatlong nakagapos na lalaki ang aking inihagis sa apoy?" Sila'y sumagot sa hari, "Totoo, O hari." [25]Siya'y sumagot, "Tingnan ninyo, ang nakikita ko'y apat na lalaki na hindi nakagapos na nalalakad sa gitna ng apoy at sila'y walang paso at ang anyo ng ikaapat ay gaya ng isang anak ng mga diyos."

E. Hindi na kinailangang hilingin sa Diyos ng tatlong mandaraig na iligtas sila sa hurno (cf. b. 17); si Kristo bilang Anak ng Tao—ang Isa na kuwalipikado at may kakayahang makisimpatiya sa bayan ng Diyos sa lahat ng bagay (Heb. 4:15-16)—ay dumating upang maging kanilang Kasama at mangalaga sa kanila sa kanilang pagdurusa, sa pamamagitan ng Kanyang presensiya ay ginagawang isang kaaya-ayang sitwasyon ang kanilang lugar ng pagdurusa.

**cf. Dan. 3:17** Kung mangyayari na ang aming Diyos na pinaglilingkuran namin ay makapaglilitas sa amin sa hurno ng nagniningas na apoy; ay hayaang iligtas niya kami sa iyong kamay, O hari.

**Heb. 4:15-16** Sapagkat ang ating Mataas na Saserdote ay hindi Isa na walang kakayahang makisimpatiya sa ating mga kahinaan, kundi Isa na tinukso sa lahat ng paraan tulad natin, gayunma'y walang kasalanan. [16]Kaya't lumapit tayong may kalakasang-loob sa trono ng biyaya upang makatanggap tayo ng awa at makasumpong ng biyaya para sa napapanahong tulong.

**V. Si Daniel at ang kanyang mga kasama ay matagumpay laban sa pagtatakip na humahadlang sa mga tao na makita ang pamumuno ng kalangitan sa pamamagitan ng Diyos ng kalangitan—Dan. 4:**

**Dan. 4:1-37** Si Nebukadnezar na hari, sa lahat ng bayan, mga bansa, at wika na naninirahan sa buong lupa: Nawa'y sumagana sa inyo ang kapayapaan! [2]Inaakala kong mabuting ipahayag ang mga tanda at mga kababalaghang ginawa para sa akin ng Kataas-taasang Diyos. [3]Napakadakila ng kanyang mga tanda! at makapangyarihan ang kanyang mga kababalaghan! Ang kanyang kaharian ay walang hanggang kaharian, at ang kanyang kapangyarihan ay mula sa salinlahi hanggang sa salinlahi. [4]Akong si Nebukadnezar ay nagpapahinga sa aking bahay, at namumuhay nang sagana sa aking palasyo. [5]Ako'y nakakita ng isang panaginip na tumakot sa akin; habang ako'y nakahiga sa aking higaan, ang mga guni-guni at mga pangitain ay bumagabag sa akin. [6]Kaya't ipinag-utos ko na iharap sa akin ang lahat ng pantas sa Babilonia, upang kanilang ipaalam sa akin ang

kahulugan ng panaginip. 7Nang magkagayo'y dumating ang mga salamangkero, mga
engkantador, mga Caldeo, at ang mga manghuhula, at isinalaysay ko sa kanila ang
panaginip, ngunit hindi nila maipaalam sa akin ang kahulugan nito. 8Ngunit sa wakas
dumating sa harap ko si Daniel, na ang pangala'y Belteshasar, ayon sa pangalan ng aking
diyos, at siyang kinaroroonan ng espiritu ng mga banal na diyos; at isinalaysay ko sa kanya
ang panaginip: 9O Belteshasar, na puno ng mga salamangkero, sapagkat nalalaman ko na
ang espiritu ng mga banal na diyos ay nasa iyo, at walang hiwagang napakahirap para sa
iyo, narito ang panaginip na aking nakita, sabihin mo sa akin ang kahulugan nito. 10Ngayon
ay ganito ang mga pangitain sa aking pag-iisip habang ako'y nasa higaan: Ako'y
nakatingin, at narito, may isang punungkahoy sa gitna ng lupa, at ito'y napakataas. 11Ang
punungkahoy ay lumaki, at naging matibay, at ang tuktok nito'y umabot hanggang sa
langit, at ito'y natatanaw hanggang sa dulo ng buong lupa. 12Ang mga dahon nito'y
magaganda, at ang bunga nito'y marami, at doo'y may pagkain para sa lahat. Ang mga
hayop sa parang ay may lilim sa ilalim nito, at ang mga ibon sa himpapawid ay
nagpupugad sa mga sanga nito, at ang lahat na tao ay pinakakain mula roon. 13“Aking
nakita sa mga pangitain sa aking pag-iisip habang ako'y nakahiga sa aking higaan, at
nakita ko ang isang bantay, isang banal ang bumaba mula sa langit. 14Siya’y sumigaw nang
malakas at nagsabi ng ganito, ‘Ibuwal ang punungkahoy at putulin ang kanyang mga
sanga, lagasin ang mga dahon at ikalat ang kanyang mga bunga; paalisin ang mga hayop
sa ilalim nito at ang mga ibon sa kanyang mga sanga. 15Gayunma’y inyong iwan ang tuod
ng kanyang mga ugat sa lupa, na gapos ng bakal at tanso sa gitna ng murang damo sa
parang. Hayaan siyang mabasa ng hamog ng langit, hayaan siyang makasama ng mga
hayop sa damo ng lupa. 16Hayaang ang kanyang isipan na pusong tao ay mapalitan at puso
ng hayop ang ibigay sa kanya; at hayaang ang pitong mga panahon ay lumipas sa kanya.
17Ang hatol na ito ay sa pamamagitan ng utos ng mga bantay, ang pasiya ay sa
pamamagitan ng salita ng mga banal; upang malaman ng mga may buhay na ang Kataas-
taasan ay namumuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay niya ito sa kaninumang
kanyang naisin, at pinamumuno niya rito ang pinakamababa sa mga tao.’ 18Akong si
Haring Nebukadnezar ay nakakita ng panaginip na ito. At ngayon ikaw, O Belteshasar,
ipahayag mo ang kahulugan, sapagkat lahat ng pantas sa aking kaharian ay hindi
makapagpahayag sa akin ng kahulugan, ngunit magagawa mo sapagkat ang espiritu ng
mga banal na diyos ay nasa iyo.” 19Nang magkagayon, si Daniel na tinatawag na
Belteshasar ay sandaling nabagabag at ikinatakot niya ang nasa kanyang isipan. Sinabi ng
hari, “Belteshasar, huwag kang mabagabag dahil sa panaginip, o sa kahulugan.” Si
Belteshasar ay sumagot, “Aking panginoon, ang panaginip nawa ay para sa napopoot sa
iyo, at ang kahulugan nito'y mangyari nawa sa iyong mga kaaway! 20Ang punungkahoy na
iyong nakita na tumubo at naging matibay, na ang taas ay umabot sa langit, at ito'y
natatanaw sa buong lupa; 21na ang mga daho'y magaganda, at ang bunga nito'y marami,
at naging pagkain para sa lahat; na sa lilim nito ay tumitira ang mga hayop sa parang, at
sa kanyang mga sanga'y dumadapo ang mga ibon sa himpapawid— 22ikaw iyon, O hari, na
naging napakalaki at matibay. Ang iyong kadakilaan ay lumaki at umaabot hanggang sa
langit, at ang iyong kapangyarihan ay hanggang sa dulo ng lupa. 23At yamang nakita ng
hari ang isang bantay at isang banal na bumababa mula sa langit, at nagsasabi, ‘Ibuwal
ninyo ang punungkahoy at inyong wasakin, ngunit itira ninyo ang tuod ng mga ugat nito
sa lupa na gapos ng bakal at tanso, sa sariwang damo sa parang. Bayaang mabasa siya ng
hamog ng langit, at makasama siya ng mga hayop sa parang, hanggang sa ang pitong

panahon ay lumipas sa kanya'— 24ito ang kahulugan, O hari, at ito ay utos ng Kataas-taasan na sumapit sa aking panginoong hari: 25Ikaw ay palalayasin mula sa mga tao, at ang iyong tahanan ay kasama ng mga hayop sa parang. Ikaw ay pakakainin ng damo na gaya ng mga baka, at mababasa ka ng hamog ng langit. Pitong panahon ang lilipas sa iyo hanggang sa iyong malaman na ang Kataas-taasan ay namumuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay ito sa sinumang maibigan niya. 26Kung paanong iniutos na iwan ang tuod ng mga ugat ng kahoy; ang iyong kaharian ay magiging tiyak para sa iyo, mula sa panahon na iyong malaman na ang Langit ang namumuno. 27Kaya't, O hari, tanggapin mo nawa ang aking payo: putulin mo na ang iyong mga kasalanan sa pamamagitan ng paggawa ng katuwiran, at ang iyong mga kasamaan sa pamamagitan ng pagpapakita ng kaawaan sa naaapi, upang humaba pa ang iyong kasaganaan." 28Lahat ng ito'y nangyari sa haring si Nebukadnezar. 29Sa katapusan ng labindalawang buwan, siya ay lumalakad sa bubungan ng palasyo ng hari ng Babilonia. 30Nagsalita ang hari at sinabi, "Hindi ba ito ang dakilang Babilonia na aking itinayo sa pamamagitan ng lakas ng aking kapangyarihan bilang tahanan ng hari at para sa kaluwalhatian ng aking kadakilaan?" 31Samantalang ang mga salita ay nasa bibig pa ng hari, may isang tinig na nanggaling sa langit, "O Haring Nebukadnezar, sa iyo'y ipinahahayag: Ang kaharian ay umalis na sa iyo! **32**Ikaw ay palalayasin sa mga tao, at ang iyong tirahan ay kasama ng mga hayop sa parang. Ikaw ay pakakainin ng damo na gaya ng mga baka at pitong panahon ang daraan sa iyo, hanggang sa iyong kilalanin na ang Kataas-taasan ay namumuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay niya ito sa sinumang kanyang naisin." 33Kaagad natupad ang salita tungkol kay Nebukadnezar. Siya'y pinalayas mula sa mga tao at kumain ng damo na gaya ng mga baka. Ang kanyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit, hanggang sa ang kanyang buhok ay lumago na kasinghaba ng balahibo ng mga agila, at ang kanyang mga kuko ay gaya ng sa mga ibon. 34At sa katapusan ng panahong iyon, akong si Nebukadnezar ay nagtaas ng aking paningin sa langit, at ang aking katinuan ay nanumbalik sa akin. Aking pinuri ang Kataas-taasan, at aking pinuri at pinarangalan siya na nabubuhay magpakailanman. Sapagkat ang kanyang kapangyarihan ay walang hanggang kapangyarihan, at ang kanyang kaharian ay nananatili sa sali't salinlahi. 35Ang lahat ng naninirahan sa lupa ay ibinibilang na wala; at kanyang ginagawa ang ayon sa kanyang kalooban sa hukbo ng langit, at sa mga nananahan sa lupa. Walang makakahadlang sa kanyang kamay, o makapagsasabi sa kanya, "Anong ginagawa mo?" 36Sa oras na iyon ay nanumbalik sa akin ang aking katinuan, at ang aking kadakilaan at kamahalan ay ibinalik sa akin para sa kaluwalhatian ng aking kaharian. Hinanap ako ng aking mga tagapayo at mga maharlikang tao; at ako'y muling inilagay sa aking kaharian, at higit pang kadakilaan ang naparagdag sa akin. 37Ngayon akong si Nebukadnezar ay nagpupuri, at nagbubunyi, at nagpaparangal sa Hari ng langit; sapagkat ang lahat niyang gawa ay katotohanan, at ang kanyang mga pamamaraan ay makatarungan; at kaya niyang ibaba ang mga lumalakad na may kapalaluan.

A. Bilang mga pinili ng Diyos na maging Kanyang bayan para sa pagiging nakahihigit sa lahat ni Kristo, tayo ay nasa ilalim ng makalangit na pamumuno ng Diyos para sa layuning gawing nakahihigit sa lahat si Kristo—bb. 18, 23-26, 30-32; Roma 8:28-29; Col. 1:18b; 2 Cor. 10:13, 18; Jer. 9:23-24.

**Dan. 4:18** Akong si Haring Nebukadnezar ay nakakita ng panaginip na ito. At ngayon ikaw, O Bel teshasar, ipahayag mo ang kahulugan, sapagkat lahat ng pantas sa aking kaharian ay hindi maka pagpahayag sa akin ng kahulugan, ngunit maga gawa mo sapagkat ang espiritu ng mga banal na diyos ay nasa iyo."

**Dan. 4:23-26** At yamang nakita ng hari ang isang bantay at isang banal na bumababa mula sa langit, at nagsasabi, 'Ibuwal ninyo ang punungkahoy at inyong wasakin, ngunit itira ninyo ang tuod ng mgaugatnito sa lupa nagaposngbakal at tanso, sa sariwang damo sa parang. Bayaang mabasa siya ng hamog ng langit, at makasama siya ng mga hayop sa parang, hanggang sa ang pitong panahon ay lumipas sa kanya'— [24]ito ang kahulugan, O hari, at ito ay utos ng Kataas-taasan na sumapit sa aking panginoong hari: [25]Ikaw ay palalayasin mula sa mga tao, at ang iyong tahanan ay kasama ng mga hayop sa parang. Ikaw ay pakakainin ng damo na gaya ng mga baka, at mababasa ka ng hamog ng langit. Pitong panahon ang lilipas sa iyo hanggang sa iyong malaman na ang Kataas-taasan ay namu munosakahariannngmgatao,atibinibigayito sa sinumang maibigan niya. [26]Kung paanong iniutos na iwan ang tuod ng mga ugat ng kahoy; ang iyong kaharian ay magiging tiyak para sa iyo, mula sa panahon na iyong malaman na ang Langit ang namumuno.

**Dan. 4:30-32** Nagsalita ang hari at sinabi, "Hindi ba ito ang dakilang Babilonia na aking itinayo sa pama magitan ng lakas ng aking kapangyarihan bilang tahanan ng hari at para sa kaluwalhatian ng aking kadakilaan?" [31]Samantalang ang mgasalita ay nasabibig pa ng hari, may isang tinig na nanggaling sa langit, "O Haring Nebukadnezar, sa iyo'y ipinahahayag: Ang kaharian ay umalis na sa iyo! Ikaw ay palalayasin sa mga tao, at ang iyong tirahan ay kasamangmgahayopsaparang. [32]Ikaw ay pakakainin ng damo na gaya ng mga baka at pitong panahon ang daraan sa iyo, hanggang sa iyong kilalanin na ang Kataas-taasan ay namu muno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay niya ito sa sinumang kanyang naisin."

**Roma 8:28-29** At alam natin na ang lahat ng bagay ay sama-samang gumagawa para sa ikabubuti ng mga umiibig sa Diyos, sa mga yaong tinawag ayon sa Kanyang layunin. [29]Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid;

**Col. 1:18b** At Siya ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia; Siya ang simula, ang Panganay mula sa mga patay, upang Siya Mismo ay magkaroon ng unang puwesto sa lahat ng bagay;

**2 Cor. 10:13** Ngunit hindi kami magmamapuri nang labis sa aming sukat kundi ayon sa sukat ng panukat na sa amin ay ibinahagi ng Diyos na sumusukat, na makarating maging hanggang sa inyo.

**2 Cor. 10:18** Sapagkat hindi ang nagpapakilala ng kanyang sarili ang aprobado, kundi ang kinikilala ng Panginoon.

**Jer. 9:23-24** Ganito ang sabi ng Panginoon: "Huwag magmapuri ang marunong sa kanyang karunungan, at huwag magmapuri ang makapangyarihan sa kanyang kapangyarihan, huwag magmapuri ang mayaman sa kanyang kayamanan; [24]kundi ang nagmamapuri ay dito magmapuri, na kanyang nauunawaan at nakikilala ako, na ako ang Panginoon na nagsasagawa ng kagandahang-loob, ng katarungan, at ng katuwiran sa daigdig; sapagkat sa mga bagay na ito ay nalulugod ako, sabi ng Panginoon."

B. "Kaya Niyang ibaba ang mga lumalakad na may kapalaluan"—Dan. 4:37b.

**Dan. 4:37b** Ngayon akong si Nebukadnezar ay nagpupuri, at nagbubunyi, at nagpaparangal sa Hari ng langit; sapagkat ang lahat niyang gawa ay katotohanan, at ang kanyang mga pamamaraan ay makatarungan; at kaya niyang ibaba ang mga lumalakad na may kapalaluan.

**VI. Si Daniel at ang kanyang mga kasama ay matagumpay laban sa kamangmangan hinggil sa resulta ng paglalasing sa harap ng Diyos at ng pang-iinsulto sa Kanyang kabanalan—kap. 5:**

**Dan. 5:1-31** Ang haring si Belshasar ay nagdaos ng malaking handaan sa isang libo niyang mga maharlika, at uminom siya ng alak sa harapan ng isang libo. 2Nang matikman ni Haring Belshasar ang alak, ipinag-utos niya na dalhin doon ang mga sisidlang ginto at pilak na kinuha ni Nebukadnezar na kanyang ama sa templo na nasa Jerusalem, upang mainuman ng hari, ng kanyang mga maharlika, ng kanyang mga asawa, at ng kanyang mga asawang-lingkod. 3Kaya't dinala nila ang mga sisidlang ginto at pilak na inilabas sa templo, na bahay ng Diyos na nasa Jerusalem. Ang mga ito ay ininuman ng hari, ng kanyang mga maharlika, ng kanyang mga asawa, at ng kanyang mga asawang-lingkod. 4Sila'y nag-inuman ng alak, at nagpuri sa mga diyos na ginto, pilak, tanso, bakal, kahoy, at bato. 5Nang oras ding iyon ay may lumitaw na mga daliri ng kamay ng tao at sumulat sa palitada ng pader ng palasyo ng hari, sa tapat ng ilawan at nakita ng hari ang bahagi ng kamay nang ito ay sumusulat. 6Nang magkagayo'y namutla ang mukha ng hari, at binagabag siya ng kanyang mga pag-iisip. Ang pagkakasugpong ng kanyang mga balakang ay halos nakalag, at ang kanyang mga tuhod ay nagka-umpugan. 7Ang hari ay sumigaw nang malakas upang papasukin ang mga engkantador, mga Caldeo, at mga manghuhula. Ang hari ay nagsalita sa mga pantas ng Babilonia, "Sinumang makakabasa ng sulat na ito, at makapagpaliwanag sa akin ng kahulugan nito ay susuotan ng kulay ube, magkakaroon ng kuwintas na ginto sa palibot ng kanyang leeg, at magiging ikatlong pinuno sa kaharian." 8Nang magkagayo'y pumasok ang lahat ng pantas ng hari, ngunit hindi nila mabasa ang sulat, o maipaliwanag man sa hari ang kahulugan nito. 9Kaya't lubhang nabagabag si Haring Belshasar, at ang kanyang kulay ay nabago, at ang kanyang mga maharlika ay nalito. 10Ang reyna, dahil sa mga salita ng hari at ng kanyang mga maharlika, ay pumasok sa bulwagang pinagdarausan ng kasayahan. Nagsalita ang reyna at sinabi, "O hari, mabuhay ka magpakailanman! Huwag kang bagabagin ng iyong mga pag-iisip, o mamutla man ang iyong mukha. 11May isang lalaki sa iyong kaharian na may espiritu ng mga banal na diyos. Sa mga araw ng iyong ama, natagpuan sa kanya ang liwanag, pagkaunawa, at karunungan, na gaya ng karunungan ng mga diyos. Ginawa siya ni Haring Nebukadnezar, na iyong ama, bilang puno ng mga salamangkero, mga engkantador, mga Caldeo, at ng mga manghuhula, 12palibhasa'y isang di-pangkaraniwang espiritu, kaalaman, at pagkaunawa na makapagpaliwanag ng mga panaginip at mga bugtong, at paglutas ng mga suliranin ang natagpuan sa Daniel na iyon, na pinangalanan ng hari na Belteshasar. Ipatawag si Daniel, at kanyang ihahayag ang kahulugan." 13Nang magkagayo'y dinala si Daniel sa harapan ng hari. Sinabi ng hari kay Daniel, "Ikaw ba si Daniel na isa sa mga bihag mula sa Juda, na kinuha sa Juda ng aking amang hari? 14Nabalitaan ko na ang espiritu ng mga banal na diyos ay nasa iyo, at ang liwanag at pagkaunawa at di-pangkaraniwang karunungan ay natagpuan sa iyo. 15Ang mga pantas at mga engkantador ay dinala sa harapan ko upang kanilang basahin ang sulat na ito, at ipaalam sa akin ang kahulugan nito, ngunit hindi nila maipaliwanag ang kahulugan nito. 16Ngunit nabalitaan ko na ikaw ay nakapagbibigay ng mga kahulugan at nakakalutas ng mga suliranin. Kung iyo ngang mababasa ang nakasulat, at maipaalam sa akin ang kahulugan, ikaw ay daramtan ng kulay ube. Magkakaroon ka ng kuwintas na ginto sa palibot ng iyong leeg, at ikaw ay magiging ikatlong puno sa kaharian." 17Nang magkagayo'y sumagot si Daniel sa harapan ng hari, "Iyo na ang iyong mga kaloob, o ibigay mo ang iyong mga gantimpala sa iba! Gayunma'y aking babasahin sa hari ang

nakasulat at ipapaalam ko sa kanya ang kahulugan. [18]O hari, ang Kataas-taasang Diyos ay nagbigay kay Nebukadnezar na iyong ama ng kaharian, kadakilaan, kaluwalhatian, at kamahalan. [19]Dahil sa kadakilaang ibinigay niya sa kanya, nanginig at natakot sa harapan niya ang lahat ng mga bayan, mga bansa, at wika. Ang ibig niyang patayin ay kanyang pinapatay, at ang ibig niyang buhayin ay kanyang hinahayaang mabuhay. Ang ibig niyang itaas ay kanyang itinataas, at ang ibig niyang ibaba ay kanyang ibinababa. [20]Ngunit nang ang kanyang puso ay magpakataas, at ang kanyang espiritu ay magmatigas at siya'y nag-asal na may kapalaluan, siya'y pinatalsik sa kanyang trono ng pagkahari, at ang kanyang kaluwalhatian ay inalis sa kanya. [21]Siya'y pinalayas mula sa mga anak ng mga tao, at ang kanyang puso ay naging gaya ng sa hayop, at ang kanyang tahanan ay kasama ng maiilap na mga asno. Siya'y pinakain ng damo na gaya ng mga baka, at ang kanyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit; hanggang sa kanyang kilalanin na ang Kataas-taasang Diyos ay naghahari sa kaharian ng mga tao, at iniluluklok niya roon ang sinumang kanyang maibigan. [22]Ngunit ikaw na kanyang anak, O Belshasar, ay hindi mo pinapagkumbaba ang iyong puso, bagaman iyong nalalaman ang lahat ng ito! [23]Itinaas mo ang iyong sarili laban sa Panginoon ng langit! Kanilang dinala ang mga sisidlan ng kanyang bahay sa harapan mo, at ikaw, at ang iyong mga maharlika, ang iyong mga asawa at ang iyong mga asawang-lingkod, ay uminom ng alak mula sa mga iyon. Pinuri mo ang mga diyos na pilak, ginto, tanso, bakal, kahoy at bato, na hindi nakakakita, nakakarinig, o nakakaalam man. Ngunit ang Diyos na may hawak sa iyong paghinga, at sa kanya ang lahat mong mga lakad, ay hindi mo niluwalhati. [24]Kaya't mula sa kanyang harapan ay sinugo niya ang kamay, at ang sulat na ito'y iniukit. [25]At ito ang sulat na iniukit: MENE, MENE, TEKEL, UPHARSIN. [26]Ito ang kahulugan ng bagay: MENE; binilang na ng Diyos ang mga araw ng iyong kaharian, at ito ay winakasan. [27]TEKEL; ikaw ay tinimbang sa timbangan at natuklasang kulang. [28]PERES, ang iyong kaharian ay hinati at ibinigay sa mga taga-Media at taga-Persia." [29]Nang magkagayo'y nag-utos si Belshasar, at dinamitan nila si Daniel ng kulay ube, at kuwintas na ginto ang inilagay sa palibot ng leeg niya. Gumawa siya ng pahayag tungkol sa kanya, na siya'y dapat maging ikatlong pinuno sa kaharian. [30]Nang gabing iyon ay napatay si Belshasar na hari ng mga Caldeo. [31]At tinanggap ni Dario na taga-Media ang kaharian, siya noo'y halos animnapu't dalawang taong gulang.

A. Ang pagkuha ni Belshasar ng mga sisidlan na para sa pagsamba sa Diyos sa Kanyang banal na templo sa Herusalem at paggamit ng mga ito sa pagsamba sa mga diyos-diyosan ay isang insulto sa kabanalan ng Diyos (b. 4); dapat sana ay natutuhan niya ang aral mula sa karanasan ni Nebukadnezar (4:18-37); gayunpaman, hindi niya natutuhan ang aral at nagdusa bilang resulta (5:18, 20, 24-31).

**Dan. 5:4** Sila'y nag-inuman ng alak, at nagpuri sa mga diyos na ginto, pilak, tanso, bakal, kahoy, at bato.

**Dan. 4:18-37** Akong si Haring Nebukadnezar ay nakakita ng panaginip na ito. At ngayon ikaw, O Belteshasar, ipahayag mo ang kahulugan, sapagkat lahat ng pantas sa aking kaharian ay hindi makapagpahayag sa akin ng kahulugan, ngunit magagawa mo sapagkat ang espiritu ng mga banal na diyos ay nasa iyo." [19]Nang magkagayon, si Daniel na tinatawag na Belteshasar ay sandaling nabagabag at ikinatakot niya ang nasa kanyang isipan. Sinabi ng hari, "Belteshasar, huwag kang mabagabag dahil sa panaginip, o sa kahulugan." Si Belteshasar ay sumagot, "Aking panginoon, ang panaginip nawa ay para sa napopoot sa iyo, at ang kahulugan nito'y mangyari nawa sa iyong mga kaaway! [20]Ang punungkahoy na iyong nakita na tumubo at naging matibay,

na ang taas ay umabot sa langit, at ito'y natatanaw sa buong lupa; 21na ang mga daho'y
magaganda, at ang bunga nito'y marami, at naging pagkain para sa lahat; na sa lilim
nito ay tumitira ang mga hayop sa parang, at sa kanyang mga sanga'y dumadapo ang
mga ibon sa himpapawid— 22ikaw iyon, O hari, na naging napakalaki at matibay. Ang
iyong kadakilaan ay lumaki at umaabot hanggang sa langit, at ang iyong
kapangyarihan ay hanggang sa dulo ng lupa. 23At yamang nakita ng hari ang isang
bantay at isang banal na bumababa mula sa langit, at nagsasabi, ‘Ibuwal ninyo ang
punungkahoy at inyong wasakin, ngunit itira ninyo ang tuod ng mga ugat nito sa lupa
na gapos ng bakal at tanso, sa sariwang damo sa parang. Bayaang mabasa siya ng
hamog ng langit, at makasama siya ng mga hayop sa parang, hanggang sa ang pitong
panahon ay lumipas sa kanya’— 24ito ang kahulugan, O hari, at ito ay utos ng Kataas-
taasan na sumapit sa aking panginoong hari: 25Ikaw ay palalayasin mula sa mga tao,
at ang iyong tahanan ay kasama ng mga hayop sa parang. Ikaw ay pakakainin ng damo
na gaya ng mga baka, at mababasa ka ng hamog ng langit. Pitong panahon ang lilipas
sa iyo hanggang sa iyong malaman na ang Kataas-taasan ay namumuno sa kaharian
ng mga tao, at ibinibigay ito sa sinumang maibigan niya. 26Kung paanong iniutos na
iwan ang tuod ng mga ugat ng kahoy; ang iyong kaharian ay magiging tiyak para sa
iyo, mula sa panahon na iyong malaman na ang Langit ang namumuno. 27Kaya’t, O hari,
tanggapin mo nawa ang aking payo: putulin mo na ang iyong mga kasalanan sa
pamamagitan ng paggawa ng katuwiran, at ang iyong mga kasamaan sa pamamagitan
ng pagpapakita ng kaawaan sa naaapi, upang humaba pa ang iyong kasaganaan.”
28Lahat ng ito’y nangyari sa haring si Nebukadnezar. 29Sa katapusan ng labindalawang
buwan, siya ay lumalakad sa bubungan ng palasyo ng hari ng Babilonia. 30Nagsalita
ang hari at sinabi, “Hindi ba ito ang dakilang Babilonia na aking itinayo sa
pamamagitan ng lakas ng aking kapangyarihan bilang tahanan ng hari at para sa
kaluwalhatian ng aking kadakilaan?” 31Samantalang ang mga salita ay nasa bibig pa
ng hari, may isang tinig na nanggaling sa langit, “O Haring Nebukadnezar, sa iyo'y
ipinahahayag: Ang kaharian ay umalis na sa iyo! **32**Ikaw ay palalayasin sa mga tao, at
ang iyong tirahan ay kasama ng mga hayop sa parang. Ikaw ay pakakainin ng damo na
gaya ng mga baka at pitong panahon ang daraan sa iyo, hanggang sa iyong kilalanin
na ang Kataas-taasan ay namumuno sa kaharian ng mga tao, at ibinibigay niya ito sa
sinumang kanyang naisin.” 33Kaagad natupad ang salita tungkol kay Nebukadnezar.
Siya'y pinalayas mula sa mga tao at kumain ng damo na gaya ng mga baka. Ang
kanyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit, hanggang sa ang kanyang buhok ay
lumago na kasinghaba ng balahibo ng mga agila, at ang kanyang mga kuko ay gaya ng
sa mga ibon. 34At sa katapusan ng panahong iyon, akong si Nebukadnezar ay nagtaas
ng aking paningin sa langit, at ang aking katinuan ay nanumbalik sa akin. Aking pinuri
ang Kataas-taasan, at aking pinuri at pinarangalan siya na nabubuhay
magpakailanman. Sapagkat ang kanyang kapangyarihan ay walang hanggang
kapangyarihan, at ang kanyang kaharian ay nananatili sa sali't salinlahi. 35Ang lahat
ng naninirahan sa lupa ay ibinibilang na wala; at kanyang ginagawa ang ayon sa
kanyang kalooban sa hukbo ng langit, at sa mga nananahan sa lupa. Walang
makakahadlang sa kanyang kamay, o makapagsasabi sa kanya, “Anong ginagawa mo?”
36Sa oras na iyon ay nanumbalik sa akin ang aking katinuan, at ang aking kadakilaan
at kamahalan ay ibinalik sa akin para sa kaluwalhatian ng aking kaharian. Hinanap
ako ng aking mga tagapayo at mga maharlikang tao; at ako'y muling inilagay sa aking

kaharian, at higit pang kadakilaan ang naparagdag sa akin. [37]Ngayon akong si Nebukadnezar ay nagpupuri, at nagbubunyi, at nagpaparangal sa Hari ng langit; sapagkat ang lahat niyang gawa ay katotohanan, at ang kanyang mga pamamaraan ay makatarungan; at kaya niyang ibaba ang mga lumalakad na may kapalaluan.

**Dan. 5:18** O hari,ang Kataas-taasang Diyos ay nagbigay kay Nebukadnezar na iyong ama ng kaharian, kadakilaan, kaluwalhatian, at kamahalan.

**Dan. 5:20** Ngunit nang ang kanyang puso ay mag pakataas, at ang kanyang espiritu ay magmatigas at siya'y nag-asal na may kapalaluan, siya'y pinatalsik sa kanyang trono ng pagkahari, at ang kanyang kaluwalhatian ay inalis sa kanya.

**Dan. 5:24-31** Kaya't mula sa kanyang harapan ay sinugo niya ang kamay, at ang sulat na ito'y iniukit. At ito ang sulat na iniukit: MENE, MENE, TEKEL, UPHARSIN. Ito ang kahulugan ng bagay: MENE;binilang na ng Diyos ang mga araw ng iyong kaharian, at ito ay winakasan. TEKEL; ikaw ay tinimbang sa timbangan at natuklasang kulang. PERES;* ang iyong kaharian ay hinati at ibinigay sa mga taga-Media at taga-Persia." Nang magkagayo'y nag-utos si Belshasar, at dinamitan nila si Daniel ng kulay ube, at kuwintas na ginto ang inilagay sa palibot ng leeg niya. Gumawa siya ng pahayag tungkol sa kanya, na siya'y dapat maging ikatlong pinuno sa kaharian. Nang gabing iyon ay napatay si Belshasar na hari ng mga Caldeo. At tinanggap ni Dario na taga-Media ang kaharian, siya noo'y halos animnapu't dalawang taong gulang.

B. "Isang ekselenteng espiritu at kaalaman at pang-unawa, at ang pagpapaliwanag ng mga panaginip, ang pagpapahayag ng mga bugtong, at ang paglutas ng mga suliranin [lit., mga buhol] ang nasumpungan sa Daniel na ito"—b. 12a.

**Dan. 5:12a** Palibhasa'y isang di-pangkaraniwang espiritu, kaalaman, at pagkaunawa na makapagpaliwanag ng mga panaginip at mga bugtong, at paglutas ng mga suliranin ang natagpuan sa Daniel naiyon, na pinangalanan ng hari na Belteshasar. Ipatawag si Daniel, at kanyang ihahayag ang kahulugan."

C. "Ikaw..., Belshasar, ay hindi mo pinapagkumbaba ang iyong puso, bagaman iyong nalalaman ang lahat ng ito; [kundi] itinaas mo ang iyong sarili laban sa Panginoon ng langit; at kanilang dinala ang mga sisidlan ng Kanyang bahay sa harapan mo, at ikaw, at ang iyong mga [panginoon], ang iyong mga asawa at ang iyong mga asawang-lingkod, ay uminom ng alak mula sa mga iyon; at pinuri mo ang mga diyos ng pilak, ginto, tanso, bakal, kahoy at bato, na hindi nakakakita, nakakarinig, o nakakaalam man. Ngunit ang Diyos na may hawak sa iyong paghinga, at sa kanya ang lahat mong mga lakad, ay hindi mo niluwalhati"—bb. 22-23, cf. b. 20.

**Dan. 5:22-23** Ngunit ikaw na kanyang anak, O Belshasar, ay hindi mo pinapagkumbaba ang iyong puso, bagaman iyong nalalaman ang lahat ng ito! [23]Itinaas mo ang iyong sarili laban sa Pangi noonnglangit! Kanilang dinala ang mga sisidlan ng kanyang bahay sa harapan mo, at ikaw, at ang iyong mga maharlika, ang iyong mga asawa at ang iyong mga asawang-lingkod, ay uminom ng alak mula sa mga iyon. Pinuri mo ang mga diyos na pilak, ginto, tanso, bakal, kahoy at bato, na hindi nakakakita, nakakarinig, o nakakaalam man. Ngunit ang Diyos na may hawak sa iyong paghinga, at sa kanya ang lahat mongmgalakad, ay hindi mo niluwalhati.

**cf. Dan. 5:20** Ngunit nang ang kanyang puso ay mag pakataas, at ang kanyang espiritu ay magmatigas at siya'y nag-asal na may kapalaluan, siya'y pinatalsik sa kanyang trono ng pagkahari, at ang kanyang kaluwalhatian ay inalis sa kanya.

**VII. Si Daniel at ang kanyang mga kasama ay matagumpay laban sa katusuhan na nagbabawal sa katapatan ng mga mandaraig sa pagsamba sa Diyos—kap. 6:**

**Dan. 6:1-28** Minabuti ni Dario na magtalaga sa kaharian ng isandaan at dalawampung
satrap, na mamamahala sa buong kaharian. 2Ang namumuno sa kanila'y tatlong pangulo,
na isa sa kanila ay si Daniel. Ang mga tagapamahalang ito ay magbibigay-sulit sa kanila
upang ang hari ay huwag malagay sa panganib. 3Hindi nagtagal, si Daniel ay nangibabaw
sa lahat ng ibang mga pangulo at sa mga satrap, sapagkat taglay niya ang isang di-
pangkaraniwang espiritu; at pinanukala ng hari na italaga siya upang mamuno sa buong
kaharian. 4Nang magkagayo'y sinikap ng mga pangulo at ng mga tagapamahala na
makakita ng batayan upang makapagsumbong laban kay Daniel tungkol sa kaharian.
Ngunit hindi sila makakita ng anumang batayan upang makapagsumbong o anumang
pagkukulang sapagkat tapat siya, at walang kamalian ni pagkukulang na natagpuan sa
kanya. 5Nang magkagayo'y sinabi ng mga lalaking ito, "Hindi tayo makakatagpo ng
anumang batayan na maisusumbong laban sa Daniel na ito, malibang ito'y ating
matagpuan na may kinalaman sa kautusan ng kanyang Diyos." 6Kaya't ang mga pangulo at
mga tagapamahalang ito ay dumating na magkakasama sa hari, at sinabi sa kanya, "O
Haring Dario, mabuhay ka magpakailanman! 7Lahat ng mga pangulo ng kaharian, mga
kinatawan, mga tagapamahala, mga tagapayo, at ang mga gobernador, ay nagkasundo na
ang hari ay dapat gumawa ng isang batas at magpatupad ng isang pagbabawal, na
sinumang manalangin sa sinumang diyos o tao sa loob ng tatlumpung araw, liban sa iyo,
O hari ay ihahagis sa yungib ng mga leon. 8Ngayon, O hari, pagtibayin mo ang pagbabawal,
at lagdaan mo ang kasulatan upang huwag mabago ayon sa batas ng mga taga-Media at
mga taga-Persia na hindi maaaring pawalang-bisa." 9Kaya't nilagdaan ni Haring Dario ang
kasulatan at ang pagbabawal. 10Nang malaman ni Daniel na ang kasulatan ay nalagdaan
na, siya'y pumasok sa kanyang bahay na ang mga bintana ay bukas paharap sa Jerusalem.
At siya'y nagpatuloy na lumuhod ng tatlong ulit sa loob ng isang araw, na nananalangin,
at nagpapasalamat sa harap ng kanyang Diyos, gaya nang kanyang dating ginagawa.
11Nang magkagayo'y nagkakaisang dumating ang mga lalaking ito at natagpuan si Daniel
na nananalangin at sumasamo sa kanyang Diyos. 12Kaya't lumapit sila at nagsalita sa
harapan ng hari tungkol sa ipinagbabawal ng hari, "O hari! Hindi ba lumagda ka ng isang
pagbabawal, na sinumang tao na humingi sa kanino mang diyos o tao sa loob ng
tatlumpung araw, liban sa iyo, O hari, ay ihahagis sa yungib ng mga leon?" Ang hari ay
sumagot, "Ang pagbabawal ay matatag, ayon sa batas ng mga taga-Media at mga taga-
Persia, na hindi maaaring pawalang-bisa." 13Nang magkagayo'y sumagot sila sa hari, "Ang
Daniel na iyon na isa sa mga bihag mula sa Juda ay hindi nakikinig sa iyo, O hari, maging
ang pagbabawal man na iyong nilagdaan, kundi nananalangin ng tatlong ulit sa loob ng
isang araw." 14Nang marinig ng hari ang mga salitang ito, siya ay lubhang nabahala.
Ipinasiya niyang iligtas si Daniel, at hanggang sa paglubog ng araw ay kanyang
pinagsikapang iligtas siya. 15At nagkakaisang dumating ang mga lalaking ito sa hari at
sinabi sa kanya, "Alalahanin mo, O hari, na isang batas ng mga taga-Media at ng mga taga-
Persia na walang pagbabawal o utos man na pinagtibay ng hari ang maaaring baguhin."
16Nang magkagayo'y nag-utos ang hari, at dinala si Daniel at inihagis sa yungib ng mga
leon. Nagsalita ang hari at sinabi kay Daniel, "Ang iyo nawang Diyos na patuloy mong
pinaglilingkuran ang siyang magligtas sa iyo!" 17Dinala ang isang bato at inilagay sa
bunganga ng yungib, at tinatakan ng hari ng kanyang sariling pantatak at ng pantatak ng
kanyang mga maharlika upang walang anumang bagay na mabago tungkol kay Daniel.

[18]Umuwi ang hari sa kanyang palasyo, at pinalipas ang buong magdamag na nag-aayuno. Walang libangang dinala sa kanya at ayaw siyang dalawin ng antok. [19]Nang mag-uumaga na, ang hari ay bumangon at nagmamadaling pumunta sa yungib ng mga leon. [20]Nang siya'y mapalapit sa yungib na kinaroroonan ni Daniel, siya'y sumigaw na may pagdadalamhati at sinabi kay Daniel, “O Daniel, lingkod ng buháy na Diyos, ang iyo bang Diyos na patuloy mong pinaglilingkuran ay nakapagligtas sa iyo sa mga leon?” [21]Sinabi naman ni Daniel sa hari, “O hari, mabuhay ka magpakailanman! [22]Isinugo ng aking Diyos ang kanyang anghel, at itinikom ang mga bibig ng mga leon. Hindi nila ako sinaktan sapagkat ako'y natagpuang walang sala sa harap niya at gayundin sa harapan mo. O hari, wala akong ginawang kasalanan.” [23]Nang magkagayo'y tuwang-tuwa ang hari, at ipinag-utos na kanilang iahon si Daniel mula sa yungib. Kaya't iniahon si Daniel mula sa yungib, at walang anumang sugat na natagpuan sa kanya sapagkat siya'y nagtiwala sa kanyang Diyos. [24]Ang hari ay nag-utos, at ang mga lalaking nagparatang kay Daniel ay kanilang hinuli at sila'y inihagis sa yungib ng mga leon—sila, ang kanilang mga anak, at ang kanilang mga asawa. Hindi pa man sila umaabot sa ibaba ng yungib, ang mga leon ay nanaig sa kanila, at pinagputul-putol ang lahat nilang mga buto. [25]Nang magkagayo'y sumulat ang haring si Dario sa lahat ng mga bayan, bansa, at wika na naninirahan sa buong lupa: “Kapayapaa'y sumagana sa inyo. [26]Ako’y nag-uutos na sa lahat ng sakop ng aking kaharian, ang mga tao ay dapat manginig at matakot sa Diyos ni Daniel: Sapagkat siya ang buháy na Diyos, at nananatili magpakailanman. Ang kanyang kaharian ay hindi mawawasak, at ang kanyang kapangyarihan ay walang katapusan. [27]Siya'y nagliligtas at nagpapalaya, siya'y gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan sa langit at sa lupa, sapagkat iniligtas niya si Daniel mula sa kapangyarihan ng mga leon.” [28]Kaya’t ang Daniel na ito ay umunlad sa panahon ng paghahari ni Dario, at sa paghahari ni Ciro na taga-Persia.

A. Ang sentro ng Daniel 6 ay ang panalangin ng tao para sa pagsasagawa ng ekonomiya ng Diyos; dumepende si Daniel sa panalangin upang gawin ang hindi kayang gawin ng tao at upang maunawaan ang hindi kayang maunawaan ng tao; wala nang iba pang paraan upang dalhin ang ekonomiya ng Diyos tungo sa kapuspusan at tungo sa katuparan maliban sa pamamagitan ng panalangin; ito ang panloob na lihim ng kapitulong ito.

B. Nanalangin si Daniel nang tatlong beses araw-araw na ang kanyang bintana ay nakabukas paharap sa Herusalem; sa pamamagitan ng kanyang mabiyayang panalangin ay ibinalik ng Diyos ang Israel sa lupain ng kanilang mga ama (b. 10; cf. 1 Hari 19:12, 18); pakikinggan ng Diyos ang ating panalangin kapag ang ating panalangin ay paharap kay Kristo (isinasagisag ng Banal na Lupain), paharap sa kaharian ng Diyos (isinasagisag ng banal na lunsod), at paharap sa bahay ng Diyos (isinasagisag ng banal na templo) bilang gol sa walang hanggang ekonomiya ng Diyos—8:48-49.

   **Dan. 6:10** Nang malaman ni Daniel na ang kasulatan ay nalagdaan na, siya'y pumasok sa kanyang bahay na ang mga bintana ay bukas paharap sa Jerusalem. At siya'y nagpatuloy na lumuhod ng tatlong ulit sa loob ng isang araw, na nananalan gin, at nagpapasalamat sa harap ng kanyang Diyos, gaya nang kanyang dating ginagawa.

   **cf. 1 Hari 19:12** Pagkatapos ng lindol ay apoy, ngunit ang Panginoon ay wala sa apoy: at pagkatapos ng apoy ay isang banayad at munting tinig.

   **1 Hari 19:18** Gayunma'y mag-iiwan ako ng pitong libo sa Israel, lahat ng tuhod na hindi pa lumuhod kay Baal, at bawat bibig na hindi pa humalik sa kanya.

**1 Hari 8:48-49** Kung sila'y magsisi ng buong puso nila at ng buong kaluluwa nila sa lupain ng kanilang mga kaaway, na nagdalang-bihag sa kanila at manalangin sa iyo paharap sa kanilang lupain na iyong ibinigay sa kanilang mga ninuno sa lunsod na pinili mo, at sa bahay na aking itinayo na ukol sa iyong pangalan, [49]pakinggan mo ang kanilang dalangin at ang kanilang samo sa langit na iyong tahanan, at panatilihin mo ang kanilang ipinaglalaban.

*© 2026 Living Stream Ministry*

Mensahe Apat

## Si Job at ang Dalawang Puno

Babasahin sa Kasulatan: Gen. 2:9, 17; Apoc. 22:1-2, 14; Job 1:1; 2:3; 42:1-6

**Gen. 2:9** At pinatubo [ni Jehovah na] Diyos sa lupa ang lahat ng [puno] na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang [puno] ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang [puno] ng [kaalaman] ng mabuti at masama.
**Gen. 2:17** Subalit mula sa [puno] ng [kaalaman] ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka.
**Apoc. 22:1-2** At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. [2]At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.
**Apoc. 22:14** Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.
**Job 1:1** May isang lalaki sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job. Ang lalaking iyon ay walang kapintasan, matuwid, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan.
**Job 2:3** At sinabi [ni Jehovah] kay Satanas, "Napansin mo ba ang aking lingkod na si Job, wala siyang katulad sa lupa, isang walang kapintasan at matuwid na lalaki, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan? Siya'y nanatili pa rin sa kanyang katapatan, bagaman ako'y inudyukan mo laban sa kanya, upang sirain siya nang walang kadahilanan."
**Job 42:1-6** Pagkatapos ay sumagot si Job [kay Jehovah], at sinabi, [2]"Alam kong magagawa mo ang lahat ng mga bagay, at wala kang layunin na mahahadlangan. [3]'Sino itong nagkukubli ng payo na walang kaalaman?' Kaya't aking nasambit ang hindi ko nauunawaan,mga bagay na lubhang kahanga-hanga para sa akin, na hindi ko nalalaman. [4]'Makinig ka at magsasalita ako; tatanungin kita at sa akin ay ipahayag mo.' [5]Narinig kita sa pakikinig ng tainga, ngunit ngayo'y nakikita ka ng aking mata, [6]kaya't ako'y namumuhi sa sarili ko, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo."

**I. Sa dibinong pahayag ay may dalawang puno, dalawang pinagmumulan, dalawang daan, dalawang prinsipyo, at dalawang kasukdulan:**

A. Dalawang puno:

1. Ang puno ng buhay ay sumasagisag sa Tres-unong Diyos bilang buhay sa tao sa relasyon ng tao sa Kanya—Gen. 2:9; Awit 36:9a.
   **Gen. 2:9** At pinatubo [ni Jehovah na] Diyos sa lupa ang lahat ng [puno] na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang [puno] ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang [puno] ng [kaalaman] ng mabuti at masama.
   **Awit 36:9a** Sapagkat nasa Iyo ang bukal ng buhay; sa iyong ilaw nakakakita kami ng liwanag.
2. Ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay sumasagisag kay Satanas, ang diyablo, ang masamang isa, bilang kamatayan sa tao sa pagkatisod ng tao sa harap ng Diyos—Gen. 2:17.
   **Gen. 2:17** Subalit mula sa [puno] ng [kaalaman] ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagkat sa araw na ikaw ay kumain niyon ay tiyak na mamamatay ka.

B. Dalawang pinagmumulan:
   1. Ang puno ng buhay ay ang pinagmumulan ng mga taong naghahanap sa Diyos bilang buhay para sa kanilang panustos at katamasahan—Juan 1:4; 15:1.
      **Juan 1:4** Nasa Kanya ang buhay, at ang buhay ay ang liwanag ng mga tao.
      **Juan 15:1** Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang Aking Ama ang magsasaka.
   2. Ang puno ng kaalaman ng mabuti at masama ay ang pinagmumulan ng mga tao na sumusunod kay Satanas bilang kanilang lason tungo sa kamatayan at walang hanggang kapahamakan—8:44.
      **Juan 8:44** Kayo ay sa inyong amang diyablo, at ibig ninyong gawin ang mga nais ng inyong ama. Siya ay isang mamamatay-tao buhat sa pasimula at hindi tumatayo sa katotohanan, sapagkat walang katotohanan sa kanya. Kapag sinasalita niya ang kasinungalingan, sinasalita niya ito mula sa sarili niyang mga pag-aari; sapagkat siya ay isang sinungaling at ang ama nito.
   3. Ang kinalabasan ng dalawang pinagmumulang ito ay dalawang kaharian—ang kaharian ng Diyos at ang kaharian ni Satanas—Mat. 21:43; 12:26; Col. 1:13.
      **Mat. 21:43** Kaya sinasabi Ko sa inyo na aalisin sa inyo ang kaharian ng Diyos at ibibigay sa bansang nagbubunga ng bunga nito.
      **Mat. 12:26** At kung pinalalayas ni Satanas si Satanas, siya ay nahahati laban sa kanyang sarili. Paano kaya makatatayo ang kanyang kaharian?
      **Col. 1:13** Na siyang nagligtas sa atin mula sa awtoridad ng kadiliman at naglipat sa atin tungo sa kaharian ng Anak ng Kanyang pag-ibig

C. Dalawang daan:
   1. Ang unang daan ay ang daan ng buhay, ang makipot na daan, para sa paghahanap ng mga tao sa Diyos, pagtatamo sa Diyos, at pagtatamasa sa Diyos sa Kanyang buhay na walang hanggan bilang panustos—Mat. 7:14; Gawa 9:2; 16:17; 18:25-26; 2 Ped. 2:15, 21.
      **Mat. 7:14** Sapagkat makitid ang pintuan at makipot ang daan na humahantong sa buhay, at kakaunti ang mga nakasusumpong nito.
      **Gawa 9:2** At humingi sa kanya ng mga sulat para sa mga sinagoga sa Damasco, upang kung makatagpo siya ng sinuman na kabilang sa Daan, kapwa mga lalaki at mga babae, ay madala niya silang nakagapos sa Herusalem.
      **Gawa 16:17** Ang babaeng ito ay sumunod kay Pablo at sa amin at sumigaw, na nagsasabi, Ang mga taong ito ay mga alipin ng Kataas-taasang Diyos, na nagpapahayag sa inyo ng daan ng kaligtasan.
      **Gawa 18:25-26** Ang taong ito ay naturuan sa daan ng Panginoon, at palibhasa'y maningas sa espiritu, sinalita niya at itinuro nang wasto ang mga bagay tungkol kay Hesus, bagaman ang nalalaman lamang niya ay ang bautismo ni Juan. [26]At ang taong ito ay nagsimulang magsalita nang may katapangan sa sinagoga. At nang marinig siya nina Priscilla at Aquila, kanilang isinama siya at ipinaliwanag sa kanya ang daan ng Diyos nang mas wasto.
      **2 Ped. 2:15** Sa pagtalikod sa matuwid na daan, sila ay naligaw, sinusundan ang daan ni Balaam na anak ni Beor, na umibig sa kabayaran ng kalikuan
      **2 Ped. 2:21** Sapagkat mas makabubuti sa kanila na hindi na lamang nila nalaman ang daan ng katuwiran kaysa, pagkaalam nito ay tumalikod sa banal na utos na ibinigay sa kanila.
   2. Ang ikalawang daan ay ang daan ng kamatayan at ng mabuti at masama, ang

maluwag na daan, para sa pagsunod ng mga tao kay Satanas upang maging kanyang mga anak—Mat. 7:13; 1 Juan 3:10a.

**Mat. 7:13** Pumasok kayo sa makitid na pintuan, sapagkat malapad ang pintuan at maluwang ang daan na humahantong sa pagkawasak, at marami ang pumapasok doon.

**1 Juan 3:10a** Sa ganito ay nahahayag ang mga anak ng Diyos at ang mga anak ng diyablo.

D. Dalawang prinsipyo:

1. Ang unang prinsipyo ay ang prinsipyo ng buhay—ang prinsipyo ng pagdepende sa Diyos—Juan 15:5; Gen. 4:4.

   **Juan 15:5** Ako ang puno ng ubas; kayo ang mga sanga. Siya na nananahan sa Akin at Ako sa kanya, siya ay namumunga ng marami; sapagkat hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa.

   **Gen. 4:4** Nagdala rin si Abel ng mga panganay ng kanyang kawan, ang taba ng mga iyon. At pinahalagahan [ni Jehovah] si Abel at ang kanyang handog

2. Ang ikalawang prinsipyo ay ang prinsipyo ng kamatayan at ng mabuti at masama—ang prinsipyo ng hindi pagdepende sa Diyos—Jer. 17:5-6; Gen. 4:3.

   **Jer. 17:5-6** Ganito ang sabi [ni Jehovah]: "Sumpain ang tao na nagtitiwala sa tao, at ginagawang kalakasan ang laman, at ang puso ay lumalayo [kay Jehovah]. [6]Sapagkat siya'y magiging gaya ng kugon sa ilang, at hindi makakakita ng anumang mabuting darating. Siya'y maninirahan sa mga tuyong dako sa ilang, sa lupang maalat at hindi tinatahanan.

   **Gen. 4:3** Sa paglipas ng panahon ay nagdala si Cain ng isang handog [kay Jehovah] mula sa mga bunga ng lupa.

E. Ang dalawang kasukdulan ay ang panghuling kinalabasan ng dalawang daan na tinatahak ng mga tao sa kanilang relasyon sa Diyos:

1. Ang kasukdulan ng daan ng buhay ng Diyos ay isang lunsod ng tubig ng buhay, ang Bagong Herusalem—Apoc. 21:2, 10-11; 22:1-2.

   **Apoc. 21:2** At nakita ko ang banal na lunsod, ang Bagong Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, na inihandang gaya ng isang kasintahang babaeng ginayakan para sa kanyang asawa.

   **Apoc. 21:10-11** At dinala niya akong nasa espiritu tungo sa isang malaki at mataas na bundok at ipinakita sa akin ang banal na lunsod, ang Herusalem, na bumababa mula sa langit buhat sa Diyos, [11]Na may kaluwalhatian ng Diyos. Ang kanyang ilaw ay katulad ng isang napakamahalagang bato, gaya ng batong jaspe, malinaw na gaya ng kristal.

   **Apoc. 22:1-2** At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. [2]At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.

2. Ang kasukdulan ng daan ng kamatayan at ng mabuti at masama ay isang dagat-dagatang apoy—19:20; 20:10, 14-15; 21:8.

   **Apoc. 19:20** At hinuli ang halimaw, at kasama niya ang huwad na propeta, na gumawa ng mga tanda sa harap niya na siyang ipinanlinlang sa mga tumanggap ng

marka ng halimaw at sa mga sumamba sa kanyang imahen. Ang dalawang ito ay inihagis nang buháy sa dagat-dagatang apoy, na nagliliyab sa asupre.

**Apoc. 20:10** At ang diyablo, na luminlang sa kanila, ay inihagis sa dagat-dagatang apoy at asupre, na kinaroroonan din naman ng halimaw at ng huwad na propeta; at sila ay pahihirapan araw at gabi magpakailan pa man.

**Apoc. 20:14-15** At ang kamatayan at ang Hades ay inihagis sa dagat-dagatang apoy. Ito ang ikalawang kamatayan, ang dagat-dagatang apoy. 15At kung ang sinuman ay hindi nasumpungang nakasulat sa aklat ng buhay, siya ay inihagis sa dagat-dagatang apoy.

**Apoc. 21:8** Ngunit sa mga duwag at sa mga hindi sumasampalataya at sa mga kasuklam-suklam at sa mga mamamatay-tao at sa mga mapakiapid at sa mga mangkukulam at sa mga mapagsamba sa mga diyos-diyosan at sa lahat ng bulaan, ang kanilang bahagi ay sa dagat-dagatang nagliliyab sa apoy at asupre, na siyang ikalawang kamatayan.

**II. Ang intensiyon ng Diyos ay hindi ang magkaroon ng isang Job sa linya ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama kundi ng isang Job sa linya ng puno ng buhay:**

A. Ang lohika ni Job at ng kanyang mga kaibigan ay ayon sa linya ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama—Job 2:11—32:1.

**Job 2:11-13** Nang mabalitaan ng tatlong kaibigan ni Job ang lahat ng kasamaang ito na dumating sa kanya, dumating ang bawat isa sa kanila mula sa kanya-kanyang sariling pook: si Elifaz na Temanita, si Bildad na Suhita, at si Zofar na Naamatita. Sila'y nagkaisang pumunta upang makiramay sa kanya at aliwin siya. 12Nang kanilang matanaw siya mula sa malayo, siya ay hindi nila nakilala. Kanilang inilakas ang kanilang tinig, umiyak at sinira ng bawat isa sa kanila ang kanya-kanyang balabal, at nagbuhos ng alabok sa kanilang mga ulo paharap sa langit. 13At sila'y umupo sa ibabaw ng lupa na kasama niya na pitong araw at pitong gabi, at walang nagsalita sa kanya, sapagkat kanilang nakita na ang kanyang paghihirap ay napakalaki.

**Job 3:1-26** Pagkatapos nito'y ibinuka ni Job ang kanyang bibig at sinumpa ang araw ng kanyang kapanganakan. 2Sinabi ni Job: 3“Maglaho nawa ang araw nang ako'y isilang, at ang gabi na nagsabi, ‘May batang lalaking ipinaglihi.’ 4Magdilim nawa ang araw na iyon! Huwag nawang hanapin iyon ng Diyos sa itaas, ni silayan man iyon ng liwanag. 5Hayaang angkinin iyon ng mapanglaw at pusikit na kadiliman. Tirahan nawa iyon ng ulap; takutin nawa iyon ng kadiliman ng araw. 6Ang gabing iyon—sakmalin nawa ng makapal na kadiliman! Huwag itong magsaya na kasama ng mga araw ng taon, huwag nawa itong mapasama sa bilang ng mga buwan. 7Oo, ang gabing iyon nawa ay maging baog, huwag marinig doon ang tinig ng kagalakan. 8Sumpain nawa iyon ng mga sumusumpa sa araw, ng mga bihasa sa paggising sa Leviatan. 9Magdilim nawa ang mga bituin ng pagbubukang-liwayway niyon; hayaang umasa ito ng liwanag, ngunit hindi magkakaroon, ni mamalas ang mga talukap-mata ng umaga, 10sapagkat hindi nito tinakpan ang mga pinto ng sinapupunan ng aking ina, o ikinubli man ang kaguluhan sa aking mga mata. 11“Bakit hindi pa ako namatay nang ako'y isilang? Bakit hindi ako nalagutan ng hininga nang ako'y iluwal? 12Bakit tinanggap ako ng mga tuhod? O bakit ang mga dibdib, na aking susushan? 13Sapagkat nahihimlay at natatahimik na sana ako, ako sana'y natutulog; nagpapahinga na sana ako; 14kasama ng mga hari at ng mga tagapayo ng daigdig, na muling nagtayo ng mga guho para sa kanilang sarili, 15o kasama

ng mga prinsipeng may mga ginto, na pinuno ng pilak ang kanilang bahay. 16Bakit hindi
pa ako inilibing tulad ng batang patay nang isilang, gaya ng sanggol na hindi nakakita
ng liwanag kailanman? 17Doon ang masama ay tumitigil sa paggambala, at doo'y ang
pagod ay nagpapahinga. 18Doon ang mga bilanggo ay sama-samang nagiginhawahan,
hindi nila naririnig ang tinig ng nag-aatang ng pasan. 19Ang hamak at ang dakila ay
naroroon, at ang alipin ay malaya sa kanyang panginoon. 20"Bakit binibigyan ng liwanag
ang nasa kahirapan, at ng buhay ang kaluluwang nasa kapighatian, 21na nasasabik sa
kamatayan, ngunit hindi ito dumarating; at naghuhukay dito ng higit kaysa mga
kayamanang nakalibing; 22na labis ang kagalakan, at natutuwa kapag natagpuan nila
ang libingan? 23Bakit ang liwanag ay ibibigay sa taong ang daan ay nakatago, at ang
taong binakuran ng Diyos? 24Sapagkat ang buntong-hininga ko ay dumarating na
parang aking pagkain, at ang aking mga daing ay bumubuhos na parang tubig.
25Sapagkat ang bagay na aking kinatatakutan ay dumarating sa akin, at ang aking
pinangingilabutan ay nangyayari sa akin. 26Hindi ako mapalagay at hindi rin matahimik,
wala akong kapahingahan; kundi dumarating ang kaguluhan."
**Job 4:1-21** Pagkatapos ay sumagot si Elifaz na Temanita, na sinasabi, 2"Kung may isang
mangahas magsalita sa iyo, magdaramdam ka ba? Ngunit sinong makakapigil ng
pagsasalita? 3Tingnan mo, marami kang tinuruan, at pinalakas mo ang mahihinang
kamay. 4Ang mga salita mo ay umalalay sa mga natitisod, at pinalakas mo ang
mahihinang tuhod. 5Subalit ngayo'y inabutan ka nito, at ikaw ay naiinip; ito'y
nakarating sa iyo, at ikaw ay balisa. 6Hindi ba ang iyong takot sa Diyos ay ang iyong
tiwala, at ang katapatan ng iyong mga lakad ang iyong pag-asa? 7"Isipin mo ngayon, sino
ba ang walang sala na napahamak? O saan ang mga matuwid ay winasak? 8Ayon sa
aking nakita, ang mga nag-aararo ng kasamaan at naghahasik ng kaguluhan ay
gayundin ang inaani. 9Sa hininga ng Diyos sila'y namamatay, at sa bugso ng kanyang
galit sila'y natutupok. 10Ang ungal ng leon, at ang tinig ng mabangis na leon, at ang mga
ngipin ng mga batang leon ay nababali. 11Ang malakas na leon ay namamatay dahil
walang nasisila, at ang mga anak ng inahing leon ay nagkalat. 12"Ngayo'y may salitang
dinala sa akin nang lihim, at tinanggap ng aking tainga ang bulong niyon. 13Sa gitna ng
mga pag-iisip mula sa mga panggabing pangitain, kapag ang mahimbing na tulog sa
mga tao ay dumarating; 14ang takot ay dumating sa akin, at ang pangingilabot, na
nagpanginig sa lahat ng aking mga buto. 15At dumaan ang isang espiritu sa harap ng
aking mukha; ang balahibo ng aking balat ay nagtindigan. 16Tumayo iyon, ngunit hindi
ko mawari ang anyo niyon. Isang anyo ang nasa harap ng aking mga mata; nagkaroon
ng katahimikan, at ako'y nakarinig ng isang tinig: 17'Maaari bang maging matuwid ang
taong may kamatayan sa harapan ng Diyos? Maaari bang maging malinis ang tao sa
harapan ng kanyang Lumikha? 18Maging sa kanyang mga lingkod ay hindi siya
nagtitiwala, at ang kanyang mga anghel ay pinaparatangan niya ng kamalian; 19gaano
pa kaya silang tumatahan sa mga bahay na putik, na ang pundasyon ay nasa alabok, na
napipisang gaya ng gamu-gamo. 20Sa pagitan ng umaga at gabi, sila ay nawawasak; sila'y
namamatay magpakailanman na walang pumapansin. 21Kung nalalagot ang tali ng
kanilang tolda sa loob nila, hindi ba sila'y namamatay na walang karunungan?'
**Job 5:1-27** Tumawag ka ngayon; may sasagot ba sa iyo? At kanino sa mga banal ka
babaling? 2Tunay na pinapatay ng pagkayamot ang taong hangal, at pinapatay ng
panibugho ang mangmang. 3Nakakita na ako ng hangal na nag-uugat, ngunit bigla kong
sinumpa ang kanyang tirahan. 4Ang mga anak niya ay malayo sa kaligtasan, sila'y

dinudurog sa pintuan at walang magligtas sa kanila isa man. 5Ang kanyang ani ay
kinakain ng gutom, at kinukuha niya ito maging mula sa mga tinik, at ang bitag ay
naghahangad sa kanilang kayamanan. 6Sapagkat ang paghihirap ay hindi nanggagaling
sa alabok, ni ang kaguluhan ay sumisibol man sa lupa; 7kundi ang tao ay ipinanganak
tungo sa kaguluhan, kung paanong ang siklab, sa itaas ay pumapailanglang. 8"Ngunit sa
ganang akin, ang Diyos ay aking hahanapin, at sa Diyos ko ipagkakatiwala ang aking
usapin, 9na siyang gumagawa ng mga dakilang bagay at hindi maintindihan, mga
kamanghamanghang bagay na hindi mabilang, 10nagbibigay siya ng ulan sa lupa, at
nagdadala ng tubig sa mga bukid; 11kanyang itinataas ang mga mapagpakumbaba, at
ang mga tumatangis ay itinataas sa katiwasayan. 12Kanyang binibigo ang mga pakana
ng tuso, anupa't ang kanilang mga kamay ay hindi nagkakamit ng tagumpay.
13Kanyang hinuhuli ang marunong sa kanilang sariling katusuhan; at ang balak ng
madaya ay dagling nawawakasan. 14Nakakasalubong nila sa araw ang kadiliman, at
nangangapa na gaya nang sa gabi kahit katanghalian. 15Ngunit siya'y nagliligtas mula sa
tabak ng kanilang bibig, at ang maralita mula sa kamay ng makapangyarihan. 16Kaya't
ang dukha ay may pag-asa, at itinitikom ng kawalang-katarungan ang bibig niya.
17"Narito, mapalad ang tao na sinasaway ng Diyos, kaya't huwag mong hamakin ang
pagtutuwid ng Makapangyarihan sa lahat. 18Sapagkat siya'y sumusugat, ngunit
kanyang tinatalian; siya'y nananakit, ngunit nagpapagaling ang kanyang mga kamay.
19Ililigtas ka niya mula sa anim na kaguluhan; sa ikapito ay walang kasamaang gagalaw
sa iyo. 20Sa taggutom ay tutubusin ka niya mula sa kamatayan; at sa digmaan, mula sa
tabak na makapangyarihan. 21Ikaw ay ikukubli mula sa hagupit ng dila; at hindi ka
matatakot sa pagkawasak kapag ito'y dumating. 22Sa pagkawasak at taggutom, ikaw ay
tatawa, at hindi ka matatakot sa mababangis na hayop sa lupa. 23Sapagkat ikaw ay
makakasundo ng mga bato sa parang; at ang mga ganid sa parang sa iyo ay
makikipagpayapaan. 24Malalaman mo na ang iyong tolda ay ligtas, at dadalawin mo ang
iyong kulungan, at walang nawawalang anuman. 25Malalaman mo rin na ang iyong lahi
ay magiging marami, at ang iyong supling ay magiging gaya ng damo sa lupa. 26Tutungo
ka sa iyong libingan sa ganap na katandaan, gaya ng bigkis ng trigo na dumarating sa
giikan sa kanyang kapanahunan. 27Narito, siniyasat namin ito; ito ay totoo. Dinggin mo,
at alamin mo para sa kabutihan mo."
**Job 6:1-30** Pagkatapos ay sumagot si Job at sinabi, 2"O tinimbang sana ang aking
pagkayamot, at lahat ng aking mga sakuna ay inilagay sana sa mga timbangan.
3Sapagkat kung gayon iyon ay magiging mas mabigat pa kaysa buhangin sa dagat; kaya't
ang aking mga salita ay naging padalus-dalos. 4Sapagkat ang mga palaso ng
Makapangyarihan sa lahat ay nasa akin, iniinom ng aking espiritu ang kanilang lason;
ang mga kilabot ng Diyos ay nakahanay laban sa akin. 5Umuungal ba ang mailap na asno
kapag mayroon siyang damo? O inuungalan ba ng baka ang kanyang pagkain? 6Ang wala
bang lasa ay makakain nang walang asin? O mayroon bang lasa ang puti ng isang itlog?
7Wala akong ganang hawakan ang mga iyon; ang mga iyon ay parang nakakapandiring
pagkain sa akin. 8"Makamit ko nawa ang aking kahilingan; at ipagkaloob nawa ng Diyos
ang aking minimithi; 9na kalugdan nawa ng Diyos na durugin ako; na ibitaw niya ang
kanyang kamay, at putulin ako! 10Ito nga ang magiging kaaliwan ko; magsasaya pa ako
sa walang tigil na sakit; sapagkat hindi ko itinakuwil ang mga salita ng Banal. 11Ano ang
aking lakas, upang ako'y maghintay? At ano ang aking wakas upang ako'y magtiis?
12Ang lakas ko ba ay lakas ng mga bato, o ang laman ko ba ay tanso? 13Sa totoo ay walang

tulong sa akin, at anumang mapagkukunan ay inilayo sa akin. 14“Siyang nagkakait ng
kagandahang-loob sa kanyang kaibigan ay nagtatakuwil ng takot sa Makapangyarihan
sa lahat. 15Ang aking mga kapatid ay mapandayang tulad sa batis, na parang daluyan ng
mga batis na lumilipas, 16na madilim dahil sa yelo, malabo dahil sa natutunaw na
niyebe. 17Sa panahon ng init, sila'y nawawala; kapag mainit, sila'y nawawala sa kanilang
kinalalagyan. 18Ang mga pangkat ng manlalakbay ay lumilihis sa kanilang daan;
umaakyat sila sa pagkapahamak at namamatay. 19Tumitingin ang mga pulutong ng
manlalakbay mula sa Tema, umaasa ang mga manlalakbay mula sa Sheba. 20Sila'y
nabigo, sapagkat sila'y nagtiwala; sila'y pumaroon at sila'y nalito. 21Naging ganyan kayo
ngayon sa akin, nakikita ninyo ang aking kasawian at kayo'y natatakot. 22Sinabi ko ba:
‘Bigyan ninyo ako ng kaloob?’ O, ‘Mula sa inyong yaman ay handugan ninyo ako ng
suhol?’ 23O, ‘Iligtas ninyo ako mula sa kamay ng kaaway?’ O, ‘Tubusin ninyo ako mula sa
kamay ng mga manlulupig?’ 24“Turuan ninyo ako, at ako'y tatahimik; ipaunawa ninyo
sa akin kung paano ako nagkamali. 25Napakatindi ng mga tapat na salita! Ngunit ang
inyong saway, ano bang sinasaway? 26Sa akala ba ninyo ay masasaway ninyo ang mga
salita, gayong ang mga salita ng taong sawi ay hangin? 27Magpapalabunutan nga kayo
para sa ulila, at magtatawaran para sa inyong kaibigan. 28“Subalit ngayon, tumingin
kayo sa akin na may kaluguran, sapagkat hindi ako magsisinungaling sa inyong
harapan. 29Bumalik kayo, isinasamo ko sa inyo, huwag magkaroon ng kamalian. Oo,
kayo'y magsibalik, nakataya rito ang aking katuwiran. 30May masama ba sa aking dila?
Hindi ba nakakabatid ng kasawian ang aking panlasa?
**Job 7:1-21** “Wala bang mahirap na paglilingkod ang tao sa ibabaw ng lupa? At hindi ba
ang kanyang mga araw ay gaya ng mga araw ng isang taong upahan? 2Gaya ng alipin na
naghahangad ng lilim, at gaya ng upahang manggagawa na sa kanyang sahod ay
tumitingin, 3gayon ako pinaglaanan ng mga buwan na walang kabuluhan, at itinakda sa
akin ang mga gabi ng kalungkutan. 4Kapag ako'y nahihiga, aking sinasabi, ‘Kailan ako
babangon?’ Ngunit mahaba ang gabi, at ako'y pabali-baligtad hanggang sa
pagbubukang-liwayway. 5Ang aking laman ay nadaramtan ng mga uod at ng libag;
tumitigas ang aking balat, pagkatapos ay namumutok. 6Ang aking mga araw ay matulin
kaysa panghabi ng manghahabi, at nagwawakas na walang pag-asa. 7“Alalahanin mo na
ang aking buhay ay isang hininga; hindi na muling makakakita ng mabuti ang aking
mata. 8Ang mata niyang nakatingin sa akin ay hindi na ako muling makikita; habang ang
iyong mga mata ay nakatuon sa akin, ako ay maglalaho. 9Kung paanong ang ulap ay
napapawi at nawawala, gayon hindi na aahon pa ang taong sa Sheol ay bumababa.
10Hindi na siya babalik pa sa kanyang bahay, ni hindi na siya makikilala ng kanyang
lugar. 11“Kaya't hindi ko pipigilan ang aking bibig; ako'y magsasalita sa kadalamhatian
ng aking espiritu; ako'y dadaing sa kapaitan ng aking kaluluwa. 12Ako ba'y dagat, o
dambuhala sa dagat, upang maglagay ka ng bantay sa akin? 13Kapag sinasabi ko,
‘Aaliwin ako ng aking tulugan, pagagaanin ng aking higaan ang aking pagdaramdam.’
14Kung magkagayo'y tinatakot mo ako ng mga panaginip, at sinisindak ako ng mga
pangitain, 15anupa't pinipili ng aking kaluluwa ang pagkabigti at ang kamatayan kaysa
aking mga buto. 16Kinasusuklaman ko ang aking buhay; ayaw kong mabuhay
magpakailanman. Hayaan mo akong mag-isa, sapagkat ang aking mga araw ay parang
isang hininga. 17Ano ang tao, na itinuturing mong dakila, at iyong itinutuon ang iyong
isip sa kanya, 18at iyong dinadalaw siya tuwing umaga, at sinusubok siya sa tuwi-
tuwina? 19Gaano katagal mo akong hindi titingnan ni babayaan akong nag-iisa

hanggang sa malunok ko ang aking laway? 20Kung ako'y nagkasala, ano ang aking
magagawa sa iyo, O ikaw na bantay sa mga tao? Bakit ginawa mo akong iyong tudlaan?
Bakit ako'y naging iyong pasan? 21At bakit hindi mo ipinatatawad ang aking
pagsalangsang, at inaalis ang aking kasamaan? Sapagkat ngayo'y mahihiga ako sa
alabok; ako'y hahanapin mo ngunit ako'y hindi matatagpuan."
**Job 8:1-22** Pagkatapos ay sumagot si Bildad na Suhita, at sinabi, 2"Hanggang kailan mo
sasabihin ang mga bagay na ito, at ang mga salita ng iyong bibig na gaya ng malakas na
hangin? 3Binabaluktot ba ng Diyos ang katarungan? O nililiko ba ng Makapangyarihan
sa lahat ang matuwid? 4Kung ang iyong mga anak ay nagkasala laban sa kanya, sa
kapangyarihan ng kanilang pagsalangsang ay kanyang ibinigay sila. 5Kung hahanapin
mo ang Diyos, at dadaing ka sa Makapangyarihan sa lahat; 6kung ikaw ay dalisay at
matuwid; tiyak na gigising siya dahil sa iyo, at ibabalik ka sa iyong matuwid na tirahan.
7At bagaman maliit ang iyong pasimula, ang iyong huling wakas ay magiging
napakadakila. 8"Sapagkat magsiyasat ka sa mga nagdaang panahon, hinihiling ko sa iyo,
at isaalang-alang mo ang natuklasan ng mga ninuno; 9sapagkat tayo'y sa kahapon
lamang, at walang nalalaman, sapagkat ang ating mga araw sa lupa ay isang anino.
10Hindi ka ba nila tuturuan, at sasabihin sa iyo, at bibigkas ng mga salita mula sa
kanilang pang-unawa? 11"Lalago ba ang yantok kung walang latian? Tutubo ba ang
tambo kung walang tubig? 12Habang namumukadkad pa at hindi pa pinuputol, una
silang nalalanta kaysa alinmang halaman. 13Gayon ang mga landas ng lahat ng
lumilimot sa Diyos; ang pag-asa ng masamang tao ay maglalaho. 14Ang kanyang
pagtitiwala ay masisira, at sapot ng gagamba ang kanyang tiwala. 15Siya'y sasandal sa
kanyang bahay, ngunit ito'y hindi tatayo; siya'y hahawak dito, ngunit hindi ito
magtatagal. 16Siya'y nananariwa sa harap ng araw, at ang kanyang mga suwi ay
sumisibol sa kanyang halamanan. 17Ang kanyang mga ugat ay kumapit sa palibot ng
bunton, kanyang minamasdan ang dako ng mga bato. 18Kung siya'y nawasak sa kanyang
kinalalagyan, kung magkagayo'y ikakaila siya nito, na sinasabi: 'Hindi kita kailanman
nakita.' 19Tingnan mo, ito ang kagalakan ng landas niya; at mula sa lupa ay sisibol ang
iba. 20"Tingnan mo, hindi itatakuwil ng Diyos ang taong walang kapintasan, ni aalalayan
man ang kamay ng mga gumagawa ng kasamaan. 21Kanya namang pupunuin ng
pagtawa ang iyong bibig, at ang iyong mga labi ng pagsigaw. 22Silang napopoot sa iyo ay
mabibihisan ng kahihiyan, at ang tolda ng masama ay mapapaparam."
**Job 9:1-35** Pagkatapos ay sumagot si Job, at sinabi, 2"Sa katotohanan ay alam kong
gayon nga: Ngunit paano magiging matuwid ang isang tao sa harapan ng Diyos? 3Kung
naisin ng isang tao na sa kanya ay makipagtalo, siya'y hindi makakasagot sa kanya ni
minsan sa isang libo. 4Siya ay pantas sa puso, at malakas sa kapangyarihan: Sinong
nagmatigas laban sa kanya at nagtagumpay? 5Na siyang naglilipat ng mga bundok, at
hindi nila nababatid, nang kanyang itaob sila sa kanyang pagkagalit; 6na siyang umuuga
ng lupa mula sa kanyang kinaroroonan, at ang mga haligi nito ay nanginginig; 7na siyang
nag-uutos sa araw at ito'y hindi sumisikat, na siyang nagtatakip sa mga bituin; 8na nag-
iisang nagladlad ng kalangitan, at ang mga alon ng dagat ay tinapakan; 9na siyang
gumawa sa Oso at Orion, at sa Pleyades, at sa mga silid ng timog; 10na gumagawa ng
mga dakilang bagay na di maunawaan, at mga kamanghamanghang bagay na di
mabilang. 11Siya'y dumaraan sa tabi ko, at hindi ko siya nakikita. Siya'y nagpapatuloy
ngunit hindi ko siya namamalayan. 12Siya'y nang-aagaw, sinong makakahadlang sa
kanya? Sinong magsasabi sa kanya, 'Anong ginagawa mo?' 13"Hindi iuurong ng Diyos

ang kanyang galit; ang mga katulong ng Rahab ay nakayukod sa ilalim niya. 14Paano ko
ngang masasagot siya, at mapipili ang aking mga salita laban sa kanya? 15Bagaman ako'y
walang sala, hindi ako makakasagot sa kanya; kailangang ako'y magmakaawa sa aking
hukom. 16Kung siya'y ipatawag ko at siya'y sumagot sa akin; gayunma'y hindi ako
maniniwala na kanyang dininig ang aking tinig. 17Sapagkat ako'y dinudurog niya sa
pamamagitan ng isang bagyo, at pinararami ang aking mga sugat nang walang
kadahilanan. 18Hindi niya ako tutulutang makahinga, sa halip ay pinupuno niya ako ng
kapaitan. 19Kung ito'y tagisan ng lakas, siya ang malakas! At kung tungkol sa
katarungan, sino ang magpapatawag sa kanya? 20Bagaman ako'y walang sala, hahatulan
ako ng sarili kong bibig; bagaman ako'y walang dungis, patutunayan niya akong
masama. 21Ako'y walang dungis, hindi ko pinapansin ang sarili ko, kinasusuklaman ko
ang buhay ko. 22Ang lahat ay iisa; kaya't aking sinasabi, kapwa niya pinupuksa ang
masama at ang mabuti. 23Kapag ang sakuna ay nagdadala ng biglang kamatayan,
tinutuya niya ang kapahamakang dumating sa walang kasalanan. 24Ang lupa ay ibinigay
sa kamay ng masama, kanyang tinatakpan ang mga mukha ng mga hukom nito; kung
hindi siya iyon, kung gayo'y sino? 25"Ang mga araw ko ay mas matulin kaysa isang
mananakbo, sila'y tumatakbong palayo, wala silang nakikitang mabuti. 26Sila'y
dumaraang parang matutuling bangkang tambo, parang agilang dumadagit sa biktima.
27Kung aking sabihin, 'Kalilimutan ko ang aking daing, papawiin ko ang aking
malungkot na mukha, at magpapakasaya ako.' 28Ako'y natatakot sa lahat kong
paghihirap, sapagkat alam kong hindi mo ako ituturing na walang sala. 29Ako'y
mahahatulan; bakit pa ako magpapakapagod nang walang kabuluhan? 30Kung ako'y
maligo sa niyebe, at hugasan ko ang aking mga kamay sa lihiya, 31gayunma'y itutulak
mo ako sa hukay, at kamumuhian ako ng mga sarili kong kasuotan. 32Sapagkat siya'y
hindi tao, na gaya ko, na masasagot ko siya, na kami'y magkasamang haharap sa
paglilitis. 33Walang hukom sa pagitan namin, na magpapatong ng kanyang kamay sa
aming dalawa. 34Ilayo nawa niya sa akin ang kanyang tungkod, at huwag nawa akong
sindakin ng kanyang bagsik. 35Saka ako magsasalita nang walang takot tungkol sa
kanya, sapagkat hindi ako gayon sa aking sarili.
**Job 10:1-22** "Kinasusuklaman ko ang aking buhay; malaya kong bibigkasin ang aking
karaingan; ako'y magsasalita sa kapaitan ng aking kaluluwa. 2Sasabihin ko sa Diyos,
Huwag mo akong hatulan; ipaalam mo sa akin kung bakit mo ako kinakalaban. 3Mabuti
ba sa iyo na ikaw ay magpahirap, na iyong hamakin ang gawa ng iyong mga kamay at
iyong sang-ayunan ang mga pakana ng masama? 4Ikaw ba'y may mga matang laman?
Ikaw ba'y nakakakita tulad ng pagkakita ng tao? 5Ang iyo bang mga araw ay gaya ng
mga araw ng tao, o ang iyong mga taon ay gaya ng mga taon ng tao, 6upang ikaw ay
maghanap ng kasamaan ko, at mag-usisa ng kasalanan ko, 7bagaman iyong nalalaman
na ako'y hindi nagkasala, at walang makapagliligtas mula sa iyong kamay? 8Ang iyong
mga kamay ang humugis at gumawa sa akin, at ngayo'y pumipihit ka at pinupuksa ako.
9Iyong alalahanin, na ako'y ginawa mo mula sa luwad, at ibabalik mo ba akong muli sa
alabok? 10Hindi mo ba ako ibinuhos na parang gatas, at binuo mo akong parang keso?
11Ako'y dinamitan mo ng balat at laman, at ako'y hinabi mo ng mga buto at mga litid.
12Ako'y pinagkalooban mo ng buhay at tapat na pag-ibig, at ang iyong kalinga ang nag-
ingat ng aking espiritu. 13Gayunma'y ang mga bagay na ito ay iyong ikinubli sa iyong
puso; alam ko na ito ang layunin mo. 14Kung ako'y magkasala, ako nga'y iyong
tinatandaan, at hindi mo ako pinawawalang-sala sa aking kasamaan. 15Kung ako'y

masama, kahabag-habag ako! Kung ako'y matuwid, hindi ko maitaas ang aking ulo; sapagkat ako'y puspos ng kahihiyan, at tingnan mo ang aking kahirapan. 16At kung itaas ko ang aking sarili, tinutugis mo akong parang leon; at ipinapakita mong muli ang iyong kapangyarihan sa akin. 17Pinanunumbalik mo ang iyong mga pagsaksi laban sa akin, at dinaragdagan mo ang iyong galit sa akin; nagdadala ka ng mga bagong hukbo laban sa akin. 18"Bakit mo pa ako inilabas sa sinapupunan? Namatay na sana ako bago pa ako nakita ng alinmang mata. 19Ako sana'y naging parang hindi nabuhay; nadala sana ako mula sa sinapupunan hanggang sa libingan. 20Hindi ba iilan ang mga araw ng aking buhay? Tapusin mo na nga! Bayaan mo na ako, upang ako'y makatagpo ng kaunting kaginhawahan, 21bago ako magtungo na mula roo'y hindi ako makakabalik, sa lupain ng kapanglawan at ng pusikit na kadiliman, 22sa lupain ng kapanglawan gaya ng kadiliman ng malalim na anino na walang kaayusan, na doon ay nagliliwanag na gaya ng kadiliman."

**Job 11:1-20** Nang magkagayo'y sumagot si Zofar na Naamatita, at sinabi, 2"Hindi ba sasagutin ang karamihan ng mga salita? At mapawalang-sala ang lalaking madada? 3Patatahimikin ba ang mga tao ng iyong kangangawa, wala bang hihiya sa iyo kapag ikaw ay nanunuya? 4Sapagkat iyong sinasabi, 'Ang aking aral ay dalisay, at ako'y malinis sa iyong mga mata!' 5Ngunit ang Diyos nawa'y magsalita, at ibuka ang kanyang mga labi sa iyo; 6at ipakilala nawa sa iyo ang mga lihim ng karunungan! Pagka't siya ay sagana sa kaunawaan. Alamin mo na sinisingil ka ng Diyos ng kulang pa kaysa nararapat sa iyong kasalanan. 7"Matatagpuan mo ba ang malalalim na bagay ng Diyos? Matatagpuan mo ba ang hangganan ng Makapangyarihan sa lahat? 8Ito ay mataas kaysa langit; anong iyong magagawa? Malalim kaysa Sheol—anong iyong malalaman? 9Ang sukat nito ay mas mahaba kaysa lupa, at mas malawak kaysa dagat. 10Kung siya'y dumaan, at magbilanggo, at tumawag ng paglilitis, sinong makakapigil sa kanya? 11Sapagkat nakikilala niya ang mga taong walang kabuluhan, kapag nakakita siya ng kasamaan, hindi ba niya ito isasaalang-alang? 12Ngunit ang taong hangal ay magkakaroon ng pagkaunawa, kapag ang asno ay ipinanganak na tao. 13"Kung itutuwid mo ang iyong puso, iuunat mo ang iyong kamay sa kanya. 14Kung ang kasamaan ay nasa iyong kamay, ilayo mo ito, at huwag nawang manirahan ang kasamaan sa iyong mga tolda. 15Walang pagsala ngang itataas mo ang iyong mukha na walang kapintasan; ikaw ay hindi matatakot at magiging tiwasay. 16Malilimutan mo ang iyong kahirapan, iyong maaalala ito na parang tubig na umagos. 17At ang iyong buhay ay magiging lalong maliwanag kaysa katanghalian at magiging gaya ng umaga ang kanyang kadiliman. 18At ikaw ay mapapanatag sapagkat may pag-asa; ikaw ay mapapangalagaan, at tiwasay kang magpapahinga. 19Ikaw nama'y hihiga at walang mananakot sa iyo; maraming hihingi ng kalinga mo. 20Ngunit ang mga mata ng masama ay manghihina, at mawawalan sila ng daang tatakasan, at ang kanilang pag-asa ay hininga'y malagutan."

**Job 12:1-25** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at sinabi, 2"Walang pag-aalinlangan na kayo ang bayan, at mamamatay na kasama ninyo ang karunungan. 3Ngunit ako'y may pagkaunawa na gaya ninyo; hindi ako mas mababa sa inyo. Sinong hindi nakaalam ng mga bagay na gaya nito? 4Ako'y katatawanan sa aking mga kaibigan, ako na tumawag sa Diyos, at ako'y sinagot niya, isang ganap at taong sakdal, ay katatawanan. 5Sa pag-iisip ng isang nasa katiwasayan ay may pagkutya sa kasawian; nakahanda iyon sa mga nadudulas ang mga paa. 6Ang mga tolda ng mga magnanakaw ay may kapayapaan, at silang nanggagalit sa Diyos ay tiwasay; na inilalagay ang kanilang diyos sa kanilang

kamay. 7“Ngunit ngayo'y tanungin mo ang mga hayop, at tuturuan ka nila; ang mga ibon
sa himpapawid, at kanilang sasabihin sa iyo; 8o ang mga halaman sa lupa, at tuturuan
ka nila; at ang mga isda sa dagat ay magpapahayag sa iyo. 9Sinong hindi nakakaalam sa
lahat ng mga ito, na ang kamay ng Panginoon ang gumawa nito? 10“Nasa kamay niya ang
buhay ng bawat bagay na may buhay, at ang hininga ng lahat ng mga tao. 11Hindi ba
sumusubok ang mga salita ng pandinig, gaya ng ngalangala na lumalasa ng pagkain?
12Nasa matatanda ang karunungan, ang haba ng buhay ay ang kaunawaan. 13“Nasa
Diyos ang karunungan at kalakasan; kanya ang payo at kaunawaan. 14Kapag siya'y
nagpabagsak, walang makakapagtayo, kapag ikinulong niya ang tao, walang
makakapagbukas. 15Kapag kanyang pinigil ang tubig, natutuyo ito; kapag kanyang
pinaagos, ang lupa ay inaapawan nito. 16Nasa kanya ang kalakasan at ang karunungan,
ang nadaya at ang mandaraya ay kanya. 17Kanyang pinalalakad na hubad ang mga
tagapayo, at ginagawa niyang hangal ang mga hukom. 18Kanyang kinakalag ang gapos
ng mga hari, at binibigkisan ang kanilang mga baywang ng pamigkis. 19Ang mga pari ay
hubad niyang pinalalakad, at pinababagsak ang makapangyarihan. 20Kanyang inaalisan
ng pananalita ang pinagtitiwalaan, at inaalis ang pagkaunawa ng mga nakakatanda.
21Siya'y nagbubuhos ng kutya sa mga pinuno, at kinakalag ang pamigkis ng malakas.
22Inililitaw niya ang malalalim mula sa kadiliman, at inilalabas sa liwanag ang pusikit
na kadiliman. 23Kanyang pinadadakila ang mga bansa, at winawasak ang mga ito.
Kanyang pinalalaki ang mga bansa, at itinataboy ang mga ito. 24Kanyang inaalis ang
pang-unawa mula sa mga pinuno ng bayan sa lupa, at kanyang pinalalaboy sila sa ilang
na walang lansangan. 25Sila'y nangangapa sa dilim na walang liwanag, at kanyang
pinasusuray sila na gaya ng isang lasing.
**Job 13:1-28** “Narito, nakita ang lahat ng ito ng aking mata, ang aking tainga ay
nakarinig at nakaunawa. 2Kung ano ang iyong nalalaman, ay nalalaman ko rin naman:
Hindi ako mababa sa inyo. 3Ngunit ako'y magsasalita sa Makapangyarihan sa lahat, at
nais kong ipagtanggol ang aking usapin sa Diyos. 4Ngunit kayo'y mapagkatha ng mga
kabulaanan, kayong lahat ay mga manggagamot na walang kabuluhan. 5Nawa ay
tumahimik kayong lahat, at magiging inyong karunungan! 6Dinggin ninyo ngayon ang
aking pangangatuwiran, at ang mga pakikiusap ng aking mga labi ay inyong pakinggan.
7Kayo ba'y magsasalita ng kabulaanan para sa Diyos, at mangungusap na may
pandaraya para sa kanya? 8Kayo ba'y magpapakita ng pagpanig sa kanya? Ipapakiusap
ba ninyo ang usapin para sa Diyos? 9Makakabuti ba sa inyo kapag siniyasat niya kayo?
O madadaya mo ba siya tulad ng pandaraya sa isang tao? 10Walang pagsalang sasawayin
niya kayo, kung sa lihim ay magpapakita kayo ng pagtatangi. 11Hindi ba kayo tatakutin
ng kanyang kamahalan, at ang sindak sa kanya ay sasainyo? 12Ang inyong mga di-
malilimot na kasabihan ay kawikaang abo, ang inyong mga sanggalang ay mga
sanggalang na putik. 13“Bigyan ninyo ako ng katahimikan, at ako'y magsasalita, at
hayaang dumating sa akin ang anuman. 14Bakit kakagatin ng aking mga ngipin ang
aking laman, at ilalagay ko ang aking buhay sa aking kamay? 15Bagaman ako'y patayin
niya, ako'y aasa pa rin sa kanya, gayunma'y ipagtatanggol ko ang aking mga lakad sa
harapan niya. 16Ito ang aking magiging kaligtasan, na ang isang masamang tao ay hindi
haharap sa kanya. 17Pakinggan ninyong mabuti ang mga salita ko, at sumainyong mga
pakinig ang pahayag ko. 18Narito ngayon, inihanda ko ang aking usapin; alam ko na
ako'y mapapawalang sala. 19Sino ang makikipagtalo sa akin? Sapagkat kung gayo'y
tatahimik ako at mamamatay. 20Dalawang bagay lamang ang ipagkaloob mo sa akin,

kung magkagayo'y hindi ako magkukubli sa iyong mukha: [21]iurong mo nang malayo sa
akin ang kamay mo; at huwag akong takutin ng sindak sa iyo. [22]Kung magkagayo'y
tumawag ka, at ako'y sasagot; o papagsalitain mo ako, at sa akin ikaw ay sumagot. [23]Ilan
ang aking mga kasamaan at mga kasalanan? Ipakilala mo sa akin ang aking
pagsalangsang at ang aking kasalanan. [24]Bakit mo ikinukubli ang iyong mukha, at
itinuturing mo akong iyong kaaway? [25]Iyo bang tatakutin ang isang dahong pinapaspas
ng hangin, at ang tuyong ipa ay iyo bang hahabulin? [26]Sapagkat ikaw ay sumusulat laban
sa akin ng mapapait na bagay, at ipinamamana mo sa akin ang mga kasamaan ng aking
kabataan. [27]Iyo ring inilalagay ang aking mga paa sa kadenahan, at minamanmanan mo
ang lahat kong daan, ikaw ay naglalagay ng hangganan sa aking talampakan. [28]Bagaman
ako'y parang bagay na bulok na natutunaw, na parang damit na kinakain ng bukbok.
**Job 14:1-22** "Ang tao, na ipinanganak ng babae ay may kaunting araw, at punô ng
kaguluhan. [2]Siya'y umuusbong na gaya ng bulaklak, at nalalanta; siya'y nawawalang
gaya ng anino, at hindi namamalagi. [3]At iyo bang iminumulat ang iyong mga mata sa
isang gaya nito, at dinadala siya sa kahatulan na kasama mo? [4]Sinong makakakuha ng
malinis na bagay mula sa marumi? Walang sinuman. [5]Yamang ang kanyang mga araw
ay itinakda na, at ang bilang ng kanyang mga buwan ay nasa iyo, at iyong itinalaga ang
kanyang mga hangganan upang huwag siyang makaraan; [6]ilayo mo sa kanya ang iyong
paningin, at ikaw ay huminto, upang siya'y masiyahan sa kanyang araw tulad ng isang
taong upahan. [7]"Sapagkat may pag-asa sa isang punungkahoy, na kung ito'y putulin ay
muling sisibol, at ang sariwang sanga niyon ay hindi hihinto. [8]Bagaman ang kanyang
ugat ay tumanda sa lupa, at ang tuod niyon ay mamatay sa lupa; [9]gayunma'y sa
pamamagitan ng amoy ng tubig ay sisibol iyon, at magsasanga na gaya ng batang
halaman. [10]Ngunit ang tao ay namamatay at ibinabaon; ang tao ay nalalagutan ng
hininga, at saan siya naroon? [11]Kung paanong ang tubig ay lumalabas sa dagat, at ang
ilog ay humuhupa at natutuyo; [12]gayon ang tao ay humihiga at hindi na bumabangon;
hanggang sa ang langit ay mawala, siya'y hindi na muling magigising, ni mapupukaw
man sa kanilang pagkakatulog. [13]O sa Sheol ay ikubli mo ako nawa, itago mo ako
hanggang sa ang iyong poot ay mawala, takdaan mo nawa ako ng takdang panahon, at
ako'y iyong alalahanin! [14]Kung ang isang tao ay mamatay, mabubuhay pa ba siya? Lahat
ng araw ng aking pagpupunyagi ay ipaghihintay ko, hanggang sa dumating ang
pagbabago ko. [15]Ikaw ay tatawag, at ako'y sasagot sa iyo; iyong nanasain ang gawa ng
mga kamay mo. [16]Kung magkagayo'y bibilangin mo ang aking mga hakbang, at hindi mo
babantayan ang aking kasalanan. [17]Ang aking pagsalangsang ay itatago sa isang
lalagyan, at iyong tatakpan ang aking kasamaan. [18]"Ngunit ang bundok ay natitibag at
nawawala, at ang bato ay inalis sa kinaroroonan niyon; [19]inaagnas ng tubig ang mga
bato; tinatangay ng mga baha niyon ang alabok ng lupa; sa gayon mo winasak ang pag-
asa ng tao. [20]Ikaw ay nananaig kailanman laban sa kanya, at siya'y pumapanaw; iyong
binabago ang kanyang mukha, at iyong pinalayas siya. [21]Ang kanyang mga anak ay
nagkaroon ng karangalan, at hindi niya nalalaman; sila'y ibinababa, ngunit hindi niya
iyon nahahalata. [22]Ngunit ang sakit lamang ng kanyang katawan ay nagbibigay ng sakit
sa kanya, at nagluluksa lamang siya para sa kanyang sarili!"
**Job 15:1-35** Nang magkagayo'y sumagot si Elifaz na Temanita, at sinabi, [2]"Sasagot ba
ang isang pantas ng may mahanging kaalaman, at pupunuin ang kanyang sarili ng
hanging silangan? [3]Makikipagtalo ba siya sa walang kabuluhang pag-uusap, o ng mga
salita na hindi siya makakagawa ng mabuti? [4]Ngunit inaalis mo ang takot sa Diyos, at

iyong pinipigil ang pagbubulay-bulay sa harap ng Diyos. 5Sapagkat ang iyong kasamaan
ang nagtuturo sa bibig mo, at iyong pinipili ang dila ng tuso. 6Ang iyong sariling bibig
ang humahatol sa iyo, at hindi ako; ang iyong sariling mga labi ang nagpapatotoo laban
sa iyo. 7“Ikaw ba ang unang tao na ipinanganak? O lumabas ka bang una kaysa mga
burol? 8Nakinig ka na ba sa lihim na payo ng Diyos? At iyo bang hinahangganan ang
karunungan sa iyong sarili? 9Anong nalalaman mo na di namin nalalaman? Anong
nauunawaan mo na sa amin ay hindi malinaw? 10Kasama namin kapwa ang mga may
uban at ang matatanda, mas matanda pa kaysa iyong ama. 11Ang mga pag-aliw ba ng
Diyos ay napakaliit para sa iyo, o ang salitang napakabuti sa iyo? 12Bakit ka napadadala
sa iyong puso, at bakit kumikindat ang iyong mga mata, 13na lumalaban sa Diyos ang
iyong espiritu, at binibigkas mo ang ganyang mga salita sa bibig mo? 14Ano ang tao na
siya'y magiging malinis? O siyang ipinanganak ng babae, na siya'y magiging matuwid?
15Ang Diyos ay hindi nagtitiwala sa kanyang mga banal; at ang langit ay hindi malinis sa
kanyang paningin. 16Gaano pa nga kaliit ang karumaldumal at hamak, ang taong
umiinom ng kasamaan na parang tubig! 17“Ipapakilala ko sa iyo, dinggin mo ako; at ang
aking nakita ay ipahahayag ko. 18(Ang isinaysay ng mga pantas, at hindi inilingid ng
kanilang mga magulang, 19sa mga iyon lamang ibinigay ang lupain, at walang dayuhan
na dumaan sa gitna nila.) 20Ang masamang tao ay nagdaramdam ng sakit sa lahat ng
kanyang araw, sa lahat ng mga taon na itinakda sa malulupit. 21Ang mga nakakatakot
na ugong ay nasa kanyang mga pakinig; sa kaginhawahan ay daratnan siya ng
mangwawasak. 22Siya'y hindi naniniwala na babalik siya mula sa kadiliman, at siya'y
nakatakda para sa tabak. 23Siya'y lumalaboy dahil sa tinapay, na nagsasabi: ‘Nasaan
iyon?’ Kanyang nalalaman na ang araw ng kadiliman ay handa sa kanyang kamay;
24kahirapan at dalamhati ang tumatakot sa kanya; sila'y nananaig laban sa kanya, na
gaya ng isang hari na handa sa pakikipaglaban. 25Sapagkat iniunat niya ang kanyang
kamay laban sa Diyos, at hinamon ang Makapangyarihan sa lahat; 26tumatakbo na may
katigasan laban sa kanya na may makapal na kalasag; 27sapagkat tinakpan niya ang
kanyang mukha ng kanyang katabaan, at nagtipon ng taba sa kanyang mga pigi; 28at
siya'y tumahan sa mga sirang bayan, sa mga bahay na walang taong dapat tumahan, na
nakatakdang magiging mga bunton ng guho; 29hindi siya yayaman, o mamamalagi man
ang kanyang kayamanan, ni di lalawak sa lupa ang kanyang mga ari-arian. 30Siya'y hindi
tatakas sa kadiliman; tutuyuin ng apoy ang kanyang mga sanga, at ang kanyang
bulaklak ay tatangayin ng hangin. 31Huwag siyang magtiwala sa kawalang kabuluhan,
na dinadaya ang sarili; sapagkat ang kahungkagan ay magiging ganti sa kanya. 32Ganap
itong mababayaran bago dumating ang kanyang kapanahunan, at ang kanyang sanga
ay hindi mananariwa. 33Lalagasin niya ang kanyang mga hilaw na ubas na gaya ng puno
ng ubas, at lalagasin ang kanyang bulaklak na gaya ng punong olibo. 34Sapagkat ang
pulutong ng masasama ay baog, at tutupukin ng apoy ang mga toldang suhulan. 35Sila'y
nag-iisip ng kapilyuhan at naglalabas ng kasamaan, at naghahanda ng pandaraya ang
kanilang kalooban.”
**Job 16:1-22** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at sinabi, 2“Ako'y nakarinig ng
maraming ganyang bagay; kahabag-habag na mga mang-aaliw kayong lahat.
3Magwawakas ba ang mga mahahanging salita? O anong nag-uudyok sa iyo upang ikaw
ay sumagot? 4Ako ma'y makapagsasalita ring gaya mo, kung ang iyong kaluluwa ay nasa
kalagayan ng aking kaluluwa, ako'y makapagdudugtong ng mga salita laban sa iyo, at
maiiiling ang aking ulo sa iyo. 5Maaari kong palakasin kayo ng aking bibig, at ang pag-

aliw ng aking mga labi ay mag-aalis ng inyong sakit. 6“Kapag ako'y nagsasalita, ang
aking kirot ay hindi nawawala, at kapag ako'y tumatahimik, gaano dito ang lumalayo sa
akin? 7Ngunit ngayon ako'y pinapanghina niya, nilansag niya ang aking buong pulutong.
8At ako'y pinagdalamhati niya, na siyang saksi laban sa akin, at ang aking kapayatan ay
bumabangon laban sa akin, ito'y nagpapatotoo sa aking mukha. 9Niluray niya ako sa
kanyang kapootan, at kinamuhian ako; pinapagngalit niya sa akin ang kanyang mga
ngipin; pinandidilatan ako ng mga mata ng kaaway ko. 10Kanilang pinagbubukahan ako
ng kanilang bibig, nakakahiyang sinampal nila ako sa mukha, sila'y nagsama-sama
laban sa akin. 11Ibinigay ako ng Diyos sa di banal, at inihagis ako sa kamay ng masasama.
12Ako'y nasa kaginhawahan at kanyang niligalig akong mainam; sinunggaban niya ako
sa leeg, at pinagpira-piraso ako; inilagay naman niya ako upang kanyang tudlain.
13Pinalibutan ako ng kanyang mga mamamana, kanyang sinaksak ang aking mga bato,
at hindi nagpatawad; kanyang ibinuhos ang aking apdo sa lupa. 14Kanyang binugbog
ako nang paulit-ulit; dinaluhong niya ako na gaya ng isang mandirigma. 15Tumahi ako
para sa aking katawan ng damit-sako, at ang aking lakas sa alabok ay inilugmok ako.
16Ang aking mukha ay namumula sa pag-iyak, at sa aking mga pilik-mata ay pusikit na
kadiliman; 17bagaman walang karahasan sa aking mga kamay, at ang aking dalangin ay
malinis. 18“O lupa, ang aking dugo ay huwag mong tabunan, at hayaang huwag
makatagpo ang aking daing ng lugar na kapahingahan. 19Kahit na ngayon, ang aking
saksi ay nasa kalangitan, at siyang nagtatanggol sa akin ay nasa kaitaasan. 20Tinutuya
ako ng aking mga kaibigan; ang aking mata ay nagbubuhos ng mga luha sa Diyos.
21Mayroon sanang taong makiusap sa Diyos; gaya ng tao sa kanyang kapwa. 22Sapagkat
pagsapit ng ilang taon, ako'y tutungo sa daan na hindi ko na babalikan.
**Job 17:1-16** Ang aking espiritu ay nanlulumo, ang aking mga araw ay natatapos, ang
libingan ay nakahanda para sa akin. 2Tunay na may mga manunuya sa aking paligid, at
ang aking mata ay nakatuon sa kanilang panggagalit. 3“Ibigay mo ngayon ang iyong
sarili sa sangla; sinong mananagot para sa akin? 4Yamang iyong sinarhan ang kanilang
isipan sa pag-unawa, kaya't hindi mo sila hahayaang magtagumpay. 5Ang nagsasabi
laban sa kanyang mga kaibigan na kunin ang bahagi ng kanilang ari-arian, ang mga
mata nga ng kanyang mga anak ay manlalabo. 6“Ngunit ginawa rin niya akong
katatawanan ng bayan, at ako yaong sa mukha ay kanilang niluluraan. 7Ang aking mata
naman ay nanlabo dahil sa kalungkutan, at ang lahat ng mga bahagi ko ay parang isang
anino. 8Mga matuwid na tao ay matitigilan dito, at ang walang sala ay babangon laban
sa masama. 9Gayunma'y magpapatuloy ang matuwid sa kanyang lakad, at ang may
malinis na mga kamay ay lalakas nang lalakas. 10Ngunit tungkol sa inyong lahat,
pumarito kayo ngayong muli, at hindi ako makakatagpo ng isang taong pantas sa gitna
ninyo. 11Ang aking mga araw ay lumipas, ang aking mga plano ay nasira, ang mga naisin
ng aking puso. 12Kanilang ginawang araw ang gabi, ‘Ang liwanag,’ wika nila, ‘ay malapit
sa kadiliman.’ 13Kung aking hanapin ang Sheol na parang aking bahay; kung aking ilatag
ang aking higaan sa kadiliman, 14kung sabihin ko sa hukay, Ikaw ay aking ama,’ at sa
uod, ‘Aking kapatid na babae,’ o ‘Aking ina,’ 15nasaan nga ang aking pag-asa? Sinong
makakakita ng aking pag-asa? 16Lulusong ba ang mga ito sa mga rehas ng Sheol,
magkasama ba kaming bababa sa alabok?”
**Job 18:1-21** Nang magkagayo'y sumagot si Bildad na Suhita, at sinabi, 2“Hanggang
kailan ka maghahagilap ng mga salita? Inyong isaalang-alang, pagkatapos kami ay
magsasalita. 3Bakit kami ibinibilang na parang mga hayop? Bakit kami hangal sa iyong

paningin? [4]Ikaw na sumisira sa iyong sarili sa iyong galit, pababayaan ba ang lupa dahil
sa iyo? O aalisin ba ang bato mula sa kinaroroonan nito? [5]“Oo, ang ilaw ng masama ay
pinapatay, at ang liyab ng kanyang apoy ay hindi nagliliwanag. [6]Ang ilaw ay madilim sa
kanyang tolda, at ang kanyang ilawan sa itaas niya ay pinatay. [7]Ang kanyang malalakas
na hakbang ay pinaigsi, at ang kanyang sariling pakana ang nagpabagsak sa kanya.
[8]Sapagkat siya'y inihagis sa lambat ng kanyang sariling mga paa, at siya'y lumalakad sa
silo. [9]Isang bitag ang humuli sa kanyang mga sakong, isang silo ang humuli sa kanya.
[10]Ang lubid ay ikinubli para sa kanya sa lupa, isang patibong na para sa kanya sa daan.
[11]Mga nakakatakot ang tumakot sa kanya sa bawat panig, at hinahabol siya sa kanyang
mga sakong. [12]Nanlalata sa gutom ang kanyang kalakasan, at handa para sa kanyang
pagbagsak ang kapahamakan! [13]Dahil sa karamdaman ay nauubos ang kanyang balat,
lalamunin ng panganay ng kamatayan ang kanyang mga sangkap. [14]Siya'y niluray sa
tolda na kanyang pinagtitiwalaan, at siya'y dinala sa hari ng mga kilabot. [15]Sa kanyang
tolda ay nakatira ang di niya kaanu-ano, ang asupre ay ikinalat sa kanyang tahanan.
[16]Ang kanyang mga ugat sa ilalim ay natutuyo, at sa ibabaw ay nalalanta ang kanyang
sanga. [17]Ang kanyang alaala ay naglalaho sa lupa, at siya'y walang pangalan sa
lansangan. [18]Siya'y itatapon mula sa liwanag tungo sa kadiliman, at itataboy sa labas ng
sanlibutan. [19]Siya'y walang anak, ni apo man sa kanyang bayan, at walang nalabi sa dati
niyang tinitirhan. [20]Silang mula sa kanluran ay mangingilabot sa kanyang araw, at ang
lagim ay babalot sa mga nasa silangan. [21]Tunay na ganyan ang tahanan ng mga
makasalanan, sa mga hindi nakakakilala sa Diyos ay ganyan ang kalagayan.”
**Job 19:1-29** At sumagot si Job, at sinabi, [2]“Hanggang kailan ninyo ako pahihirapan, at
pipira-pirasuhin ako ng mga salita? [3]Makasampung ulit ninyo akong pinulaan, hindi ba
kayo nahihiyang gawan ako ng masama? [4]At kung totoo man na nagkamali ako, ay
nananatili sa aking sarili ang pagkakamali ko. [5]Kung tunay na itinataas ninyo ang inyong
sarili laban sa akin, at gawin ang aking kakutyaan bilang katuwiran laban sa akin,
[6]alamin ninyo ngayon na inilagay ako ng Diyos sa pagkakamali, at isinara ang kanyang
lambat sa paligid ko. [7]Narito, ako'y sumisigaw, ‘Karahasan!’ ngunit hindi ako
pinapakinggan, ako'y humihiyaw ngunit walang katarungan. [8]Kanyang pinaderan ang
aking daan kaya't hindi ako makaraan, siya'y naglagay ng kadiliman sa aking mga daan.
[9]Hinubaran niya ako ng aking kaluwalhatian, at inalis ang korona sa aking ulo.
[10]Kanyang inilugmok ako sa bawat dako, at ako'y pumanaw, at ang aking pag-asa ay
binunot niyang parang punungkahoy. [11]Kanya rin namang pinapagningas ang kanyang
poot laban sa akin, at ibinilang niya ako na kanyang kaaway. [12]Ang kanyang mga hukbo
ay dumarating na magkakasama, at naglagay ng mga pangkubkob laban sa akin, at
nagkampo sa palibot ng aking tolda. [13]“Inilayo niya ang aking mga kapatid sa akin, at
ang aking mga kakilala ay lubusang napalayo sa akin. [14]Ang aking mga kamag-anak at
malapit na mga kaibigan, ay nagsilayo sa akin. [15]Kinalimutan ako ng mga panauhin sa
aking bahay, itinuring akong isang dayuhan ng aking mga lingkod na kababaihan, sa
kanilang paningin ako'y isang taga-ibang bayan. [16]Ako'y tumatawag sa aking lingkod, at
hindi ako sinasagot, dapat ko siyang pakiusapan ng aking bibig. [17]Kakaiba ang aking
hininga para sa aking asawa, at nakakainis sa mga anak ng sarili kong ina. [18]Pati mga
bata ay humahamak sa akin; kapag ako'y tumayo, sila'y nagsasalita laban sa akin.
[19]Lahat ng malapit kong mga kaibigan ay napopoot sa akin, at ang aking minamahal ay
bumaling laban sa akin. [20]Ang aking buto ay dumidikit sa aking balat at sa aking laman,
at ako'y nakatakas nang bahagya lamang. [21]Mahabag kayo sa akin, mahabag kayo sa

akin, O kayong mga kaibigan ko; sapagkat hinampas ako ng kamay ng Diyos! 22Bakit
ninyo ako tinutugis na gaya ng Diyos? At hindi pa kayo nasisiyahan sa aking laman? 23"O
masulat nawa ngayon ang mga salita ko! O malimbag nawa sa isang aklat ang mga ito!
24Sa pamamagitan nawa ng panulat na tingga at bakal, maukit nawa ang mga ito sa bato
magpakailanman! 25Sapagkat nalalaman ko na ang aking Manunubos ay nabubuhay, at
sa wakas siya'y tatayo sa lupa; 26at pagkatapos na masira nang ganito ang aking balat,
gayunma'y makikita ko ang Diyos sa aking laman, 27na aking makikita sa aking tabi, at
mamamasdan ng aking mga mata, at hindi ng iba. Ang aking puso ay nanghihina sa loob
ko! 28Kung inyong sabihin, 'Paanong aming tutugisin siya?' at, 'Ang ugat ng pangyayari
ay nasumpungan sa kanya;' 29matakot kayo sa tabak, sapagkat ang poot ang nagdadala
ng mga parusa ng tabak, upang inyong malaman na may paghuhukom."
**Job 20:1-29** Nang magkagayo'y sumagot si Zofar na Naamatita, at sinabi, 2"Kaya't
sinasagot ako ng aking mga pag-iisip, dahil sa pagmamadali na taglay ko. 3Aking
naririnig ang saway na humihiya sa akin, at mula sa espiritu ng aking pagkaunawa ay
sumasagot sa akin. 4Hindi mo ba nalalaman ito nang una, mula nang ang tao'y ilagay sa
lupa, 5na ang pagbubunyi ng masama ay maikli, at ang kagalakan ng masasama ay
sandali lamang? 6Bagaman ang kanyang kataasan ay pumapailanglang hanggang sa
langit, at ang kanyang ulo ay umaabot hanggang sa mga ulap; 7gayunman ay matutunaw
siya magpakailanman, na gaya ng kanyang sariling dumi; silang nakakita sa kanya ay
magsasabi, 'Nasaan siya?' 8Siya'y lilipad na papalayong gaya ng panaginip, at hindi
masusumpungan. Siya'y hahabulin na parang pangitain sa gabi. 9Ang mata na nakakita
sa kanya ay hindi na siya makikita pa; ni mamamalas pa man siya sa kanyang lugar.
10Hahanapin ng kanyang mga anak ang lingap ng dukha, at ang kanyang mga kamay ay
magsasauli ng kanyang kayamanan. 11Ang kanyang mga buto ay punô ng lakas ng
kabataan, ngunit ito'y hihiga na kasama niya sa alabok. 12"Bagaman ang kasamaan ay
masarap sa kanyang bibig, bagaman kanyang itago sa ilalim ng kanyang dila; 13bagaman
ayaw niyang pakawalan, kundi iniingatan pa sa kanyang bibig; 14gayunma'y ang
kanyang pagkain ay nabago na sa kanyang tiyan, siyang kamandag ng mga ahas sa loob
niya. 15Siya'y sumakmal ng mga kayamanan, at kanyang isinusuka uli; aalisin ng Diyos
ang mga iyon sa kanyang tiyan. 16Kanyang sisipsipin ang kamandag ng mga ahas;
papatayin siya ng dila ng ulupong. 17Hindi niya titingnan ang mga ilog, ang umaagos na
mga bukal ng pulot at mantekilya. 18Kanyang isasauli ang bunga na kanyang
pinagpagalan, at hindi niya lulunukin, mula sa pakinabang ng kanyang pangangalakal,
hindi siya magtatamo ng kasiyahan. 19Sapagkat kanyang dinurog at pinabayaan ang
dukha; kanyang kinamkam ang isang bahay na hindi niya itinayo. 20"Sapagkat hindi
nakakilala ng katahimikan ang kanyang kasakiman, hindi siya makapag-iimpok ng
anuman sa kanyang kinaluluguran. 21Walang naiwan pagkatapos niyang kumain; kaya't
ang kanyang kasaganaan ay hindi mananatili. 22Sa lubos niyang kasaganaan ay
mapipighati sila, lahat ng lakas ng kahirapan ay darating sa kanya. 23Upang ganap na
mapuno ang kanyang tiyan, ihuhulog ng Diyos ang kanyang mabangis na poot sa kanya,
at pauulanin sa kanya bilang pagkain niya. 24Kanyang tatakasan ang bakal na sandata,
isang panang tanso ang tatama sa kanya. 25Ito ay binunot, at lumabas sa kanyang
katawan, oo, ang makintab na talim ay lumalabas mula sa apdo niya; ang
panghihilakbot ang dumating sa kanya. 26Lubos na kadiliman ang nakahanda para sa
kanyang kayamanan; ang tutupok sa kanya ay apoy na hindi hinipan, tutupukin niyon
ang sa kanyang tolda ay naiwan. 27Ihahayag ng mga langit ang kanyang kasamaan, at

ang lupa ay babangon na sa kanya ay laban. 28Ang bunga ng kanyang bahay ay kukunin,
sa araw ng poot ng Diyos ay kakaladkarin. 29Ito ang bahagi ng masamang tao mula sa
Diyos, at ang manang itinakda sa kanya ng Diyos."

**Job 21:1-34** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at sinabi, 2"Pakinggan ninyong mabuti
ang mga salita ko, at ito'y maging kaaliwan ninyo. 3Pagtiisan ninyo ako, at ako nama'y
magsasalita, at pagkatapos na ako'y makapagsalita, ay saka kayo manuya. 4Sa ganang
akin, ang sumbong ko ba ay laban sa tao? Bakit hindi ako dapat mainip? 5Tingnan ninyo
ako, at manghilakbot kayo, at ilagay ninyo ang inyong kamay sa bibig ninyo. 6Kapag ito'y
aking naaalala ay nanlulumo ako, at nanginginig ang laman ko. 7Bakit nabubuhay ang
masama, tumatanda, at nagiging malakas sa kapangyarihan? 8Ang kanilang mga anak
ay matatag sa kanilang paningin, at nasa harapan ng kanilang mga mata ang kanilang
supling. 9Ligtas sa takot ang mga bahay nila, ang pamalo ng Diyos ay wala sa kanila.
10Ang kanilang baka ay naglilihi nang walang humpay, ang kanilang baka ay
nanganganak, at hindi napapahamak ang kanyang guya. 11Kanilang inilabas ang
kanilang mga bata na gaya ng kawan, at ang kanilang mga anak ay nagsasayawan.
12Sila'y nag-aawitan sa saliw ng tamburin at lira, at nagkakatuwaan sa tunog ng plauta.
13Ang kanilang mga araw sa kaginhawahan ay ginugugol, at sila'y payapang bumababa
sa Sheol. 14At sinasabi nila sa Diyos, 'Lumayo ka sa amin! Hindi namin ninanasa na ang
inyong mga lakad ay aming alamin. 15Ano ang Makapangyarihan sa lahat, upang siya'y
paglingkuran namin? At anong pakinabang ang makukuha namin, kung kami sa kanya
ay manalangin?' 16Narito, hindi ba ang kanilang kaginhawahan ay nasa kanilang kamay?
Ang payo ng masama ay malayo sa akin. 17"Gaano kadalas pinapatay ang ilaw ng
masama? Na ang kanilang kapahamakan ay dumarating sa kanila? Na ipinamamahagi
ng Diyos ang sakit sa kanyang galit? 18Na sila'y gaya ng dayami sa harap ng hangin, at
gaya ng ipa na tinatangay ng bagyo? 19Inyong sinasabi, 'Iniipon ng Diyos ang kanilang
kasamaan para sa kanyang mga anak.' Iganti nawa niya sa kanilang sarili, upang ito'y
malaman nila. 20Makita nawa ng kanilang mga mata ang kanilang pagkagiba, at
painumin nawa sila ng poot ng Makapangyarihan sa lahat. 21Sapagkat anong
pinapahalagahan nila para sa kanilang bahay pagkamatay nila, kapag ang bilang ng
kanilang mga buwan ay natapos na? 22May makakapagturo ba sa Diyos ng kaalaman?
Gayong ang nasa itaas ay kanyang hinahatulan? 23Ang isa'y namamatay sa kanyang
lubos na kasaganaan, ganap na matatag at may katiwasayan. 24Ang kanyang katawan ay
punô ng taba, at ang utak ng kanyang mga buto ay basa. 25At ang isa pa'y namatay sa
paghihirap ng kaluluwa, at kailanman ay hindi nakatikim ng mabuti. 26Sila'y nakahigang
magkasama sa alabok, at tinatakpan sila ng uod. 27"Tingnan mo, aking nalalaman ang
inyong haka, at ang inyong mga balak na gawan ako ng masama. 28Sapagkat inyong
sinasabi, 'Saan naroon ang bahay ng pinuno? At saan naroon ang tolda na tinatahanan
ng masama?' 29Sa mga naglalakbay sa lansangan ay di ba itinanong ninyo? At hindi ba
ninyo tinatanggap ang kanilang mga patotoo? 30Na ang masamang tao ay kaaawaan sa
araw ng kapahamakan? Na siya'y ililigtas sa araw ng kapootan? 31Sinong
magpapahayag ng kanyang lakad sa kanyang mukha? At sinong maniningil sa kanya sa
kanyang ginawa? 32Kapag siya'y dinala sa libingan, ay binabantayan ang kanyang
himlayan. 33Ang mga kimpal ng lupa ng libis ay mabuti sa kanya; lahat ng tao ay susunod
sa kanya, at hindi mabilang ang mga nauna sa kanya. 34Paano ngang inyong aaliwin ako
ng walang kabuluhan? Walang naiiwan sa inyong mga sagot kundi kabulaanan."

**Job 22:1-30** Nang magkagayo'y sumagot si Elifaz na Temanita, at sinabi,
2“Mapapakinabangan ba ng Diyos ang isang tao? Tunay na kapaki-pakinabang sa
kanyang sarili ang matalino. 3May kasiyahan ba sa Makapangyarihan sa lahat kung
matuwid ka? O kapag pinasasakdal mo ang iyong mga lakad ay may pakinabang ba siya?
4Dahil ba sa iyong takot sa kanya na ikaw ay sinasaway niya, at pumapasok siya sa
paghuhukom na kasama ka? 5Hindi ba malaki ang iyong kasamaan? Mga kasamaan
mo'y walang hangganan. 6Sapagkat kumuha ka ng sangla sa iyong kapatid kapalit ng
wala, ang hubad ay hinubaran mo ng kasuotan nila. 7Hindi ka nagbigay ng tubig sa
pagod upang uminom, at ikaw ay nagkait ng tinapay sa gutom. 8Ang makapangyarihang
tao ang nagmay-ari ng lupa; at tumahan doon ang taong pinagpala. 9Ang mga babaing
balo ay pinaalis mong walang dala, at nadurog ang mga kamay ng mga ulila. 10Kaya't
ang mga silo ay nasa palibot mo, at biglang takot ang sumasaklot sa iyo, 11dumilim ang
iyong ilaw, anupa't hindi ka makakita, at tinatabunan ka ng tubig-baha. 12“Hindi ba ang
Diyos ay nasa itaas ng kalangitan? Masdan mo ang pinakamataas na mga bituin, sila'y
napakaringal! 13At iyong sinasabi, ‘Ano bang nalalaman ng Diyos? Makakahatol ba siya
sa kadilimang lubos? 14Makakapal na ulap ang bumabalot sa kanya, kaya't hindi siya
nakakakita; sa balantok ng langit ay lumalakad siya!’ 15Mananatili ka ba sa dating daan,
na ang masasamang tao'y ito ang nilakaran? 16Sila'y inagaw bago dumating ang
kapanahunan nila; ang kanilang patibayan ay nadala ng baha. 17Sinabi nila sa Diyos,
‘Lumayo ka sa amin;’ at, ‘Anong magagawa sa amin ng Makapangyarihan sa lahat?’
18Gayunma'y pinuno niya ang kanilang mga bahay ng mabubuting bagay—ngunit ang
payo ng masama ay malayo sa akin. 19Nakikita ito ng matutuwid at sila'y natutuwa; at
tinatawanan sila ng walang sala na may pangungutya, 20na nagsasabi, ‘Tiyak na
malilipol ang ating mga kalaban, at tinupok ng apoy ang sa kanila'y naiwan.’ 21“Sumang-
ayon ka sa Diyos, at ikaw ay mapapayapa; at ang mabuti ay darating sa iyo. 22Iyong
tanggapin ang turo mula sa kanyang bibig, at ilagak mo ang kanyang mga salita sa iyong
puso. 23Kapag ikaw ay manunumbalik sa Makapangyarihan sa lahat, at
magpapakumbaba ka, kung iyong ilalayo ang kasamaan mula sa iyong mga tolda,
24kapag inilagay mo ang ginto sa alabok, at ang ginto ng Ofir sa gitna ng mga bato ng
mga batis, 25at kung ang iyong ginto ay ang Makapangyarihan sa lahat, at siyang iyong
mahalagang pilak, 26kung gayo'y magagalak ka sa Makapangyarihan sa lahat, at ang
iyong mukha sa Diyos ay iyong itataas. 27Ikaw ay dadalangin sa kanya, at kanyang
diringgin ka; at iyong tutuparin ang iyong mga panata. 28Ikaw ay magpapasiya ng isang
bagay, at iyon ay matatatag para sa iyo; at ang liwanag ay sisilang sa iyong mga daan.
29Sapagkat ibinababa ng Diyos ang mapagmataas, ngunit ang mapagpakumbaba ay
kanyang inililigtas. 30Kanyang ililigtas ang taong walang kasalanan; maliligtas ka sa
pamamagitan ng kalinisan ng iyong mga kamay.”
**Job 23:1-17** Nang magkagayo'y sumagot si Job, at sinabi, 2“Ang aking sumbong ngayo'y
mapait din, ang kamay niya'y mabigat sa kabila ng aking pagdaing. 3O kung alam ko
lamang kung saan ko siya matatagpuan, upang ako'y makalapit maging sa kanyang
upuan! 4Ilalagay ko ang aking usapin sa kanyang harapan, at pupunuin ko ang aking
bibig ng mga pangangatuwiran. 5Malalaman ko kung ano ang kanyang isasagot sa akin,
at mauunawaan ko kung ano ang kanyang sasabihin sa akin. 6Makikipagtalo ba siya sa
akin sa laki ng kanyang kapangyarihan? Hindi; kundi ako'y kanyang papakinggan.
7Makakapangatuwiran sa kanya ang matuwid doon; at ako'y pawawalang-sala
magpakailanman ng aking hukom. 8“Ako'y lumalakad pasulong ngunit wala siya roon;

at pabalik, ngunit hindi ko siya maunawaan; 9sa kaliwa ay hinahanap ko siya, ngunit hindi ko siya namataan, bumaling ako sa kanan, ngunit hindi ko siya mamasdan. 10Ngunit nalalaman niya ang daang nilalakaran ko; kapag ako'y kanyang nasubok, ay lalabas akong parang ginto. 11Lubos na sumunod sa kanyang mga hakbang ang mga paa ko, ang kanyang landas ay aking iningatan, at hindi ako lumiko. 12Ako'y hindi humiwalay sa utos ng kanyang mga labi; pinagyaman ko ang mga salita ng kanyang bibig sa aking dibdib. 13Ngunit siya'y hindi nagbabago, at sinong makakahimok sa kanya? Kung ano ang kanyang ninanasa, iyon ang kanyang ginagawa. 14Sapagkat kanyang lulubusin ang itinakda niya para sa akin; at maraming gayong mga bagay ang nasa kanyang isipan. 15Kaya't sa kanyang harapan ako'y nanghihilakbot; kapag aking binubulay, sa kanya ako'y natatakot. 16Pinapanlupaypay ng Diyos ang aking puso, tinakot ako ng Makapangyarihan sa lahat; 17gayunma'y hindi ako inihiwalay sa kadiliman, at takpan ng makapal na kadiliman ang mukha ko!

**Job 24:1-25** “Bakit hindi tinutupad ng Makapangyarihan sa lahat ang mga kapanahunan? At bakit hindi nakikita ng mga nakakakilala sa kanya ang kanyang mga araw? 2Inaalis ng mga tao ang mga palatandaang bato, hinuhuli nila ang mga kawan, at ipinapastol ang mga ito. 3Kanilang itinataboy ang asno ng ulila, kinukuha nila ang baka ng babaing balo bilang sangla. 4Kanilang itinataboy sa lansangan ang dukha; nagkukubling magkakasama ang mga maralita sa lupa. 5Gaya ng mababangis na asno sa ilang sila'y humahayo patungo sa kanilang gawain, na naghahanap sa ilang ng mabibiktima bilang pagkain para sa mga anak nila. 6Sila'y nagsisiani sa bukid na hindi kanila; at sila'y namumulot sa ubasan ng masama. 7Sila'y hubad na nakahiga buong magdamag na walang kasuotan, at sila'y walang saplot laban sa ginaw. 8Sila'y basa ng ulan sa mga kabundukan, at yumayakap sa bato sa paghahanap ng makakanlungan. 9(May mga umaagaw ng ulila mula pa sa suso ng ina, at kinukuhang sangla ang sanggol ng dukha.) 10Sila'y humahayong hubad, walang damit, bagaman gutom, dinadala nila ang mga bigkis; 11mula sa mga hanay ng olibo, sila'y gumagawa ng langis, sila'y nagpipisa sa pisaan ng ubas, subalit sa uhaw sila'y nagtitiis. 12Mula sa lunsod ay dumadaing ang naghihingalo, at ang kaluluwa ng sugatan ay humihingi ng saklolo, gayunma'y hindi pinapansin ng Diyos ang kanilang pagsamo. 13“May mga naghihimagsik laban sa liwanag; na hindi nakakaalam ng mga daan niyon, at hindi nananatili sa mga landas niyon. 14Ang mamamatay-tao ay bumabangon sa bukang-liwayway upang mapatay niya ang dukha at nangangailangan; at sa gabi naman ay gaya siya ng magnanakaw. 15Ang mata ng mangangalunya ay naghihintay rin ng takipsilim, na nagsasabing, ‘Walang matang makakakita sa akin;’ at siya'y nagbabalatkayo ng kanyang mukha. 16Sa dilim ay naghuhukay sila sa mga bahay; sila'y nagkukulong sa sarili kapag araw; ang liwanag ay hindi nila nalalaman. 17Sapagkat ang pusikit na kadiliman ay umaga para sa kanilang lahat, sapagkat sila'y kaibigan ng pusikit na kadilimang nakakasindak. 18“Inyong sinasabi, ‘Sa ibabaw ng tubig sila'y matuling dinadala, ang kanilang bahagi ay sinumpa sa lupa; walang mamimisa na babalik sa mga ubasan nila. 19Inaagaw ng tagtuyot at init ang tubig ng niyebe, gayundin ang ginagawa ng Sheol sa mga nagkasala. 20Kalilimutan sila ng sinapupunan, para sa bulati'y matamis silang matatagpuan, hindi na maaalala ang kanilang pangalan, kaya't babaliing parang punungkahoy ang kasamaan.’ 21“Ginagawan ng masama ang hindi nanganganak na babae, at ang babaing balo ay hindi ginagawan ng mabuti. 22Ngunit pinahahaba ng Diyos ang buhay ng malakas sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan; sila'y

bumabangon ngunit walang katiyakan sa buhay. [23]Pinagkakalooban niya sila ng katiwasayan, at sila'y inaalalayan; at ang kanyang mga mata ay nasa kanilang mga daanan. [24]Sila'y itinaas nang ilang sandali, at pagkatapos ay wala na. At sila'y nalalanta at kumukupas na gaya ng lahat ng mga iba, sila'y pinuputol na gaya ng mga uhay. [25]Kung hindi gayon, sinong magpapatunay na ako'y bulaan, at magpapakita na ang sinasabi ko'y walang kabuluhan?"

**Job 25:1-6** Nang magkagayo'y ang Suhitang si Bildad ay sumagot, at sinabi, [2]"Sa Diyos ang pamamahala at pagkatakot, gumagawa siya ng kapayapaan sa kanyang langit na matayog. [3]Ang kanya bang mga hukbo ay may bilang? Ang kanyang liwanag ay kanino hindi sumisilang? [4]Paano ngang magiging ganap ang tao sa harapan ng Diyos? O paanong magiging malinis ang ipinanganak ng isang babae? [5]Tingnan mo, maging ang buwan ay hindi maningning, at hindi dalisay ang mga bituin sa kanyang paningin; [6]gaano pa nga kaliit ang tao, na isang uod! At ang anak ng tao, na isang bulati!"

**Job 26:1-14** At sumagot si Job, at sinabi, [2]"Napakalaki ng tulong mo sa kanya na walang kapangyarihan! Iniligtas mo ang kamay na walang kalakasan! [3]Napakabuti ng payo mo sa kanya na walang karunungan, at saganang ipinahayag mo ang mabuting kaalaman! [4]Sa kaninong tulong na ang mga salita'y iyong binigkas? At kaninong espiritu ang sa iyo'y lumabas? [5]Ang mga lilim ay nangangatal, at ang nasa ilalim ng tubig, pati ang mga doon ay naninirahan. [6]Hubad sa harapan ng Diyos ang Sheol, walang saplot ang Abadon. [7]Iniuunat niya ang hilaga sa ibabaw ng walang laman, at ibinibitin ang daigdig sa kawalan. [8]Ibinabalot niya ang tubig sa kanyang makapal na ulap, at ang ulap ay hindi nito napupunit. [9]Kanyang tinatakpan ang mukha ng kabilugan ng buwan, at inilaladlad ang kanyang mga ulap sa ibabaw niyon. [10]Siya'y gumuhit ng bilog sa ibabaw ng katubigan, sa hangganan ng liwanag at kadiliman. [11]Ang mga haligi ng langit ay nayayanig, at natitigilan sa kanyang saway. [12]Pinatahimik niya ang dagat sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, at sa kanyang kaunawaan ay kanyang ibinuwal ang Rahab. [13]Sa pamamagitan ng kanyang espiritu gumanda ang kalangitan; ang tumatakas na ahas ay sinaksak ng kanyang kamay. [14]Narito, ang mga ito ay mga gilid lamang ng kanyang mga daan; at napakahinang bulong lamang ang sa kanya'y ating napapakinggan! Ngunit sinong makakaunawa sa kulog ng kanyang kapangyarihan?"

**Job 27:1-23** At muling itinuloy ni Job ang kanyang pagsasalita, at nagsabi: [2]"Habang buháy ang Diyos, na siyang nag-alis ng aking karapatan, at ang Makapangyarihan sa lahat, na siyang sa kaluluwa ko'y nagpapanglaw; [3]habang nasa akin pa ang aking hininga, at ang espiritu ng Diyos ay nasa mga butas ng aking ilong; [4]ang aking mga labi ay hindi magsasalita ng kabulaanan, at ang aking dila ay di magsasabi ng kadayaan. [5]Malayo nawa sa akin na sabihing kayo'y tama; hanggang sa ako'y mamatay, hindi ko aalisin sa akin ang aking katapatan. [6]Ang pagiging matuwid ko ay aking pinanghahawakan at hindi ko bibitiwan, hindi ako sinisisi ng aking puso sa alinman sa aking mga araw. [7]"Maging gaya nawa ng masama ang aking kaaway, at ang nag-aalsa laban sa akin ay maging gaya nawa ng makasalanan. [8]Sapagkat ano ang pag-asa ng masasama, kapag siya'y itiniwalag ng Diyos, kapag kinuha ng Diyos ang kanyang buhay? [9]Diringgin ba ng Diyos ang kanyang pagdaing, kapag ang kabagabagan sa kanya ay dumating? [10]Sa Makapangyarihan sa lahat siya kaya'y masisiyahan? Tatawag kaya siya sa Diyos sa lahat ng kapanahunan? [11]Ang tungkol sa kamay ng Diyos sa inyo'y aking ituturo; kung anong nasa Makapangyarihan sa lahat ay hindi ko itatago. [12]Ito'y

mismong nasaksihan ninyong lahat, bakit nga kayo ay lubos na nawalan ng kabuluhan?
13“Ito ang bahagi ng masamang tao sa Diyos, at ang manang tinatanggap ng mga nang-
aapi mula sa Makapangyarihan sa lahat. 14Kung dumami ang kanyang mga anak, iyon
ay para sa tabak, at ang kanyang supling ay hindi magkakaroon ng sapat na pagkain.
15Ang kanyang mga naiwan ay ililibing ng salot, at ang kanyang mga balo ay hindi
nananaghoy. 16Bagaman siya'y magbunton ng pilak na parang alabok, at magparami ng
damit na parang luwad; 17mapaparami niya iyon, ngunit ang matuwid ang magsusuot
niyon, at paghahatian ng walang sala ang pilak na natipon. 18Gaya ng sapot ng gagamba
ang itinatayo niyang bahay, gaya ng isang kubol na ginagawa ng isang bantay. 19Siya'y
nahihigang mayaman, ngunit hindi na niya iyon magagawa, imumulat niya ang kanyang
mga mata, ngunit ang kanyang kayamanan ay nawala. 20Inaabutan siya ng pagkasindak
na gaya ng baha, sa gabi'y ipu-ipo ang tumatangay sa kanya. 21Tinatangay siya ng
hanging silangan, at siya'y nawawala, pinapalis siya sa kinaroroonan niya. 22Ito'y
humahampas sa kanya nang walang kaawaan; at pinagsikapan niyang tumakas mula sa
kanyang kapangyarihan. 23Ipinapalakpak nito ang kanyang mga kamay sa kanya, at
sinisigawan siya mula sa kinaroroonan nito.
**Job 28:1-28** “Tunay na para sa pilak ay may minahan, at sa ginto ay may dakong
dalisayan. 2Ang bakal ay kinukuha sa lupa, at sa tinunaw na mahalagang bato, ang tanso
ay nagmumula. 3Ang tao'y naglalagay ng wakas sa kadiliman, at hinahanap hanggang
sa pinakamalayong hangganan ang mga bato sa kalungkutan at pusikit na kadiliman.
4Sila'y nagbubukas ng lagusan sa libis na malayo sa tinatahanan ng mga tao; sila'y
nalimutan ng mga manlalakbay, sila'y nakabitin na malayo sa mga tao, sila'y umuugoy
na paroo't parito. 5Tungkol sa lupa, ang tinapay ay dito nanggagaling, ngunit waring
tinutuklap ng apoy sa ilalim. 6Ang mga bato nito'y kinaroroonan ng mga zafiro, at ito ay
may alabok na ginto. 7“Yaong landas na walang ibong mandaragit na nakakaalam, at
hindi pa nakita maging ng mata ng falkon man. 8Ang mga palalong hayop dito'y di pa
nakakatuntong ni nadaanan man ng mabangis na leon. 9“Inilalagay ng tao ang kanyang
kamay sa batong kiskisan, at binabaligtad sa mga ugat ang mga kabundukan. 10Sa gitna
ng mga bato'y gumagawa siya ng daluyan, at nakikita ng kanyang mata ang bawat
mahalagang bagay. 11Kanyang tinatalian ang mga batis upang huwag lumagaslas, at ang
bagay na nakakubli, sa liwanag ay kanyang inilalabas. 12“Ngunit saan matatagpuan ang
karunungan? At saan ang kinaroroonan ng kaunawaan? 13Hindi nalalaman ng tao ang
daan patungo roon, at hindi nasusumpungan sa lupain ng mga buháy. 14Sinasabi ng
kalaliman, ‘Wala sa akin,’ at sinasabi ng dagat, ‘Hindi ko kapiling.’ 15Hindi ito mabibili
ng ginto, ni matitimbangan man ng pilak bilang halaga nito. 16Hindi mahahalagahan ng
ginto ng Ofir, ng mahalagang onix, o ng zafiro. 17Ginto at salamin dito ay hindi
maipapantay, ni maipagpapalit man sa mga hiyas na gintong dalisay. 18Hindi
babanggitin ang tungkol sa coral o sa cristal; higit kaysa mga perlas ang halaga ng
karunungan. 19Ang topacio ng Etiopia doon ay hindi maipapantay, ni mahahalagahan
man sa gintong lantay. 20“Saan nanggagaling kung gayon, ang karunungan? At saan ang
kinaroroonan ng kaunawaan? 21Nakakubli ito sa mga mata ng lahat ng nabubuhay, at
natatago sa mga ibon sa kalangitan. 22Ang Abadon at Kamatayan ay nagsasabi, ‘Narinig
ng aming mga tainga ang bulung-bulungan tungkol doon!’ 23“Nauunawaan ng Diyos ang
daan patungo roon, at nalalaman niya ang kinaroroonan niyon. 24Sapagkat tumitingin
siya hanggang sa mga dulo ng daigdig, at nakikita niya ang lahat ng bagay sa silong ng
langit. 25Nang ibinigay niya sa hangin ang kanyang bigat, at ipinamahagi ang tubig ayon

sa sukat, 26nang siya'y gumawa ng utos para sa ulan, at para sa kidlat ng kulog ay ang kanyang daan; 27nang magkagayo'y nakita niya ito, at inihayag; ito'y kanyang itinatag, at siniyasat. 28At sa tao ay sinabi niya, 'Narito, ang takot sa Panginoon ay siyang karunungan; at ang paghiwalay sa kasamaan ay kaunawaan.'"

**Job 29:1-25** At muling ipinagpatuloy ni Job ang kanyang pagsasalita, at nagsabi: 2"O, ako sana'y tulad nang nakaraang mga buwan, gaya noong mga araw na ang Diyos ang sa akin ay nagbabantay, 3nang sa ibabaw ng aking ulo ay sumisikat ang kanyang ilawan, at sa pamamagitan ng kanyang ilaw ay lumalakad ako sa kadiliman; 4gaya noong ako'y namumukadkad pa, noong ang pakikipagkaibigan ng Diyos ay nasa aking tolda; 5nang kasama ko pa ang Makapangyarihan sa lahat, nang nasa palibot ko ang aking mga anak; 6noong ang aking mga hakbang ay naliligo sa gatas, at ang bato ay nagbubuhos para sa akin ng langis na tumatagas! 7Noong ako'y lumabas sa pintuan ng bayan, noong ihanda ko ang aking upuan sa liwasan, 8nakita ako ng mga kabataang lalaki, at sila'y umalis, at ang matatanda ay tumayo; 9ang mga pinuno ay nagtimpi sa pagsasalita, at inilagay ang kanilang kamay sa bibig nila. 10Ang tinig ng mga maharlika ay pinatahimik, nang sa ngalangala ng kanilang bibig, ang dila nila ay dumikit. 11Nang marinig ng tainga, tinawag nito akong mapalad, at nang makita ito ng mata, iyon ay pumayag. 12Sapagkat aking iniligtas ang dumaraing na dukha, maging sa mga ulila na walang tumutulong. 13Ang basbas ng malapit nang mamamatay sa akin ay dumating, at ang puso ng babaing balo ay pinaawit ko sa kagalakan. 14Ako'y nagbihis ng katuwiran, at ako'y dinamitan; parang isang balabal at isang turbante ang aking katarungan. 15Sa bulag ako'y naging mga mata, at sa pilay ako'y naging mga paa. 16Sa dukha ako'y naging isang ama, at siniyasat ko ang usapin niyaong hindi ko nakikilala. 17Aking binali ang mga pangil ng masama, at ipinalaglag ko ang kanyang biktima sa mga ngipin niya. 18Nang magkagayo'y sinabi ko, 'Sa aking pugad ako mamamatay, at gaya ng buhangin aking pararamihin ang aking mga araw. 19Kumalat hanggang sa tubig ang aking mga ugat, at may hamog sa aking sanga sa buong magdamag, 20sariwa sa akin ang aking kaluwalhatian, at ang aking busog ay laging bago sa aking kamay!' 21"Sa akin ay nakikinig at naghihintay ang mga tao, at tumatahimik para sa aking payo. 22Pagkatapos ng aking pagsasalita, ay hindi na sila muling nagsalita, at ang aking salita ay bumagsak sa kanila. 23At kanilang hinihintay ako, na gaya ng paghihintay sa ulan, at kanilang ibinuka ang kanilang bibig na gaya sa huling ulan. 24Kapag sila'y hindi nagtitiwala, ako sa kanila'y ngumingiti, at ang liwanag ng aking mukha ay hindi nila pinababa. 25Pinili ko ang kanilang daan, at umupo bilang puno, at namuhay gaya ng hari sa gitna ng kanyang hukbo, gaya ng isang umaaliw sa mga nagdadalamhati.

**Job 30:1-31** "Ngunit ngayo'y pinagtatawanan nila ako, mga kalalakihang mas bata kaysa akin, na ang mga magulang ay di ko ilalagay na kasama ng mga aso ng kawan ko. 2Ano ang mapapakinabang ko sa lakas ng kanilang mga kamay? Lumipas na ang kanilang lakas. 3Dahil sa matinding gutom at kasalatan, nginunguya nila pati ang tuyo at lupang tigang. 4Kanilang pinupulot ang halaman sa dawagan sa tabi ng mabababang puno, at pinaiinit ang sarili sa pamamagitan ng ugat ng enebro. 5Sila'y itinataboy papalabas sa lipunan, sinisigawan sila ng taong-bayan na gaya ng isang magnanakaw. 6Kailangan nilang manirahan sa mga nakakatakot na daluyan, sa mga lungga ng lupa at ng mga batuhan. 7Sa gitna ng mabababang puno ay nagsisiangal, sa ilalim ng mga tinikan ay nagsisiksikan. 8Isang lahing walang bait at kapurihan, mula sa lupain sila'y ipinagtabuyan. 9"At ngayon ako ay naging awit nila, oo, ako'y kawikaan sa kanila. 10Ako'y

kanilang kinasusuklaman, ako'y kanilang nilalayuan, hindi sila nag-aatubiling lumura
kapag ako'y namamataan. 11Sapagkat kinalag ng Diyos ang aking panali, at ginawa
akong mababang-loob, inalis na nila ang pagpipigil sa harapan ko. 12Sa aking kanan ay
tumatayo ang gulo, itinutulak nila ako, at sila'y gumagawa ng mga daan para sa
ikapapahamak ko. 13Kanilang sinisira ang aking daraanan, ang aking kapahamakan ay
kanilang isinusulong, at wala namang sa kanila'y tumutulong. 14Tila pumapasok sila sa
isang maluwang na pasukan; at gumugulong sila sa gitna ng kasiraan. 15Ang mga
pagkasindak sa akin ay dumadagan, hinahabol na gaya ng hangin ang aking karangalan,
at lumipas na parang ulap ang aking kasaganaan. 16“At ngayo'y nanlulupaypay ang
kaluluwa ko sa aking kalooban, pinapanghina ako ng mga araw ng kapighatian.
17Pinahihirapan ng gabi ang aking mga buto, at ang kirot na ngumangatngat sa akin ay
hindi humihinto. 18May dahas nitong inaagaw ang aking kasuotan, sa kuwelyo ng aking
damit ako'y kanyang sinunggaban. 19Inihagis ako ng Diyos sa lusak, at ako'y naging
parang alabok at abo. 20Ako'y dumadaing sa iyo, at hindi mo ako sinasagot; ako'y
tumatayo, at hindi mo ako pinapakinggan. 21Sa akin ikaw ay naging malupit, sa
kapangyarihan ng kamay mo, ako'y iyong inuusig. 22Itinataas mo ako sa hangin, doon
ako'y pinasasakay mo, sinisiklot mo ako sa dagundong ng bagyo. 23Oo, alam ko na
dadalhin mo ako sa kamatayan, at sa bahay na itinalaga para sa lahat ng nabubuhay.
24“Gayunma'y di dapat tumalikod laban sa nangangailangan, kapag sila'y humihingi ng
tulong dahil sa kapahamakan. 25Hindi ko ba iniyakan yaong nasa kabagabagan? Hindi
ba ang aking kaluluwa ay tumangis para sa mga dukha? 26Ngunit nang ako'y humanap
ng mabuti, ang dumating ay kasamaan; nang ako'y naghintay ng liwanag, ang dumating
ay kadiliman. 27Ang aking puso'y nababagabag at hindi natatahimik, ang mga araw ng
kapighatian ay dumating upang ako'y salubungin. 28Ako'y humahayong nangingitim,
ngunit hindi sa araw; ako'y tumatayo sa kapulungan at humihingi ng pagdamay. 29Ako'y
kapatid ng mga asong-gubat, at kasama ng mga avestruz. 30Ang aking balat ay
nangingitim at natutuklap, at ang aking mga buto sa init ay nagliliyab. 31Kaya't ang aking
lira ay naging panangis, at ang aking plauta ay naging tinig ng umiiyak.
**Job 31:1-40** “Ako'y nakipagtipan sa aking mga paningin; paano nga akong titingin sa
isang birhen? 2Ano ang bahagi ko mula sa Diyos sa itaas, at ang aking mana mula sa
Makapangyarihan sa lahat sa kaitaasan? 3Hindi ba dumarating ang kapahamakan sa
taong masasama, at ang kapahamakan sa mga masasama ang gawa? 4Hindi ba niya
nakikita ang aking mga lakad, at binibilang ang lahat ng aking mga hakbang? 5“Kung
ako'y lumakad ng may kabulaanan, at ang aking paa ay nagmadali sa panlilinlang;
6timbangin ako sa matuwid na timbangan, at hayaang malaman ng Diyos ang aking
katapatan! 7Kung ang aking hakbang ay lumiko sa daan, at ang aking puso ay lumakad
ayon sa aking mga mata, at kung ang anumang dungis ay kumapit sa aking mga kamay:
8kung gayo'y papaghasikin mo ako, at bayaang iba ang kumain, at hayaang mabunot ang
tumutubo para sa akin. 9“Kung natukso sa babae ang puso ko, at ako'y nag-abang sa
pintuan ng aking kapwa tao; 10kung magkagayo'y hayaang iba ang ipaggiling ng aking
asawa, at hayaang iba ang yumuko sa ibabaw niya. 11Sapagkat isang napakabigat na
pagkakasala iyon, isang kasamaan na parurusahan ng mga hukom; 12sapagkat iyo'y
isang apoy na tumutupok hanggang sa Abadon, at susunugin nito hanggang sa ugat ang
lahat ng aking bunga. 13“Kung tinanggihan ko ang kapakanan ng aking aliping lalaki o
babae, nang sila'y dumaing laban sa akin, 14ano nga ang aking gagawin kapag ang Diyos
ay bumangon? Kapag siya'y nagtatanong, anong sa kanya'y aking itutugon? 15Hindi ba

siya na lumalang sa akin sa bahay-bata ang sa kanya'y lumalang? At hindi ba iisa ang humugis sa atin sa sinapupunan? [16]“Kung pinagkaitan ko ng anumang kanilang nasa ang dukha, ang mga mata ng babaing balo ay aking pinapanghina, [17]o ang aking pagkain ay kinain kong mag-isa, at hindi nakakain niyon ang ulila— [18]dahil, mula sa kanyang pagkabata ay pinalaki ko siya, na gaya ng isang ama, at aking pinatnubayan siya mula sa bahay-bata ng kanyang ina; [19]kung ako'y nakakita ng namatay dahil sa kakulangan ng suot, o ng taong dukha na walang saplot; [20]kung hindi ako binasbasan ng kanyang mga balakang, at kung sa balahibo ng aking mga tupa ay hindi siya nainitan; [21]kung laban sa ulila'y binuhat ko ang aking kamay, sapagkat nakakita ako ng tulong sa akin sa pintuan, [22]kung gayo'y malaglag nawa ang buto ng aking balikat mula sa balikat ko, at ang aking bisig ay mabali sa pinaglalagyan nito. [23]Sapagkat ang pagkasalanta mula sa Diyos ay aking kinatakutan, at hindi ko sana naharap ang kanyang kamahalan. [24]“Kung ako'y sa ginto nagtiwala, o tinawag ang dalisay na ginto na aking pag-asa, [25]kung ako'y nagalak sapagkat ang aking kayamanan ay malaki, o sapagkat ang aking kamay ay nagtamo ng marami; [26]kung ako'y tumingin sa araw kapag sumisilang, o sa buwan na gumagalaw na may karilagan, [27]at lihim na naakit ang aking puso, at hinagkan ng aking bibig ang kamay ko, [28]ito man ay kasamaang dapat parusahan ng mga hukom, sapagkat ako sana'y naging sinungaling sa Diyos na nasa itaas. [29]“Kung ako'y nagalak sa pagkawasak niyong sa akin ay nasuklam, o natuwa nang datnan siya ng kasamaan— [30]hindi ko hinayaang ang bibig ko'y magkasala, sa paghingi na may sumpa ng buhay niya— [31]kung ang mga tao sa aking tolda ay hindi nagsabi, ‘Sino bang hindi nabusog sa kanyang pagkain?’ [32]ang dayuhan ay hindi tumigil sa lansangan; binuksan ko ang aking mga pinto sa manlalakbay— [33]kung aking ikinubli sa mga tao ang aking mga paglabag, sa pagkukubli ng aking kasamaan sa aking sinapupunan; [34]sapagkat aking kinatakutan ang napakaraming tao, at pinangilabot ako ng paghamak ng mga angkan, na anupa't ako'y tumahimik, at hindi lumabas sa pintuan— [35]o sana'y may duminig sa akin! (Narito ang aking pirma! Sagutin ako ng Makapangyarihan sa lahat!) At sana'y nasa akin ang sakdal na isinulat ng aking kaaway! [36]Tiyak na papasanin ko ito sa aking balikat; itatali ko sa akin na gaya ng isang korona; [37]aking ipahahayag sa kanya ang lahat kong mga hakbang, gaya ng isang pinuno ay lalapitan ko siya. [38]“Kung ang aking lupain ay sumigaw laban sa akin, at ang mga bungkal niyon ay umiyak na magkakasama; [39]kung kumain ako ng bunga niyaon na hindi nagbabayad, at naging dahilan ng pagkamatay ng mga may-ari niyon; [40]tubuan nawa ng dawag sa halip ng trigo, at ng masasamang damo sa halip ng sebada.”

**Job 32:1** Kaya't ang tatlong lalaking ito ay huminto na sa pagsagot kay Job, sapagkat siya'y matuwid sa kanyang sariling paningin.

B. Si Job, tulad ng kanyang mga kaibigan, ay nahinto sa kaalaman ng mabuti at masama, hindi nalalaman ang ekonomiya ng Diyos—4:7-8.

**Job 4:7-8** “Isipin mo ngayon, sino ba ang walang sala na napahamak? O saan ang mga matuwid ay winasak? [8]Ayon sa aking nakita, ang mga nag-aararo ng kasamaan at naghahasik ng kaguluhan ay gayundin ang inaani.

C. Si Job at ang kanyang mga kaibigan ay nasa kinasasaklawan ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama; sinusubukan ng Diyos na sagipin sila mula sa kinasasaklawang iyon at ilagay sila tungo sa kinasasaklawan ng puno ng buhay—1:1; 2:3; 19:10.

**Job 1:1** May isang lalaki sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job. Ang lalaking iyon ay walang kapintasan, matuwid, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan.

**Job 2:3** At sinabi [ni Jehovah] kay Satanas, "Napansin mo ba ang aking lingkod na si Job, wala siyang katulad sa lupa, isang walang kapintasan at matuwid na lalaki, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan? Siya'y nanatili pa rin sa kanyang katapatan, bagaman ako'y inudyukan mo laban sa kanya, upang sirain siya nang walang kadahilanan."

**Job 19:10** Kanyang inilugmok ako sa bawat dako, at ako'y pumanaw, at ang aking pag-asa ay binunot niyang parang punungkahoy.

D. Ang layunin ng Diyos sa pagtutuos kay Job ay ang ibaling siya mula sa daan ng mabuti at masama tungo sa daan ng buhay nang sa gayon ay matamo niya ang Diyos nang lubusan—42:1-6.

**Job 42:1-6** Pagkatapos ay sumagot si Job [kay Jehovah], at sinabi, [2]"Alam kong magagawa mo ang lahat ng mga bagay, at wala kang layunin na mahahadlangan. [3]'Sino itong nagkukubli ng payo na walang kaalaman?' Kaya't aking nasambit ang hindi ko nauunawaan, mga bagay na lubhang kahanga-hanga para sa akin, na hindi ko nalalaman. [4]'Makinig ka at magsasalita ako; tatanungin kita at sa akin ay ipahayag mo.' [5]Narinig kita sa pakikinig ng tainga, ngunit ngayo'y nakikita ka ng aking mata, [6]kaya't ako'y namumuhi sa sarili ko, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo."

**III. Kailangan natin ng pangitain ng puno ng buhay—isang pangitain ng Diyos sa loob ni Kristo bilang ating pagkain—Gen. 2:9; Apoc. 22:1-2, 14:**

**Gen. 2:9** At pinatubo [ni Jehovah na] Diyos sa lupa ang lahat ng [puno] na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang [puno] ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang [puno] ng [kaalaman] ng mabuti at masama.

**Apoc. 22:1-2** At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. [2]At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.

**Apoc. 22:14** Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.

A. Ang puno ng buhay ay sumasagisag sa Tres-unong Diyos sa loob ni Kristo upang ipamahagi ang Kanyang sarili tungo sa Kanyang piniling bayan bilang buhay sa anyo ng pagkain—Gen. 2:9.

**Gen. 2:9** At pinatubo [ni Jehovah na] Diyos sa lupa ang lahat ng [puno] na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang [puno] ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang [puno] ng [kaalaman] ng mabuti at masama.

B. Ang puno ng buhay ay ang sentro ng sansinukob:

1. Ayon sa layunin ng Diyos, ang lupa ay ang sentro ng sansinukob, ang halamanan ng Eden ay ang sentro ng lupa, at ang puno ng buhay ay ang sentro ng halamanan ng Eden; kaya, ang sansinukob ay nakasentro sa puno ng buhay.
2. Wala nang higit na sentral at mahalaga kapwa sa Diyos at tao kaysa sa puno ng buhay—3:22; Apoc. 22:14.

   **Gen. 3:22** Sinabi [ni Jehovah], "Tingnan ninyo, ang tao'y naging parang isa sa [Atin], na nakakakilala ng mabuti at ng masama; at ngayon, baka iunat ang kanyang kamay

at pumitas din ng bunga ng [puno] ng buhay, at kumain, at mabuhay magpakailanman."

**Apoc. 22:14** Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.

C. Inihahayag ng Bagong Tipan na si Kristo ang katuparan ng larawan ng puno ng buhay—Juan 1:4; 15:5.

**Juan 1:4** Nasa Kanya ang buhay, at ang buhay ay ang liwanag ng mga tao.

**Juan 15:5** Ako ang puno ng ubas; kayo ang mga sanga. Siya na nananahan sa Akin at Ako sa kanya, siya ay namumunga ng marami; sapagkat hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa.

D. Ang lahat ng aspekto ng nagpapaloob ng lahat na Kristo na inihayag sa Ebanghelyo ni Juan ay ang mga kinalabasan ng puno ng buhay—6:48; 8:12; 10:11; 11:25; 14:6.

**Juan 6:48** Ako ang tinapay ng buhay.

**Juan 8:12** Kaya muling nagsalita sa kanila si Hesus, na nagsasabi, Ako ang liwanag ng sanlibutan; ang sumusunod sa Akin ay hinding-hindi lalakad sa kadiliman, kundi magkakaroon ng liwanag ng buhay.

**Juan 10:11** Ako ang mabuting Pastol; ibinibigay ng mabuting Pastol ang Kanyang buhay para sa mga tupa.

**Juan 11:25** Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama't siya ay mamatay, ay mabubuhay;

**Juan 14:6** Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang daan at ang realidad at ang buhay; walang makaparoroon sa Ama kundi sa pamamagitan Ko.

E. Ang pagtatamasa sa puno ng buhay ang magiging walang hanggang bahagi ng lahat ng tinubos ng Diyos—Apoc. 22:1-2, 14:

**Apoc. 22:1-2** At ipinakita niya sa akin ang isang ilog ng tubig ng buhay, maningning na gaya ng kristal, lumalabas mula sa trono ng Diyos at ng Kordero sa gitna ng lansangan nito. [2]At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.

**Apoc. 22:14** Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.

1. Tinutupad ng puno ng buhay nang magpasawalang-hanggan ang nilayon ng Diyos para sa tao mula pa sa simula—Gen. 1:26; 2:9.

   **Gen. 1:26** Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   **Gen. 2:9** At pinatubo [ni Jehovah na] Diyos sa lupa ang lahat ng [puno] na nakakalugod sa paningin, at mabuting kainin; gayundin ang [puno] ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang [puno] ng [kaalaman] ng mabuti at masama.

2. Ang mga bunga ng puno ng buhay ang magiging pagkain ng mga tinubos ng Diyos sa kawalang-hanggan; ang mga bungang ito ay patuloy na magiging sariwa, na ibinubunga kada buwan—Apoc. 22:2.

**Apoc. 22:2** At sa dako rito at sa ibayo ng ilog ay naroon ang puno ng buhay, na namumunga ng labindalawang bunga, namumunga sa bawat buwan; at ang mga dahon ng puno ay pampagaling sa mga bansa.

IV. **Nang tayo ay maisilang na muli, itinanim ni Kristo ang Kanyang sarili tungo sa atin bilang puno ng buhay—Juan 1:12-13; 3:3, 5-6, 15; 11:25; 15:1, 5:**

**Juan 1:12-13** Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan, [13]Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

**Juan 3:3** Sumagot si Hesus at sinabi sa kanya, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos.

**Juan 3:5-6** Sumagot si Hesus, Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa iyo, Maliban na ang tao ay ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapapasok sa kaharian ng Diyos. [6]Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

**Juan 3:15** Upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

**Juan 11:25** Sinabi sa kanya ni Hesus, Ako ang pagkabuhay na muli at ang buhay; ang sumasampalataya tungo sa Akin, bagama't siya ay mamatay, ay mabubuhay;

**Juan 15:1** Ako ang tunay na puno ng ubas, at ang Aking Ama ang magsasaka.

**Juan 15:5** Ako ang puno ng ubas; kayo ang mga sanga. Siya na nananahan sa Akin at Ako sa kanya, siya ay namumunga ng marami; sapagkat hiwalay sa Akin ay wala kayong magagawa.

A. Sa ating praktikal na pamumuhay, maaaring wala tayo sa linya ng puno ng buhay kundi nasa linya ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama—Kaw. 16:25; 21:2.

**Kaw. 16:25** Mayroong daan na tila matuwid sa isang tao, ngunit mga daang tungo sa kamatayan ang dulo nito.

**Kaw. 21:2** Matuwid sa kanyang sariling mga mata ang bawat lakad ng tao, ngunit tinitimbang ng Panginoon ang mga puso.

B. Si Job ay naghabol ng isang bagay sa kinasasaklawan ng etika, subalit tayo, ang mga mananampalataya sa loob ni Kristo, ay dapat maghabol ng isang bagay sa kinasasaklawan ng Diyos—1 Cor. 15:28; Efe. 3:16-21.

**1 Cor. 15:28** At kapag ang lahat ng bagay ay ipinasakop na sa Kanya, kung magkagayon ang Anak naman Mismo ay ipapasakop sa Kanya na nagpasakop ng lahat ng bagay sa Kanya, upang ang Diyos ay maging lahat sa lahat.

**Efe. 3:16-21** Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, [17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, [18]Ay mapalakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang at haba at taas at lalim [19]At makilala ang humihigit sa kaalaman na pag-ibig ni Kristo, na kayo ay mapuspos hanggang sa buong kapuspusan Ng Diyos. [20]Subalit sa Kanya na may kakayahang gumawa nang lubhang sagana nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa loob natin, [21]Suma-Kanya nawa ang kaluwalhatian sa ekklesia at kay Kristo Hesus sa lahat ng henerasyon magpakailan pa man. Amen.

C. Sa ating pang-araw-araw na pamumuhay, hindi tayo dapat nasa kinasasaklawan ng puno ng kaalaman ng mabuti at masama kundi nasa kinasasaklawan ng Espiritung nagbibigay-buhay—1 Cor. 15:45b; Roma 8:2.

**1 Cor. 15:45b** Gayundin naman ay nasusulat, "Ang unang taong si Adam ay naging kaluluwang buhay"; ang huling Adam ay naging Espiritung nagbibigay-buhay.

**Roma 8:2** Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagpalaya sa akin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.

D. Ang intensiyon ng Diyos ay ang gibain tayo at itayo tayong muli gamit ang Kanyang sarili bilang ating buhay at kalikasan nang sa gayon ay maging mga tao tayo na lubusang kaisa Niya—2 Cor. 1:9; 4:14.

**2 Cor. 1:9** Tunay na kami mismo ay nagkaroon ng pagtugon ng kamatayan sa aming sarili, upang hindi namin dapat na ibatay ang aming tiwala sa aming sarili kundi sa Diyos, na nagbabangon ng mga patay;

**2 Cor. 4:14** Nalalamang Siya na nagbangon sa Panginoong Hesus ay magbabangon din sa amin na kasama ni Hesus at itatayo kami sa harap Niya na kasama kayo.

*© 2026 Living Stream Ministry*

Mensahe Lima

## Ang Intensiyon ng Diyos kay Job—Yaong ang isang Mabuting Tao ay Maging isang Diyos-tao

Babasahin sa Kasulatan: Job 1:1, 8; 2:3, 9; 27:5; 31:6; 42:5-6

**Job 1:1** May isang lalaki sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job. Ang lalaking iyon ay walang kapintasan, matuwid, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan.

**Job 1:8** At sinabi [ni Jehovah] kay Satanas, "Napansin mo ba ang aking lingkod na si Job? Wala siyang katulad sa lupa, isang walang kapintasan at matuwid na lalaki na may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan."

**Job 2:3** At sinabi [ni Jehovah] kay Satanas, "Napansin mo ba ang aking lingkod na si Job, wala siyang katulad sa lupa, isang walang kapintasan at matuwid na lalaki, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan? Siya'y nanatili pa rin sa kanyang katapatan, bagaman ako'y inudyukan mo laban sa kanya, upang sirain siya nang walang kadahilanan."

**Job 2:9** Pagkatapos ay sinabi ng kanyang asawa sa kanya, "Mananatili ka pa ba sa iyong katapatan? Sumpain mo ang Diyos, at mamatay ka na."

**Job 27:5** Malayo nawa sa akin na sabihing kayo'y tama; hanggang sa ako'y mamatay, hindi ko aalisin sa akin ang aking katapatan.

**Job 31:6** Timbangin ako sa matuwid na timbangan, at hayaang malaman ng Diyos ang aking katapatan!

**Job 42:5-6** Narinig kita sa pakikinig ng tainga, ngunit ngayo'y nakikita ka ng aking mata,
[6]Kaya't ako'y namumuhi sa sarili ko, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo."

**I. Ang Biblia na may animnapu't anim na aklat ay para lamang sa iisang bagay—ang maipamahagi ng Diyos sa loob ni Kristo bilang Espiritu ang Kanyang sarili tungo sa atin upang maging ating buhay, ating kalikasan, at ating lahat-lahat upang maipamuhay natin si Kristo at maihayag si Kristo—Efe. 3:16-17a; Fil. 1:21a:**

**Efe. 3:16-17a** Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao,
[17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya.

**Fil. 1:21a** Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang.

A. Ito dapat ang prinsipyo na namamahala sa ating buhay—Juan 6:57.

**Juan 6:57** Kung paanong isinugo Ako ng Amang buháy at Ako ay nabubuhay dahil sa Ama, gayundin ang kumakain sa Akin, siya naman ay mabubuhay dahil sa Akin.

B. Sa isang praktikal na paraan, ito dapat ang maging puno ng buhay ngayon para sa ating pagtatamasa—Apoc. 22:14.

**Apoc. 22:14** Pinagpala ang mga naghuhugas ng kanilang mga balabal upang sila ay magkaroon ng karapatan sa puno ng buhay at makapasok sa lunsod sa pamamagitan ng mga pintuan.

**II. Si Job ay isang mabuting tao, inihahayag ang kanyang sarili sa kanyang kasakdalan, pagkamatuwid, at integridad—Job 27:5; 31:6; 32:1:**

**Job 27:5** Malayo nawa sa akin na sabihing kayo'y tama; hanggang sa ako'y mamatay, hindi ko aalisin sa akin ang aking katapatan.

**Job 31:6** Timbangin ako sa matuwid na timbangan, at hayaang malaman ng Diyos ang aking katapatan!

**Job 32:1** Kaya't ang tatlong lalaking ito ay huminto na sa pagsagot kay Job, sapagkat siya'y matuwid sa kanyang sariling paningin.

A. Ang pagiging sakdal ay may kaugnayan sa panloob na tao, at ang pagiging matuwid ay may kaugnayan sa panlabas na tao—1:1.

   **Job 1:1** May isang lalaki sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job. Ang lalaking iyon ay walang kapintasan, matuwid, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan.

B. Si Job ay isang tao ng integridad; ang integridad ay ang kabuoan ng pagiging sakdal at matuwid—2:3, 9; 27:5; 31:6:

   **Job 2:3** At sinabi [ni Jehovah] kay Satanas, "Napansin mo ba ang aking lingkod na si Job, wala siyang katulad sa lupa, isang walang kapintasan at matuwid na lalaki, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan? Siya'y nanatili pa rin sa kanyang katapatan, bagaman ako'y inudyukan mo laban sa kanya, upang sirain siya nang walang kadahilanan."

   **Job 2:9** Pagkatapos ay sinabi ng kanyang asawa sa kanya, "Mananatili ka pa ba sa iyong katapatan? Sumpain mo ang Diyos, at mamatay ka na."

   **Job 27:5** Malayo nawa sa akin na sabihing kayo'y tama; hanggang sa ako'y mamatay, hindi ko aalisin sa akin ang aking katapatan.

   **Job 31:6** Timbangin ako sa matuwid na timbangan, at hayaang malaman ng Diyos ang aking katapatan!

   1. Patungkol kay Job, ang integridad ang buong kahayagan ng kung ano siya.
   2. Sa pag-uugali, si Job ay sakdal at matuwid, at sa kanyang etika, siya ay may mataas na pamantayan ng integridad.

C. Si Job sa positibong paraan ay may takot sa Diyos at sa negatibong paraan ay lumayo sa kasamaan—1:1:

   **Job 1:1** May isang lalaki sa lupain ng Uz na ang pangalan ay Job. Ang lalaking iyon ay walang kapintasan, matuwid, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan.

   1. Hindi nilikha ng Diyos ang tao upang matakot lamang sa Kanya at hindi gumawa ng anumang mali; sa halip, nilikha ng Diyos ang tao sa Kanyang sariling larawan at ayon sa Kanyang wangis upang maihayag ng tao ang Diyos—Gen. 1:26.

      **Gen. 1:26** Sinabi ng Diyos, "Lalangin natin ang tao sa ating larawan, ayon sa ating wangis; at magkaroon sila ng pamamahala sa mga isda sa dagat, sa mga ibon sa himpapawid, sa mga hayop, sa buong lupa, at sa bawat gumagapang sa ibabaw ng lupa."

   2. Ang ihayag ang Diyos ay mas mataas kaysa sa pagkatakot sa Diyos at paglayo sa kasamaan.
   3. Ang naabot ni Job sa kanyang kasakdalan, pagkamatuwid, at integridad ay lubusang walang kabuluhan; hindi nito natupad ang layunin ng Diyos ni natugunan ang Kanyang nais, kaya naman mapagmahal Siyang nagmalasakit kay Job—Job 1:6-8; 2:1-3.

      **Job 1:6-8** Isang araw, ang mga anak ng Diyos ay dumating upang iharap ang kanilang sarili [kay Jehovah], at si Satanas ay dumating din namang kasama nila. [7]Sinabi [ni Jehovah] kay Satanas, "Saan ka nanggaling?" Sumagot si Satanas [kay Jehovah], "Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pamamanhik-manaog doon." [8]At sinabi [ni Jehovah] kay Satanas, "Napansin mo ba ang aking lingkod na si Job? Wala siyang katulad sa lupa, isang walang kapintasan at matuwid na lalaki na may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan."

**Job 2:1-3** Isang araw, muling dumating ang mga anak ng Diyos upang iharap ang kanilang sarili sa Panginoon, at dumating din si Satanas upang iharap ang sarili sa Panginoon. [2]Sinabi ng Panginoon kay Satanas, "Saan ka nanggaling?" Si Satanas ay sumagot sa Panginoon, at nagsabi, "Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pamamanhik-manaog doon." [3]At sinabi ng Panginoon kay Satanas, "Napansin mo ba ang aking lingkod na si Job, wala siyang katulad sa lupa, isang walang kapintasan at matuwid na lalaki, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan? Siya'y nanatili pa rin sa kanyang katapatan, bagaman ako'y inudyukan mo laban sa kanya, upang sirain siya nang walang kadahilanan."

D. Tanging ang Diyos ang nakaaalam na may pangangailangan si Job—wala siyang Diyos sa loob niya; kaya, ninais ng Diyos na matamo Siya ni Job upang maihayag Siya para sa katuparan ng Kanyang layunin—42:5-6.

**Job 42:5-6** Narinig kita sa pakikinig ng tainga, ngunit ngayo'y nakikita ka ng aking mata, [6]Kaya't ako'y namumuhi sa sarili ko, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo."

**III. Ang intensiyon ng Diyos ay yaong maging Diyos-tao si Job, inihahayag ang Diyos sa Kanyang mga katangian—22:24-25; 38:1-3:**

**Job 22:24-25** Kapag inilagay mo ang ginto sa alabok, at ang ginto ng Ofir sa gitna ng mga bato ng mga batis, [25]at kung ang iyong ginto ay ang Makapangyarihan sa lahat, at siyang iyong mahalagang pilak.

**Job 38:1-3** At mula sa ipu-ipo'y sumagot ang Panginoon kay Job: [2]"Sino ba itong nagpapadilim ng payo sa pamamagitan ng mga salitang walang kaalaman? [3]Bigkisan mo tulad sa lalaki ang iyong baywang, tatanungin kita at ikaw sa akin ay magsasaysay.

A. Pinapasok ng Diyos si Job sa isa pang kinasasaklawan, ang kinasasaklawan ng Diyos, upang matamo ni Job ang Diyos sa halip na ang kanyang mga nakamit sa kanyang kasakdalan, katuwiran, at integridad—42:5-6.

**Job 42:5-6** Narinig kita sa pakikinig ng tainga, ngunit ngayo'y nakikita ka ng aking mata, [6]Kaya't ako'y namumuhi sa sarili ko, at nagsisisi ako sa alabok at mga abo."

B. Ang intensiyon ng Diyos kay Job ay ang ubusin siya at tanggalan siya ng kanyang mga nakamit, kanyang mga nagawa, sa pinakamataas na pamantayan ng etika sa kasakdalan at pagkamatuwid—31:6.

**Job 31:6** Timbangin ako sa matuwid na timbangan, at hayaang malaman ng Diyos ang aking katapatan!

C. Ang intensiyon ng Diyos ay ang gibain ang natural na Job sa kanyang kasakdalan at pagkamatuwid upang makapagtayo Siya ng napabagong Job sa kalikasan at mga katangian ng Diyos—1:6-8; 2:3-6.

**Job 1:6-8** Isang araw, ang mga anak ng Diyos ay dumating upang iharap ang kanilang sarili [kay Jehovah], at si Satanas ay dumating din namang kasama nila. [7]Sinabi [ni Jehovah] kay Satanas, "Saan ka nanggaling?" Sumagot si Satanas [kay Jehovah], "Sa pagpaparoo't parito sa lupa, at sa pamamanhik-manaog doon." [8]At sinabi [ni Jehovah] kay Satanas, "Napansin mo ba ang aking lingkod na si Job? Wala siyang katulad sa lupa, isang walang kapintasan at matuwid na lalaki na may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan."

**Job 2:3-6** At sinabi ng Panginoon kay Satanas, "Napansin mo ba ang aking lingkod na si Job, wala siyang katulad sa lupa, isang walang kapintasan at matuwid na lalaki, may takot sa Diyos at lumalayo sa kasamaan? Siya'y nanatili pa rin sa kanyang katapatan, bagaman ako'y inudyukan mo laban sa kanya, upang sirain siya nang walang

kadahilanan.” [4]Si Satanas ay sumagot sa Panginoon, “Balat sa balat! Lahat ng pag-aari ng tao ay ibibigay niya dahil sa kanyang buhay. [5]Ngunit iunat mo ngayon ang iyong kamay, galawin mo ang kanyang buto at laman, at kanyang susumpain ka nang mukhaan.” [6]At sinabi ng Panginoon kay Satanas, “Siya'y nasa iyong kamay; ingatan mo lamang ang kanyang buhay.”

D. Ang intensiyon ng Diyos ay ang gawin si Job na tao ng Diyos, puspos ng Kristo, ang pagsasakatawan ng Diyos, upang maging kapuspusan ng Diyos para sa kahayagan ng Diyos sa loob ni Kristo—1 Tim. 6:11; 2 Tim. 3:17.

**1 Tim. 6:11** Ngunit ikaw, O tao ng Diyos, tumakas ka sa mga bagay na ito, at habulin mo ang katuwiran, ang pagkamakadiyos, ang pananampalataya, ang pag-ibig, ang pagtitiis, ang kaamuan.

**2 Tim. 3:17**Upang ang tao ng Diyos ay maging kumpleto, nasangkapang lubos para sa bawat mabuting gawa.

E. Isinagawa kay Job ang pagtatanggal at pag-uubos ng Diyos upang gibain siya upang ang Diyos ay magkaroon ng saligan at daan na itayo siyang muli gamit ang Diyos Mismo nang sa gayon siya ay maging Diyos-tao, katulad ng Diyos sa Kanyang buhay at kalikasan subalit hindi sa Kanyang pagka-Diyos, upang maihayag ang Diyos—Efe. 3:16-21.

**Efe. 3:16-21** Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, [17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig, [18]Ay mapalakas upang matalastas kasama ng lahat ng banal kung ano ang luwang at haba at taas at lalim, [19]At makilala ang humihigit sa kaalaman na pag-ibig ni Kristo, na kayo ay mapuspos hanggang sa buong kapuspusan ng Diyos. [20]Subalit sa Kanya na may kakayahang gumawa nang lubhang sagana nang higit sa lahat ng ating hinihingi o iniisip, ayon sa kapangyarihang gumagawa sa loob natin, [21]Suma-Kanya nawa ang kaluwalhatian sa ekklesia at kay Kristo Hesus sa lahat ng henerasyon magpakailan pa man. Amen.

**IV. Kay Kristo ang Diyos ay naibuo tungo sa tao, ang tao ay naibuo tungo sa Diyos, at ang Diyos at tao ay napagsama upang maging isang entidad, na tinatawag na Diyos-tao—Mat. 1:21, 23; Luc. 1:35; Tito 2:13; 1 Tim. 2:5:**

**Mat. 1:21** At magsisilang siya ng isang anak na lalaki, at tatawagin mong Hesus ang Kanyang pangalan, sapagkat Siya ang magliligtas sa Kanyang bayan mula sa kanilang mga kasalanan.

**Mat. 1:23** “Narito, ang birhen ay magdadalang-tao at magsisilang ng isang anak na lalaki, at tatawagin nilang Emmanuel ang Kanyang pangalan” (na kung isasalin ay Diyos na kasama natin).

**Luc. 1:35** At sumagot ang anghel at sinabi sa kanya, Darating sa iyo ang Espiritu Santo at lililim sa iyo ang kapangyarihan ng Kataas-taasan; kaya’t ang banal na bagay na isisilang ay tatawaging Anak ng Diyos.

**Tito 2:13** Naghihintay sa pinagpalang pag-asa, maging sa pagpapakita ng kaluwalhatian ng ating dakilang Diyos at Tagapagligtas, si Hesu-Kristo.

**1 Tim. 2:5** Sapagkat may isang Diyos at isang Tagapamagitan sa Diyos at sa mga tao, ang taong si Kristo Hesus.

A. Ang maraming Diyos-tao, ang maraming anak ng Diyos, ay ang karagdagan, pagpaparami, duplikasyon, at pagpapatuloy ni Kristo, ang unang Diyos-tao—Juan 12:24; Heb. 2:10; Roma 8:29.

**Juan 12:24** Katotohanan, katotohanang sinasabi Ko sa inyo, Maliban na ang butil ng trigo ay mahulog sa lupa at mamatay, mananatili itong nag-iisa; ngunit kung ito ay mamatay, magbubunga ito ng maraming butil.

**Heb. 2:10** Sapagkat nararapat para sa Kanya, na pinag-uukulan ng lahat ng bagay at ang lahat ng bagay ay sa pamamagitan Niya, sa pagdadala sa maraming anak tungo sa kaluwalhatian, na ang Maykatha ng kanilang kaligtasan ay gawing sakdal sa pamamagitan ng mga pagdurusa.

**Roma 8:29** Sapagkat yaong mga nakilala Niya nang una, itinalaga rin Niya noong una pa na maiwangis sa larawan ng Kanyang Anak, upang Siya ang maging Panganay sa maraming magkakapatid.

B. Ang isang Diyos-tao ay isa na nakikibahagi sa buhay at kalikasan ng Diyos, sa gayon ay nagiging kaisa ng Diyos sa Kanyang buhay at kalikasan at sa gayon ay inihahayag Siya—Juan 3:15; 2 Ped. 1:4; 1 Cor. 6:17.

**Juan 3:15** Upang ang sinumang sumampalataya tungo sa Kanya ay magkaroon ng buhay na walang hanggan.

**2 Ped. 1:4** Na sa pamamagitan ng mga ito ay ipinagkaloob Niya sa atin ang mahalaga at napakadakilang mga pangako upang sa pamamagitan ng mga ito ay maging mga nakikibahagi kayo sa dibinong kalikasan, yamang nakatakas na sa kabulukan na nasa sanlibutan dahil sa pita.

**1 Cor. 6:17** Ngunit ang nakahugpong sa Panginoon ay iisang Espiritu.

C. Ang isang Diyos-tao ay ipinanganak ng Diyos upang maging anak ng Diyos, nagtataglay ng buhay at kalikasan ng Diyos—Juan 1:12-13; 3:6:

**Juan 1:12-13** Subalit ang lahat ng tumanggap sa Kanya, sa kanila ay ipinagkaloob Niya ang awtoridad na maging mga anak ng Diyos, sa mga sumasampalataya tungo sa Kanyang pangalan, [13]Na mga ipinanganak hindi ng dugo, ni ng kalooban ng laman, ni ng kalooban ng tao, kundi ng Diyos.

**Juan 3:6** Ang ipinanganak ng laman ay laman, at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu.

1. Ang isang Diyos-tao ay may dalawang buhay, ang pantao at ang dibino, at dalawang kalikasan, pagkatao at pagkadibino.
2. Ang isang Diyos-tao ay isang buhay-tao—1 Juan 5:11-13; Roma 8:2, 6, 10-11.

   **1 Juan 5:11-13** At ito ang patotoo, na binigyan tayo ng Diyos ng buhay na walang hanggan at ang buhay na ito ay nasa Kanyang Anak. [12]Siya na nagtataglay ng Anak ay nagtataglay ng buhay; siya na hindi nagtataglay ng Anak ng Diyos ay hindi nagtataglay ng buhay. [13]Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo upang malaman ninyo na kayo ay may buhay na walang hanggan, sa inyo na sumasampalataya tungo sa pangalan ng Anak ng Diyos.

   **Roma 8:2** Sapagkat ang kautusan ng Espiritu ng buhay ay nagpalaya sa akin sa loob ni Kristo Hesus mula sa kautusan ng kasalanan at ng kamatayan.

   **Roma 8:6** Sapagkat ang kaisipang nakatuon sa laman ay kamatayan, ngunit ang kaisipang nakatuon sa espiritu ay buhay at kapayapaan.

   **Roma 8:10-11** Ngunit kung si Kristo ay nasa loob ninyo, bagaman ang katawan ay patay dahil sa kasalanan, ang espiritu ay buhay dahil sa katuwiran. [11]At kung ang

Espiritu Niyaong nagbangon kay Hesus mula sa mga patay ay naninirahan sa inyo, Siya na nagbangon kay Kristo mula sa mga patay ay magbibigay rin ng buhay sa inyong mga katawang may kamatayan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritung naninirahan sa loob ninyo.

3. Ang isang Diyos-tao ay isang ginto-tao—Exo. 25:11; 1 Ped. 1:7; Apoc. 3:18; 21:18b.

   **Exo. 25:11** Iyong babalutin ng lantay na ginto; sa loob at sa labas ay iyong babalutin, at igagawa mo ng isang moldeng ginto sa palibot.

   **1 Ped. 1:7** Upang ang pagpapatunay sa inyong pananampalataya, na lalong mahalaga kaysa sa gintong nasisira bagama't sinusubok sa pamamagitan ng apoy, ay masumpungan sa ikapupuri at ikaluluwalhati at ikararangal sa paghahayag kay Hesu-Kristo.

   **Apoc. 3:18** Ipinapayo Ko sa iyo na bumili ka sa Akin ng gintong dinalisay ng apoy upang ikaw ay yumaman, at ng mga puting damit upang ikaw ay madamtan at upang hindi mahayag ang kahihiyan ng iyong kahubaran, at ng pamahid sa mata upang pahiran ang iyong mga mata nang sa gayon ay makakita ka.

   **Apoc. 21:18b** At ang pader nito ay gawa sa jaspe; at ang lunsod ay dalisay na ginto, gaya ng malinaw na salamin.

D. Ang isang Diyos-tao ay nabubuoan ng Diyos, taglay ang Diyos bilang kanyang buhay, panustos-buhay, at lahat-lahat; sa gayon, ang isang Diyos-tao ay isang tao gayunma'y Diyos at Diyos gayunma'y tao—Efe. 3:16-17a.

   **Efe. 3:16-17a** Na pagkalooban Niya kayo, ayon sa kayamanan ng Kanyang kaluwalhatian, na mapalakas ng kapangyarihan sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu tungo sa panloob na tao, [17]Na si Kristo ay makagawa ng Kanyang tahanan sa inyong mga puso sa pamamagitan ng pananampalataya, na kayo, na napag-ugat at napagtibay sa loob ng pag-ibig.

E. Ang isang Diyos-tao ay isang bagong nilikha at ang katuwiran ng Diyos sa loob ni Kristo—2 Cor. 5:17, 21.

   **2 Cor. 5:17** Kaya't kung ang sinuman ay na kay Kristo, *siya ay* isang bagong nilikha. Ang mga lumang bagay ay lumipas na; narito, ang mga ito ay naging bago.

   **2 Cor. 5:21** Siya na hindi nakakilala ng kasalanan ay ginawa Niyang kasalanan alang-alang sa atin, upang tayo ay maging katuwiran ng Diyos sa loob Niya.

F. Ang isang Diyos-tao ay umiibig sa Panginoon nang kanyang buong katauhan, yaon ay, mula sa kanyang puso, kaluluwa, kaisipan, at kalakasan—Marc. 12:30.

   **Marc. 12:30** At ibigin mo ang Panginoon mong Diyos mula sa buong puso mo at mula sa buong kaluluwa mo at mula sa buong pagiisip mo at mula sa buong lakas mo.

G. Ang isang Diyos-tao ay walang pagtitiwala sa laman, nagtatatwa ng sarili, at nag-eensayo ng espiritu upang ipamuhay si Kristo—Fil. 3:3; Mat. 16:24; 1 Tim. 4:7; Fil. 1:21a.

   **Fil. 3:3** Sapagkat tayo ang pagtutuli, ang mga naglilingkod sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos at nagmamapuri sa loob ng Kristo Hesus at walang pagtitiwala sa laman.

   **Mat. 16:24** Pagkatapos ay sinabi ni Hesus sa Kanyang mga disipulo, Kung ang sinuman ay nagnanais na sumunod sa Akin, itatwa niya ang kanyang sarili at pasanin ang kanyang krus at sumunod sa Akin.

   **1 Tim. 4:7** Subalit ang mga di-banal at mga mito ng matatandang kababaihan ay tanggihan mo, at ensayuhin mo ang iyong sarili tungo sa pagkamakadiyos.

   **Fil. 1:21a** Sapagkat sa ganang akin, ang mabuhay ay si Kristo, at ang mamatay ay pakinabang.

H. Ang isang Diyos-tao ay isang tao ng Diyos na may salita ng Diyos, ihinihinga ang hininga ng Diyos—1 Tim. 6:11; 2 Tim. 3:16-17.

**1 Tim. 6:11** Ngunit ikaw, O tao ng Diyos, tumakas ka sa mga bagay na ito, at habulin mo ang katuwiran, ang pagkamakadiyos, ang pananampalataya, ang pag-ibig, ang pagtitiis, ang kaamuan.

**2 Tim. 3:16-17** Ang lahat ng Kasulatan ay inihinga ng Diyos at kapaki-pakinabang para sa pagtuturo, sa pagpapakita ng kamalian, sa pagwawasto, sa pagtatagubilin sa katuwiran, [17]Upang ang tao ng Diyos ay maging kumpleto, nasangkapang lubos para sa bawat mabuting gawa.

I. Natatanto ng isang Diyos-tao na hindi siya isang nagsasariling indibidwal kundi bahagi ng isang sama-samang Diyos-tao—ang Katawan ni Kristo, ang isang bagong tao—1 Cor. 12:12-13; Efe. 4:16; Col. 3:10-11.

**1 Cor. 12:12-13** Sapagkat kung paanong ang katawan ay iisa at may maraming sangkap, gayunman ang lahat ng sangkap ng katawan, bagama't marami, ay iisang katawan, gayundin naman ang Kristo. [13]Sapagkat sa isang Espiritu rin ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan, mga Hudyo man o mga Griyego, mga alipin man o mga laya, at pinagkaloobang lahat na uminom sa isang Espiritu.

**Efe. 4:16** Na mula sa Kanya, ang buong Katawan, na pinaghuhugpong at pinaglalakip sa pamamagitan ng bawat kasukasuan ng mayamang panustos at sa pamamagitan ng paggawa na nasa sukat ng bawat isang bahagi, ay nagsasanhi ng paglago ng Katawan sa ikatatayo ng sarili nito sa loob ng pag-ibig.

**Col. 3:10-11** At ibinihis na ang bagong tao, na pinababago tungo sa lubos na kaalaman ayon sa larawan Niya na lumikha sa kanya, [11]Doon ay hindi maaaring magkaroon ng Griyego at Hudyo, pagtutuli at di-pagtutuli, barbaro, Scita, alipin, malaya, kundi si Kristo ang lahat at nasa loob ng lahat.

*© 2026 Living Stream Ministry*